# *Ang Hindi Nakikitang Pakikipag-Isa Ng Nobya Ni Cristo*

Ipinagpaliban ko ang isang biyaheng pangangaso, upang ako ay makapanatili sa paglilingkod sa Panginoon. Kaya ito'y isang. . .Kami'y nagagalak na maparito. Naniniwala ako, noong huling pagkakataon dito, sinabi ko sa inyo: sa bawat pagkakataong paparito kami, mayroong isang nawawala. At kung kami ay babalik sa susunod na taon, kung ang Panginoon ay magtagal pa, mayroon na namang isang mawawala.

2 'Yung isa ay talagang, napakalapit sa akin sa puso, sa espiritu. Iyan ay si Kapatid na Lyle. Palagi akong mayroong isang malugod na pagtanggap noon, sa pagpasok, na nandoon sa likuran at nakikinig, doon sa aralan ni Kapatid na Jack, sa pagkanta ng dating apatan na mang-aawit. Sila'y umaawit sa Kaluwalhatian, ngayong gabi. Buweno, mayroon nang isa sa mga tinig na iyon ngayon na Naroon na, na naghihintay sa tatlo. Palagay ko ay hindi ko na maririnig pa iyon dito sa lupa. Ngunit ako ay tunay na umaasa na maririnig itong muli, sina Kapatid na lalaki, Kapatid na babaeng Moore dito, doon sa Lupaing iyon kung saan sila'y . . . iyon kailanman ay hindi na magdidilim.

3 Si Kapatid na Palmer ay isang dakilang lingkod ni Cristo. Naaalala ko ang sinasabi sa akin ni Kapatid na Jack tungkol sa kanyang—kanyang buhay na itinalaga sa Diyos. Sila ay mga karpintero, na magkasama noon. At sinabi na kakainin niya ang kanyang—kanyang pananghalian, hawak ang kanyang sandwich sa isang kamay, kumakain ng sandwich at binabasa ang kanyang Biblia. Kita n'yo? Nakagawa siya ng ilang napakadakilang mga bagay, nagawa nga ni Kapatid na Palmer. Isa siyang magaling na karpintero, isang mabuting ama sa kanyang mga anak, isang kaibig-ibig na pamilya. Pinalaki niya silang lahat sa paglilingkod sa Panginoon. Sa pagkakaalam ko, silang lahat ay ligtas at puspos ng Banal na Espiritu. At iyan ay isang napakalaking ambag sa sinumang tao sa panahon na ito, mga kabataang lalaki at mga kabataang babae. Ngunit, kita n'yo, ang lahat ng kanyang mga nagawa ay walang gaanong halaga hanggang sa maglingkod siya sa Diyos, malibang paglingkuran niya ang Diyos. At ngayong gabi, ano man ang ginawa niya dito sa lupa, ang mga mabubuting gawa niya, ay naparoon na siya sa kanyang gantimpala, upang makasama nila. Papagpahingahin nawa ng Diyos ang kaluluwa ng ating kapatid.

4 Alam ko, na hangga't ito ay isang tabernakulo dito, at aking—alam ko na siya'y. . .ang kanyang tinig ay mananatili pa rin dito. Maririnig ninyo ito. Si Kapatid na Anna Jeanne at—at ang kanyang kapatid na babae, na tumutugtog ng organ at piano, kung paanong hindi na sila kailangang maghintay. Si Kapatid na lalaking Palmer ay tatayo lamang dito at pipili lamang siya ng awit, magpapatuloy na. Masusundan na nila iyon. At hindi ko kailanman. . .Umaasa akong marinig siyang pangunahan ang awitan.

5 Sa kanyang mga anak; sa kanyang maybahay; at kay Kapatid na Jack, ang matalik niyang kaibigan, matagal na nitong mga taon silang magkakaibigan; at si Kapatid na lalaking Brown, si Kapatid na babaeng Brown, at lahat kayo sa tabernakulo: Pagpalain kayo ng Diyos. Nasasabik din ako sa kanya. Papagpahingahin nawa ng Diyos ang kanyang magiting na kaluluwa, hanggang sa makatagpo natin siya doon sa kapayapaan.

Iyukod natin ang ating ulo.

6 Mapagpalang Amang Makalangit, kapapangusap ko lamang tungkol sa dakilang lingkod na ito, kinasasabikan ko siya, ngayong gabi, siya na kinakamayan ako, at ang matalinong ngiti na iyon na mayroon siya lagi kapag sinabi niyang, "Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Branham," sa pagpasok namin sa pintuan. Nalalaman kong siya ay nariyan na sa Iyong Tahanan, ngayong gabi. Kaya dalangin ko, minamahal na Diyos, na Iyo pong pahihintulutan ang naturang mga bunga, ang kanyang mga gawa na sumusunod sa kanya, ay maging dakila, na nagpapatuloy sa pamamagitan ng kanyang mga anak, at ng kanyang asawa. Dalangin namin na Iyong pagpalain ang kanyang asawa, Panginoon. Sinabi Mo na Ikaw ay magiging asawang lalaki sa "mga babaeng balo na mga tunay na balo." Nananalangin po ako para sa aming Kapatid na babaeng Palmer at para sa lahat ng naturang mga anak. Nalalaman ko kung papaano ang makipagdalamhati kapwa sa kanila, ang mawalan ng isang katuwang at gayon din nang mawala ang aking tatay.

7 Kaya, Ama, habang kami'y naririto, ngayong gabi, dalangin po namin na Iyong ihanda, rin, ang aming mga puso para sa oras na iyon. Hindi namin alam. Maaaring iyon ay dumating nang kasing bilis ng gaya ng sa kanya. Hindi namin alam kung kailan iyon darating, subalit nalalaman namin na ito'y talagang darating. Kaya dalangin namin, Diyos, na Iyong saliksikin ang bawat puso na naririto, ngayong gabi. Diyos, huwag Mo pong lampasan ang aking puso. Saliksikin Mo rin po ang sa akin, siyasatin Mo po ako. Panginoon, kung mayroong anumang masama sa amin, alisin Mo po iyon. Gusto naming maglingkod sa Iyo. Iyan ang buong layunin namin, ay ang paglingkuran Ka.

8 Ibuhos Mo po ang Iyong Espiritu sa amin, ngayong gabi, at sa buong linggong ito. Pagpalain Mo ang tabernakulong ito na tinatawag sa pangalang Life Tabernacle. Tumanggap nawa ito ng lubos na mga pagpapala ng pangalang iyan at maging puspos ng buhay ng Diyos, itong sanlinggong ito, upang iligtas ang bawat ligaw na kaluluwa, upang puspusin ang bawat mananampalataya ng Banal na Espiritu, at baguhing muli ang mga pag-asa na nasa amin, Panginoon, muli. Dalangin din namin sa Iyo na pagalingin ang lahat ng mga may sakit at karamdaman na pumaparito sa aming kalagitnaan. Nawa ang Iyong dakilang Espiritu Santo ay maparito, Panginoon, at sadyang magpagaling. At pahiran nawa ang bawat isa upang sumampalataya. Ipagkaloob Mo po ang mga ito, Ama.

9 Diyos, tulungan Mo po ako ngayon. Kung dumating, dumating na ang pagkakataon sa akin na ibigay ang Mensahe. Dalangin ko, Diyos, na Iyong hayaan na ang bahaging tao ay mapasa isang tabi. Nawa ay maparito ang Espiritu Santo at kumilos sa amin, Panginoon. Nawa ay pamahalaan ng Banal na Espiritu ang pagtitipon, Panginoon. Nalalaman namin na kami'y walang sapat na kakayahan. Hindi namin iyon magagawa, wala sa amin ang makagagawa. Hindi po namin ipinamamarali na magagawa namin iyon. Subalit, Panginoon, nalalaman namin na Ikaw Iyon. Kaya kami'y umaasa sa Iyo, Panginoon. Kumilos Ka, Espiritu ng Diyos, at bumabang panibago sa amin. Hinihiling namin sa Pangalan ni Jesus. Amen.

10 Ngayon nais kong magbigay ng sunud-sunod na mga pagbati, sa mga iglesya sa buong estado na nakakonekta dito ngayon. Tayo'y nasa pagkakaugnay sa telepono, na isang mainam na munting pamamaraan na nakuha natin, sa pamamagitan ng ating kapatid na Pearry Green na taga-Beaumont, Texas. At ang mga iglesya, nang lubusan, na sumusunod sa Mensahe, sa buong Estados Unidos, ay nakakonekta dito, ngayong gabi. Ipinaaabot namin ang mga pagbati, sa buong West Coast, magmula sa Vancouver hanggang sa Tijuana, Mexico, sa buong San Jose, Los Angeles. Ang lahat ng mga grupong naroroon, binabati namin kayo mula Shreveport. Gayon din, hanggang doon sa Prescott, Arizona, sa grupo doon na naghihintay sa Panginoon, ipinaaabot namin sa inyo ang mga pagbati, at sa Tucson, gayon din sa Sierra Vista. Hanggang doon sa New York, tuluy-tuloy, sa buong bansa, pagpalain kayo ng Panginoon, ang bawat isa. Sana ay naririto kayo, ngayong gabi, dito sa magandang estado ng Louisiana, kung saan ito ay para bang isang ikalawang tahanan na, sa akin. Ako . . .

11 Alam n'yo, kayong mga taga-New York, alam n'yo medyo matatawa ka talaga nang kaunti, sa paraan ng inyong pagsasalita. Ako'y nasa pamamahay ko mismo ngayong gabi. Oo. Ang lahat na naririto, alam n'yo, sabi nila, "Hello, d'ere, Kapatid na Branham. Isama mo si Kapatid na babaeng Branham

at lahat ng mga bata at pumarito kayo't dalawin kami." Oh, naku! Pinabubuti niyan ang pakiramdam ko. Iyan ay totoong Ingles, para sa akin. Hindi naman sa binabale-wala ko kayong mga taga-silangan at hilaga, at mga taga-iba't iba pang lugar. Ngunit, alam n'yo, palagay ko ako ay isinilang na isang matandang Reb' at kailangan kong manatiling ganoon. Ako—medyo gusto ko iyon, ako mismo. Iyon ay totoong Ingles.

12 Ako ay nasa isang agahan noon ng Business Men, dito hindi pa katagalan, at sinabi nila, "Magsitayo na tayo ngayon at awitin ang pambansang awit." At tumayo ako, sabi ko, "For my old Kentucky home, far away." Buweno, sa akin, iyon ang pambansang awit. Iyan lang ang nalalaman ko tungkol diyan. Kaya, ipinaaabot namin sa inyo ang pagbati. Ngayon sa . . .

13 Palagay ko sisikapin nilang isahimpapawid din ang naturang agahan, ang agahan ng Business Men, sa Sabado ng umaga. Sasabihin sa inyo ni Kapatid na Green, yamang siya ay nandiyan na sa mga mikropono diyan ngayon. Kaya sasabihin niya sa inyo kung anong oras magsisimula ang agahan, at kung anong oras, bawat gabi, para makapakinig sa radyo. Pinasasalamatan namin kayo nang lubos na magiliw. Ipanalangin ninyo kami.

14 Ngayon, sa lokal na kapulungan dito, at sa taga-tabernakulo ni Kapatid na Jack, may hihilingin lang sana ako sa inyo na isang pabor, ngayong gabi. Dahil sa magbibigay ako ng aking pagpapasalamat na Mensahe sa buong—buong bansa, ngayong gabi, sa aming mga lokal na iglesya na sumusunod sa Mensahe. Dito, ako—ako ay maaaring magtagal nang kaunti. At pagkatapos, muli, ako ay maaaring mangaral ng Doktrina. Kaya, kung gayon, at hindi kayo sumasang-ayon Dito . . .

15 Tulad lamang ng lagi kong sinasabi tungkol sa pagkain ng cherry pie: "Kapag ako ay nakakagat ng isang buto, hindi ko itinatapon ang pie, itinatapon ko ang buto, patuloy lang ako sa pagkain ng pie."

16 Kaya kung sakaling may mabanggit akong isang bagay ngayong gabi, ako . . . Buweno, iyan ang isang dahilan kaya ko tinanggap ang paanyayang ito, ngayong gabi, na maparito, upang ibigay ang aking pagpapasalamat na Mensahe sa mga grupo sa buong bansa, ay dahil sa si Kapatid na Jack ay laging labis ang malayang pagbubukas ng kanyang pintuan at sinasabing, "Ipangaral mo kung ano man ang nasa puso mo." Kaya totoong palagay ang loob ko.

17 Kaya maaaring dito, sa lokal na kapulungan dito kasama si Kapatid na Jack, maaaring may mga ministro at ilang mga tao na hindi sasang-ayon sa naturang mga Doktrina. Kadalasan ay mayroon akong paggalang na hindi magbanggit ng doktrina sa pulpito ng isang tao, na nag-anyaya sa aking mangaral para sa kanya. Kaya, pagkatapos ngayong gabi, sa palagay ko ay

mananalangin na lamang ako para sa mga maysakit at gagawin ang karaniwang gawain. Ngunit naisip kong ipaalam na sa inyo bago pa man, na kung may bagay na masasabi ko na hindi ninyo masasang-ayunan, naku, hayaan n'yo na lang iyon dahil sa aking kamangmangan, palagay ko, at na hindi nalalaman ang mas mainam. At ipanalangin n'yo ako.

18 Kaya ngayon tayo ay dumako sa Salita, sa isang kabanata rito. Nais kong tumukoy ng maraming kasulatan ngayong gabi, dahil mayroon akong ilang Mga Kasulatan at kaunting tala na sinulat dito sa isang maliit na papel.

19 Naalala ko ang unang pagkakataon na ako ay umakyat sa entablado ng Life Tabernacle, dalawampung taon na ang nakalipas. Ako—hindi ko na kailangang isulat noon ang aking Mga Kasulatan at pinagbabasehan. Ako lamang noon ay dalawampung taon na mas bata. Ngunit ngayon ako'y lipas na ng dalawampu't limang taon, kaya ako...sa ikalawang pagkakataon. Kaya ako'y...hindi ko na maalala iyon na gaya ng dati kong ginagawa. Kailangan ko nang isulat ang aking Mga Kasulatan, at kung minsan ay kailangan kong balik-balikan ang kung ano man na nais kong tukuyin.

20 At ngayon ay pagpalain nawa ng Panginoon habang binabasa natin mula sa Salita ng Diyos, at sa Aklat ng Mga Taga Roma, sa ika-7 kabanata. Ngayon, nais kong ituro ito na parang isang araling pang-Sunday school.

21 Alam kong may mga taong nakatayo. At sa tabernakulo, kadalasan, sa Jeffersonville, nais naming batiin din kayong lahat, ngayong gabi, nalalaman na kayo ay nakakonekta diyan sa tabernakulo. At para bang ang tabernakulo, ngayong gabi, kung kayo ay naririto, ang mga tao ay nasa mga dingding na, at siksikan. Ngayon, palagay ko kayo ay ganoon, din, ang lahat ng mga tao na nasa bahaging iyan ng bansa, na nakakonekta para sa Mensahe.

22 Ngayon gagamitin natin ito na tulad ng isang araling pang-Sunday school. At ito'y hindi nakapatukoy sa anumang bagay, sa sinumang mga tao, o anumang bagay; tanging sa Iglesya lang, sa Katawan ni Cristo na sinisikap nating akayin sa mas malalim na mga kaisipan at mas mataas na mga layunin, na naniniwala na ang Pagdating ng Panginoong Jesus ay nalalapit na. Naniniwala tayo diyan. Mas lalo pa, dalawampung taon na itong mas nalalapit na kaysa sa unang pagkakataon noon na ako ay pumarito sa Shreveport. Oh, napakarami nang nangyari mula nang pagkakataong iyon! Ngayon tayo'y naghihintay na may pananabik sa Pagparito ng Panginoon, sa ating henerasyon. Hindi ako naghihintay ng rebaybal sa ating henerasyon. Ako'y naghihintay sa Pagparito ng Panginoon, sa ating henerasyon.

23 Ngayon sa Mga Taga Roma 7. Umaasang nakabukas na ang inyong mga Biblia, sa lahat ng dako ngayon, sa buong bansa.

Nais nating basahin ito nang maigi ngayon. Ito—ang Mensaheng ito mula rito, para bang tungkol ito sa pag-aasawa at diborsiyo, ngunit hindi naman talaga. Para sa akin, ito'y isang propesiya para sa Iglesya sa mga huling araw. Basahin natin.

> *O hindi baga ninyo nalalaman, mga kapatid, (sapagka't nagsasalita ako sa mga taong nakakaalam ng kautusan,) na ang kautusan* ay *naghahari sa tao samantalang siya'y nabubuhay?*
>
> *Sapagka't ang babae na* may *asawa ay itinali ng kautusan sa asawang lalaki samantalang ito ay nabubuhay;* datapuwa't *kung ang asawang lalaki ay mamatay, ay kalag na siya sa kautusan ng kaniyang asawa.*
>
> *Kaya nga kung, samantalang nabubuhay ang kaniyang asawa, siya'y makikisama sa ibang lalake, siya'y tatawaging mangangalunya: datapuwa't kung mamatay ang kaniyang asawa, ay laya na siya sa kautusan; ano pa't siya'y hindi na mangangalunya, bagaman siya'y makisama sa ibang lalake.*
>
> *Gayon din naman, mga kapatid ko, kayo'y nangamatay rin sa kautusan sa pamamagitan ng katawan ni Cristo; upang* kayo'y makipag-isa o *makisama sa iba, sa makatuwid baga'y doon sa nabuhay na mag-uli, upang tayo'y magsipagbunga sa Dios.*
>
> *Sapagka't nang tayo'y nangasa laman,. . .pitang* salarin, *na pawang sa pamamagitan ng kautusan, ay nagsigawa sa ating mga sangkap upang magsipagbunga sa kamatayan.*
>
> *Datapuwa't ngayon tayo'y nangaligtas sa kautusan, yamang tayo'y nangamatay doon sa nakatatali sa atin; ano pa't nagsisipaglingkod na tayo sa panibagong espiritu, at hindi sa karatihan ng sulat.*

24 At ngayon tayo ay manalangin.

25 Minamahal na Diyos, kababasa lamang po namin sa aming pinaniniwalaan na banal na Salita ng Diyos. At iyan ang aming sinasampalatayanan, na ni isa mang tuldok o isang kudlit ay hindi mawawala sa anumang paraan mula Rito hanggang sa ang lahat ay maganap. At naniniwala kami na sinabi sa amin ng aming Panginoon, sa Apocalipsis sa ika-22 kabanata, na, "Kung ang sinuman ay mag-aalis ng isang Salita mula Rito o magdagdag ng isang salita Rito, siya rin, ang kanyang bahagi, ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay."

26 At nakikita namin na, sa pamamagitan ng maling pagpapaliwanag sa Salitang ito, gaya ng Ito ay ipinaliwanag nang mali ni Satanas kay Eba, ay nagtulak sa kanya upang pag-alinlanganan ang isang Salita, inihulog ang buong

sangkatauhan sa lugmok na kapahamakan. Isang Salita lamang!

27 Pagkatapos ay makikita namin sa kalagitnaan ng Aklat, na dumating ang aming Panginoon at Tagapagligtas, at ibinigay Niya sa amin ang sipi na ito patungkol Dito. "Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Diyos."

28 Pagkatapos ay ang taimtim na babala sa huling Aklat, ng Kapahayagan ni Jesus Cristo, "Ang sinuman na magdagdag o mag-alis ng isang Salita, ang kanyang bahagi ay aalisin mula sa Aklat ng Buhay."

29 Oh Diyos, nalalaman, nakikita kung gaano kami kahina, nalalaman na kami ay lumalakad sa ibabaw ng madaling mapatid na mga sinulid ng buhay, nitong buhay na mortal (na hindi nalalaman kung anong oras kami tatawagin upang managot sa Kaitaasan), pahintulutan kami, Oh Panginoon, na isantabi ang lahat ng bagay sa aming puso, lahat ng bagay sa aming isipan, at tumingin nang tuwiran sa Iyong Salita, ngayong gabi, at nawa Ikaw po ay pumarito at ipaliwanag Ito na may buhay na mga aral. Ipagkaloob ito.

30 Nawa ang Iyong Espiritu ay bumaba sa amin at pahiran ang Salita sa aming puso, upang kami ay humayo mula rito, sa gabing ito, na mas mainam na mga tao kaysa sa kung ano kami ngayon, nang sa gayon ay magkaroon kami ng mas malapit na pananaw kay Jesus Cristo. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon, upang aming maunawaan ang panahon na aming kinabubuhayan, at ang paghahanda ng Diyos para sa Kanyang mga tao sa panahong ito; itong dakila, mapanganib, madilim na panahon na aming kinabubuhayan ngayon. Diyos, pahiran ito, hindi lamang ang tagapagsalita, kundi maging ang tagapakinig. At, sama-sama, na gawin ang aming mga puso na manginig sa Iyong Salita. "Sapagkat ang pagkatakot sa Panginoon ay pasimula ng karunungan." Ipagkaloob Mo po ang mga bagay na ito, Ama, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

31 Nais kong pamagatan itong kaunting mga pangungusap na sasabihin ko rito, at ilang Mga Kasulatan na nais kong tutukan bilang kasunod, kung loloobin ng Panginoon, sa—sa pagpapasalamat na Mensahe, sa hindi nakikita, tungkol sa, *Ang Hindi Nakikitang Pakikipag-Isa Ng Nobya Ni Cristo*. *Ang Hindi Nakikitang Pakikipag-Isa Ng Nobya Ni Cristo*. Para bang hindi isang pagpapasalamat na Mensahe. Bagaman, anumang Kasulatan, tayo'y nagpapasalamat para sa lahat Nito.

32 Ako ay lubos na nagpapasalamat sa Diyos, na nabubuhay ako sa panahong ito, ng pagtatapos ng mga kaganapan ng kasaysayan ng sanlibutan. Hindi ko alam. Kung nagkaroon man ako ng pagpipili bago ang pagkatatag ng sanlibutan, at kung

ang Diyos ay inilatag marahil sa akin ang buong programa, at sinabi sa akin, "Aking—gusto Kong mangaral ka. At ngayon anong kapanahunan ang nais mo, upang pumaroon sa lupa para mangaral?" Pipiliin ko ang kapanahunang ito, sapagkat sa palagay ko ito ay ang ginintuang kapanahunan.

33 Totoong iibigin kong maparito sa panahon ng Kanyang pagdalaw sa lupa. Ngunit, gayon pa man, sa palagay ko itong ngayon mismo ay isang mas dakilang panahon, dahil ito'y isang panahon na Siya'y paparito upang kunin ang mga tao na Kanyang tinubos, nalalapit na sa pagkabuhay na mag-uli kung saan ang lahat ng mga tinubos ay magsisipagbangon. Anong napakaluwalhating pagkakataon na mayroon tayo, ang mangusap sa isang naghihingalong mga tao, napakadakilang panahon! Tayo ay napapasigla tungkol dito.

34 At nalalaman natin na ang kasaysayan ay papatapos na. Ang kasaysayan ng sanlibutan ay malapit nang magtapos, pagkatapos tayo'y papasok na sa isang bagong araw, doon sa dakilang Milenyum. Na, bilang isang mananampalataya, ako ay naniniwala sa. . .sa isang Milenyum, isang Milenyum na paghaharing kasama ni Cristo, isang libong taon sa ibabaw ng lupa; ang pisikal na pagbabalik ng Panginoong Jesus, upang kunin ang isang pisikal na mga tao, na niluwalhati, sa pamamagitan ng Kanyang Dugo na naglilinis.

35 Si Pablo dito ay nagbibigay ng isang paglalarawan, sa ating Kasulatan, patungkol sa kautusan at biyaya, at isinasalarawan ito na katulad ng pag-aasawa at diborsiyo. Ang sipi na ito ay bibihirang maipangaral, dahil ito'y, humigit-kumulang, hinggil sa, parang, pag-aasawa at diborsiyo. Ngunit ito rin ay hinggil sa isang mas dakilang bahagi ng pag-aasawa at diborsiyo, kung paanong sinisikap niya na ilagay sa kaayusan dito na tayo, bilang isang—bilang isang Iglesya, ay hindi na maaaring makipag-isang-dibdib sa sanlibutan at kay Cristo, nang sabay, at—at maging legal at matuwid tungkol dito, kung paanong hindi rin maaari na ang isang babae ay makisama sa isang asawang lalaki habang siya ay mayroon nang isang buhay pa na asawang lalaki. At mayroon akong sariling mga kaisipan diyan, at naniniwala ako na kung ano ang sinasabi ng Biblia ay siyang Katotohanan.

36 Ngayon, ngunit ako ay naniniwala, din, sa aking paniniwala, na inilalantad nito ang isa sa mga dakilang hiwaga ng propesiya. At umaasa ako na tutulungan tayo ng Panginoon, ngayong gabi, habang ipinapahayag natin ito sa ating nag-aabang na mga tao sa buong bansa.

37 Nasabi na noon, minsan (binabasa ko, noong isinusulat ko ang tala para dito, aking—hindi ko ganap na maalala ang aklat na kinaroroonan nito, ngunit ako—ako'y tiyak na ito ay tama), na (isa sa mga aklat na nabasa ko tungkol kay G. Moody, Dwight

Moody, sa Chicago; mayroon tayong isang malaking iglesya na nakikinig rin sa Chicago ngayong gabi), na, si G. Moody, matapos na basahin ang Mga Taga Roma 7, ay tumakbo doon sa lansangan, at ang unang lalaking nakasalubong niya, ay sinabi niya rito, "Kilala mo ba si grasya?"

At sumagot ang lalaki, "Sinong Grasya?"

Sinabi ni G. Moody, "Ang grasya ng Diyos."

38 Kaya, iyon ay labis na nakapagpatuwa sa kanya nang makita niya kung ano, kung paanong inihiwalay tayo ng grasya mula sa kautusan, at kung paanong, na kung ano ang bahagi na ginampanan ng grasya. Buweno, ngayon, anumang bagay na gusto kong gawin, ay kapag . . . Palagi kong sinasabi sa mga tao, na kapag natawid ko na ang hangganan, tungo sa kabilang Dako, ay nais kong tumindig at umawit.

> Kahanga-hangang biyaya! Kay tamis ng himig,
> Na nagligtas ng isang abang tulad ko!
> Biyaya, napakahalagang biyaya!
> Higit pang biyaya na dapat malaman!

39 "Sapagkat sa biyaya tayo ay naligtas; hindi sa pamamagitan ng ating magagawa." Ang ating magagawa, anuman ang ating gawin, ay hindi ibinilang sa atin. Ang biyaya ang siyang nagliligtas sa atin. "Sa biyaya tayo ay naligtas, sa pamamagitan ng pananampalataya."

40 Maaari ko bang idagdag sa Babaeng ito, na si Grasya. Maaari ko bang kilalanin Siya sa Biblia, rin naman, ay tinawag na hinirang na Babae, itong Binibining Grasya na ipapangusap ko. Alam n'yo, sinasabi ng Biblia, sabi, "Sa hinirang na Babae." Iyan, kung inyong mapapansin, ang "hirang" ay mula sa salitang "hinirang na Babae." Isang Babae, sa gitna ng lahat ng iba pang mga kababaihan, ang nahirang.

41 Tulad ng, ang birhen ay ipapanganak ang katawan ng Diyos, sa ibabaw ng lupa. Siya ay isang hinirang na babae. Pinili ng Diyos si Maria.

42 At, gayun din, ang Diyos ay pumili ng isang hinirang na Babae, na siyang Kanyang Nobya. Siya ay hinirang. Umaasa ako na tayo ay mga bahagi niyan, ngayong gabi, sa buong mundo, sa buong bansa, pala.

43 Ang pagsasalarawan dito, na ipinapakita ang kaugnayan ng Nobya kay Cristo, ang hinirang na Babae: at kung papaano na Siya ay dadalhin sa Kanya; kung saan Siya magmumula; at kung papaano na Siya ay dadalhin sa Kanya. Ang Iglesya rito, sa pagsasalarawan na nakikita natin, ay inilalarawan sa pamamagitan ng isang babae. Na, ang isang babae ay palaging isang tipo ng Iglesya, dahil ang Iglesya ay itinuturing na isang

Nobya. Isang Nobya, Siya ay ang Nobya ng Panginoong Jesus, na Anak ng Diyos.

44 Sa tuwina, kung inyong mamasdan, masdan ang mga kalagayan at ang inuugali ng mga kababaihan, at makikita ninyo kung nasaan na ang iglesya.

45 Ngayon, ito, ang ilan sa mga pangungusap na ito ay maaaring kakaiba sa ilan sa inyo, ngunit ito'y umaayon sa Mensahe na taglay ko mula sa Panginoon, na sinisikap kong dalhin sa mga tao. Kita n'yo? Masdan ninyo ang lahat ng bagay sa natural, kung paano ito nangyayari, ang kalikasan, at masdan ito. Ito ay tumutugma sa espirituwal, din.

46 Ngayon, kung makikita ninyo ang inuugali ng mga kababaihan sa sanlibutan ngayon, masdan ang inuugali ng makasanlibutang iglesya ngayon. Pagmasdan n'yo lamang. Mangyari pa, ngayon, mayroon ding inuugali ang espirituwal na Nobya, ang Iglesya. Kita n'yo? Masdan n'yo rin Iyan. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Dahil, ang natural na sa pangalan lamang, ay nag-aangkin na Nobya.

47 Ngayon, kung maaari ay pahintulutan akong sabihin muli sa lokal na kapulungan. Huwag sumama ang inyong loob ngayon. Ako'y—ako'y nangungusap sa lahat sa buong bansa, sa, sa aking ipinapalagay, na hinirang na Babae. Kaya kung mangyaring may mga ministro dito, na hindi sumasang-ayon, buweno, manahimik lang muna kayo sandali. Kita n'yo? Makinig lamang.

48 Pansinin ninyo ang pag-uugaling ito. Kapag nakita ninyo ang mga kababaihan na nagiging masagwa, na ginagawa lamang ang anumang maibigan nilang gawin, masdan, ang iglesya ay ginagawa rin ang gayon ding bagay. Pansinin.

49 Ngunit masdan kapag, ang espirituwal na Nobya, kapag Siya ay nagsimulang magkaroon ng isang rebaybal, kapag Siya ay nagsimulang bumalik at ihanay ang Kanyang Sarili sa Salita ng Diyos. Masdan muli kung gayon, nakita ninyo, kung paano na ang Mga Kasulatan, sa panahong iyan, Magkakaroon ng isang Mensahe na lalaganap upang agawin ang Nobyang iyan, agawin ang Babaeng iyan, na Hinirang.

50 Sapagkat, gaya ng sanlibutan, si Satanas, ang manlilinlang na luminlang sa unang nobya, upang magkasala laban sa Diyos, sa pamamagitan ng maling paniniwala sa Kanyang Salita.

51 At ngayon, sa panahon ngayon, gaya ng nakikita natin ang iglesyang natural, sa inyong ebanghelyong intelektuwal, na papalayo nang papalayo na sa Salita, sa ebanghelyong panlipunan; masusumpungan natin na ang kababaihan ng sanlibutan, sa mga lansangan, mga miyembro ng mga ganoon, ay dinadala ang kanilang mga sarili sa gayun ding kalagayan. Hindi na ninyo sila mapagsabihan. Naiwala na nila ang lahat

ng kamalayan sa pangkaraniwang wastong kaasalan, naiwala na nga ng mga tao. Kita n'yo? At ganyan din ang nangyari sa iglesya. At makikita ninyo itong patungo nang tuluy-tuloy sa konsehong ekumenikal, na sadyang kasing tiyak ng anumang bagay sa sanlibutan, at tuluy-tuloy na papasok doon sa Roma na kasing bilis ng magagawa nito, kita n'yo, dahil ito'y naipropesiya na. At hayun siya. Iyan ang pag-uugali niya.

52 Subalit sa gayon tumingin muli sa espirituwal na Iglesya, kung paanong ang grupo ng mga taong iyan, na tinawag na palabas, ang Hinirang, sa pamamagitan ng bawat rebaybal. Doon kay Martin Luther, ito ay nangyari sa gayon ding paraan sa repormasyon. Ito'y nangyari nang ganoon din sa panahon ni John Wesley. Ito ay nangyari nang ganoon din noong unang magsimula ang Pentecostal. Dinala nila silang mga kababaihan na humanay pabalik sa Salita, at pagkatapos sila ay lumihis nang palayo. Hayun siya na tumungo na pabalik doon sa kaguluhan. Subalit gayon pa man sa oras na ang mga tao ay handa nang humanay, may dumarating na Mensahe, at sila ay humahanay Rito.

53 Si Luther ang mensahero ng isang panahon, ng pag-aaring-ganap, at ang Iglesya ay humanay rito, ang ilan sa kanila. Ang lahat ng iba pa sa kanila ay nagpatuloy lamang. Si Wesley ay dumating na taglay ang pagpapabanal, ang Iglesya ay humanay mismo rito. Ang Pentecostes ay dumating na taglay ang pagpapanauli ng mga kaloob, ang Iglesya ay humanay mismo rito, ang Hinirang ng panahon na iyon; at pagkatapos ay unti-unti nang nawala, bumalik mismo doon sa denominasyonalismo at sumama na mismo sa lahat ng iba pa sa kanila, lahat sila mismo sa pagkakasunud-sunod.

54 Ngayon, ngunit mapapansin ninyo, kapag ang mga tao ay magsimulang magsikap na humanay sa Salita, may dumarating na isang sariwang Mensahe mula sa Salita ng Diyos, diretso mismo sa mga tao. At nakukuha nila ang Mensaheng iyon at humahanay, sa bawat pagkakataon. Iyon ay sadyang nasa Diyos . . . Taglay natin iyan.

55 Mayroon tayong mga pamilya. Bawat pamilya rito ay nasanay na diyan. Kung minsan ang lahat ng bagay ay tumatakbo nang maayos para sa inyo, sa loob ng maraming taon. Pagkatapos, biglang-bigla, makakaranas kayo ng isang pagbabago kung saan, sinasabi natin madalas sa Katimugan dito, "Kapag umuulan, sadyang bumubuhos," at lahat na ay nagiging di-maayos. Dumaraan kayo sa isang panahon ng gabi. Pagkatapos mayroong isang pagbubukang-liwayway, pagkatapos ay isa namang panahon ng gabi. Lahat ng bagay ay tumatakbo nang tuluy-tuloy.

56 Ang propeta, na si Pablo, dito ay nagsasabi na ang isang babae ay hindi maaaring mag-asawang muli hanggang sa ang

kanyang unang asawa ay patay na. Hindi siya maaaring mag-asawang muli hangga't buhay pa ang kanyang unang asawa; siya, sa anumang kalagayan, ay hindi maaari talaga. Siya ay dapat na manatiling walang asawa hangga't ang kanyang unang asawang lalaki ay buhay pa. At kung siya ay gagawa ng gayong kasalanan, "siya ay tatawaging isang mangangalunya." Ako'y nangungusap tungkol sa natural ngayon, upang itipo ito sa espirituwal. Kung ang babaeng ito ay gagawa ng gayong kasalanan, kung gayon siya ay minamarkahan na, "isang mangangalunya," kung mayroon siyang dalawang buhay na asawa nang sabay. Samakatwid, kanyang inalis na, sa paggawa nito, ang kanyang mga karapatan sa Diyos at sa Langit, sa paggawa ng gayon. Talagang inalis na niya. Siya ay isang itinakwil na mula sa kapamahalaan ng Diyos, sang-ayon sa Mga Kasulatan na kababasa ko lamang.

57 Gayon din ang iglesya, kapag sinisikap niyang ihalo ang kredo at denominasyon sa Salita ng Diyos. Hindi siya maaaring makipag-isa sa isang denominasyon, at maging Nobya ni Cristo, nang sabay. Siya'y dapat na patay na sa isang iyon o doon sa isa pa. Gayon ang sinasabi ng kautusan, dito. Napakaraming mga kautusan sa Salita ng Diyos. At iyan ay Kanyang kautusan, sinasabi ni Pablo ang gayon ding bagay dito. Hindi siya maaaring makipag-isa sa isang iglesya ng makasanlibutang kredo, at maging Nobya ni Cristo, dahil (siya) ang isa ay salungat doon sa isa pa. Ngayon, tandaan.

Halimbawa, "Buweno, pinaniniwalaan namin *ito*, pero hindi namin pinaniniwalaan *Iyan*."

58 Kung kayo ay nakipag-isa na kay Cristo, si Cristo ay ang Salita ng Diyos. Sa San Juan, sa unang kabanata, ang sabi, "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ito rin ang siyang nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin." Si Cristo ay ang buhay na Salita. Siya ang Salita sa tuwina noon pa man. Siya pa rin ang Salita. Siya ay mananatili pa ring ang Salita sa tuwina. Siya lamang ang kapahayagan ng mga katangian ng Diyos, sapagkat Siya ang Anak ng Diyos.

59 At ang sinumang anak ay mga katangian ng kanyang ama, at gaya lamang na kayo ay nasa mga gene noon ng inyong ama, na nasa loob ng katawan ng inyong ama noong siya ay isang kabataan pa. Kayo ay nasa kanya noon. Gayunma'y, hindi niya magawang makisama sa iyo, dahil hindi ka niya kilala. Ngunit gayon pa man, sa pamamagitan ng punlaan ng isang ina, ikaw ay iniluwal sa mundo at naging nasa larawan ng iyong ama, kung gayon magagawa na niyang makisama sa iyo.

60 At kaya gayon kayo, mga anak na lalaki ng Diyos at mga anak na babae ng Diyos, bago pa magkaroon ng buwan, mga bituin, o isang molekula. Kayo noon ay mga anak na lalaki at

mga anak na babae ng Diyos, sapagkat kayo lamang ay ang pisikal na kapahayagan ng mga katangian na nasa Diyos sa pasimula. Sapagkat, mayroon lamang iisang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at iyon ay kayo, noon. Wala kayong nalalamang anuman tungkol dito. Ni hindi rin ninyo alam noong kayo ay nasa inyong makalupang ama pa, ngunit kayo'y nahayag upang. . .sa kanyang larawan. Sa larawan ng Diyos kayo ay nalikha, at kayo ay nahayag para sa kaluwalhatian at sa pakikisama ng Diyos.

61 At, samakatwid, kasing tiyak na ang inyong gene ay nasa inyong ama, bago pa ang inyong natural na kapanganakan, ang inyong espirituwal na gene ay sadyang nasa Diyos na, dahil sa kayo ay isang kapahayagan ng mga katangian ng Kanyang mga kaisipan, bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan. Tama. Wala nang paliguy-ligoy pa rito. Tama 'yan. Ngayon, ngayon mapapansin natin, kung gayon, na ang Buhay na iyon ay nasa inyo, ang Buhay ng Diyos ay nasa inyo, mula pa noong pagkatatag ng sanlibutan.

62 Ngayon, ngayon, hindi ninyo maaaring ihalo ang kredong denominasyon sa Salita, dahil ang mga iyon ay labis na salungat, sa isa't isa.

63 Iyan ang sadyang sinikap na gawin ni Satanas kay Eba gamit ang kanyang intelektuwal na kaisipan. Sinabi niya. . .inamin niya na sinabi nga iyon ng Diyos, ngunit sinabi niya, "Tiyak nga, na hindi kayo mamamatay." Kita n'yo? At pinaniwalaan nila iyan.

64 At iyan ang ginawa ng kredo, ngayong gabi. Inihiwalay na ng denominasyon ang mga tao mula sa Salita ng Diyos. Hindi ba't sinabi ni Jesus, noong Siya ay pumarito, "Kayo, sa pamamagitan ng inyong tradisyon, ay ginawa ninyo ang Mga Utos ng Diyos na walang bisa sa mga tao"? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] At sa pamamagitan ng ating kredo, ay ating inalis na ang pakikisama ng Espiritu Santo upang pahiran ang Salita ng Diyos na inilaan para sa henerasyong ito. Inihiwalay na natin ang mga tao sa gayon, sa pamamagitan ng denominasyon, na anopa't hindi na sila maaaring magkaroon ng pagkakataong makita Ito.

65 Ngayon, ang Diyos, Siya, sa bawat henerasyon, ay nagdaragdag Siya ng isang bagong bahagi ng Kanyang Aklat. Lahat ng Ito ay nagkakalakip-lakip.

66 Katulad ng ang aking katawan ay nabuo. Nasabi sa akin na nagsimula ito sa gulugod, pero hindi naman lahat gulugod. Nagpatuloy ito mula diyan patungo sa mga tadyang, at mula sa mga baga, at patungo sa mga kamay, at mga braso, at mga paa, at iba pa, at lumitaw na ito bilang ang taong ako na ngayon.

67 At sa gayon din naihayag ang Diyos sa pasimula. At sa wakas Siya ay nagpakita bilang si Jehovah, ang Diyos Ama. Pagkatapos

Siya ay nagpakita bilang Diyos Anak, sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Ngayon Siya'y nagpakita bilang ang Diyos na Espiritu Santo. Ang siya ring Diyos, sa lahat ng panahon, tatlong pagkakapahayag ng siya ring—siya ring Diyos.

68 Ngayon, nasumpungan natin dito, na, sa bawat henerasyon, ang Diyos ay naglaan ng Kanyang Salita mula pa sa pasimula.

69 Katulad lamang ng pagdating ng ebolusyon. Tulad lamang ng unang bagay na nilikha ng Diyos, marahil, ay. . . Sabihin nating nilikha Niya ang buhay botanika, muna. Pagkatapos ay nilikha Niya ang buhay hayop, kasunod niyon. Pagkatapos ay nilikha Niya ang buhay tao, kasunod niyon. Para bang isang ebolusyon, pataas nang pataas.

70 Kaya ganoon din naman sa Diyos at sa Kanyang Iglesya. Pag-aaring-ganap sa ilalim ni Luther. Pagpapa-. . . Paghahatak iyan palabas sa Kanyang Nobya, ngayon. Nililikha Niya ang Kanyang Nobya. Pag-aaring-ganap sa ilalim ni Luther; pagpapabanal sa ilalim ni Wesley; at iba pa, nakita ninyo. Siya, ang ebolusyon ng Espiritu na ibinibigay nang papalaki nang papalaki, dahil ang Katawan ay binubuo, na nabubuo patungo sa Ulo, na iyon ay si Cristo, ang naturang Katawan ni Cristo.

71 Ngayon, Siya, bilang isang babae, kung Siya ay naipagkaisa na kay Cristo ang Salita, Siya ay hindi maaaring makipagkaisa rin sa isang iglesyang denominasyon nang sabay, sapagkat Siya'y nakatali na dito. Siya ay magiging. . . hindi maaaring mamuhay na kasama ng dalawang asawang lalaki nang sabay. Sila'y magkasalungat, sa isa't isa. Ang isa ay sugo ng Diyos, ang isa naman ay gawa ng tao, kaya sila'y magkasalungat. Ang sabi, "Maging kasinungalingan ang salita ng bawat tao; ang sa Akin ang siyang Katotohanan." Sinabi iyan ng Diyos.

72 Kasing labis lamang na salungat sa isa't isa, gaya ng kautusan sa biyaya, gaya ng sinasabi ni Pablo dito. Ang isa ay dapat na patay na, upang makasama ang isa pa. "At kung subukan niyang pagsamahin sila, siya ay tatawaging mangangalunya." Oh! Isipin n'yo nga iyon. New York, Arizona, sa buong bansa, isipin n'yo nga iyon. Sinabi ng Diyos, "Kung sinubok niyang makisama sa dalawa nang sabay, tatawagin siyang mangangalunya." Anong mangangalunya ang makakapasok sa Langit? Pakakasalan ba ng Diyos ang isang mangangalunya? Siguradong hindi. Hiniling Niya sa atin na huwag gawin iyon. "Siya ay tatawaging mangangalunya."

73 Kung gayon, ang kanyang mga anak, kung siya ay isang mangangalunya, ang kanyang mga anak ay anak na ilehitimo. Anak na ilehitimo! Anak na ilehitimo sa ano? Hindi sa iglesya, kundi sa Salita. Siya ay anak na ilehitimo. Napakalinaw na larawan ito ng Apocalipsis 3 dito, ng huling-panahong kapanahunan ng iglesyang Laodicea! Talagang isang ilehitimong grupo! Anong halu-halong pagkadenominasyon!

Malahininga, kung anu-anong pinaggagagawa at tinatawag ang kanilang mga sarili na mga Cristiano, at ikinakaila ang Salita ng Diyos, "Na may anyo ng kabanalan, ngunit tinatanggihan ang kapangyarihan nito," gaya ng sinabi ng propeta na magiging ganoon nga sila.

74 Ang pag-aasawa ang pinakamatandang institusyon sa mundo. Ang pag-aasawa ay unang isinagawa, at pinasimulan, doon sa halamanan ng Eden.

75 Ang isang babae ay napagkatiwalaan ng mga totoong katangian na hindi niya dapat na dungisan. Ang isang babae ay pinagkatiwalaan niyan. Wala ni isang nilalang sa ibabaw ng lupa na katulad ng isang babae. Walang babaeng aso, walang babae mula sa anumang uri, na pinagkatiwalaan ng katangian na mayroon ang isang babae.

76 Ang babae ay ni hindi nga kasama sa—sa pasimula ng paglalang, dahil alam ng Diyos na siya ay mahuhulog. Lahat ng iba pang mga babae ay hindi makakagawa ng pangangalunya. Siya lang ang tanging makakagawa ng pangangalunya. Kung nilikha siya na katulad ng orihinal, iyan ay hindi makakapagbigay-puri sa dakilang karunungan ng Diyos. Kita n'yo? Nilikha siya na isang produktong ginawa mula sa isang lalaki.

77 Ngunit dahil sa siya ay nailagay sa dakong iyon, siya ay napagkalooban din ng isang sagradong utos mula sa Diyos, para sa katubusan. Mayroon siyang mga katangian na hindi niya dapat na dungisan.

78 Kung sisirain niya ang mga iyon, siya ay habang-buhay nang nadungisan. Gaano man siya mapatawad, hindi na siya maaaring ariing-ganap. Sasagiin ko iyan maya-maya. Mayroon akong Kasulatan diyan, sa ilang sandali. Maaari siyang mapatawad sa kanyang pagkakadungis, ngunit hindi siya maaaring ariing-ganap sa buhay na ito. Iyon ay palagiang nasa kanya na. Pansinin ninyo ngayon. Napagkalooban siya nito. Maaari siyang mapatawad, ngunit hindi inaring-ganap.

79 Ang kanyang katawan ay ibinigay sa kanya, na isang sagradong pananagutan sa Diyos. Walang babaeng aso, walang ibon, walang ibang hayop, walang ibang nilikha na katulad niyan. Wala. Siya lamang ang tanging isa. Sa pamamagitan nito, siya ay. . .Ang dahilan kaya ito ay napakasagrado, siya ay magdadala ng buhay sa lupa. Ang kanyang katawan ang siyang punlaan ng buhay, samakatwid iyan ang dahilan kaya siya binigyan nitong sagradong pananagutan na ito.

80 Ngayon narito kung saan kayo marahil ay hindi sumang-ayon, marami, kayong mga teologo. Iyan ang dumungis sa buong sangkatauhan, ay ang pangangalunya na iyon sa pasimula. Ang kanyang punlaan ay nasira. Iniluwal niya ang kambal na iyon,

sina Cain at Abel. Sa isang gawa, dalawang anak. Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan. Uh-huh.

81 Pansinin ninyo ngayon. Nasumpungan natin na ang kanyang katawan ang punlaan, at samakatwid iyon ay isang sagradong pananagutan, na huwag dungisan iyon. Ngayon, ako'y nangungusap ngayon, na dinadala ito sa isang pagsasalarawan, upang ipakita sa inyo kung saan tumatayo ang Iglesya. Hindi ako nangungusap tungkol sa inyo na mga kababaihan. Maging anuman kayo, iyan ay sa pagitan na ninyo at ng Diyos, o kayong mga kalalakihan. Ngunit ako'y nangungusap tungkol sa Iglesya at kay Cristo.

82 Ngayon, siya ay pinagkalooban nito, upang magluwal ng buhay na tanging Diyos lamang Mismo ang makapagbibigay. Ang kanyang asawang lalaki ay maaaring tagapagdala ng punla, subalit ang Diyos ang siyang magbibigay ng buhay. Iyan ay tama. Tiyak itong darating. Lahat ng buhay ay tiyak na galing sa Diyos. Anumang buhay ay tiyak na galing sa Diyos. Ito'y nabaluktot na, at iyan ang nagpaging makasalanan dito, ngunit ang buhay ay tiyak na galing sa Diyos. Siya ang May-Akda ng buhay. Ngayon ang babae ay may isang sag- . . . isa . . .

83 Gusto kong pangalanan ang tatlong bagay dito na hindi niya dapat layuan. Ngayon, ako'y nangungusap, panatilihin sa inyong isipan ang iglesya habang sinasabi ko ito na patungkol sa natural na babae, gaya ni Pablo rito, sa ika-7 kabanata ng Mga Taga Roma.

84 Siya ay pinagkatiwalaan ng kanyang Panginoon ng sagradong pananagutan hinggil sa kalinisang-puri, na isang kalinisang-puri. Wala nang iba pang nagtataglay nito kundi ang isang babae. Tama. Iyan ay ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos. Hindi niya dapat na dungisan ang kalinisang-puri na iyan.

85 Kung gumawa man siya ng pagkakamali, dapat niyang ipagtapat iyon sa kanyang asawang lalaki bago siya tanggapin nito, at ituwid iyon. Kagaya rin naman ng iglesya na naipagkaisa sa kautusan, ay kailangang humarap din kay Cristo, bago ang ikalawang pag-aasawa. Kailangan niyang ipagtapat iyon. Kung hindi niya ipagtatapat, at siya ay nakisama sa kanyang asawang lalaki sa loob ng sampung taon at saka ipagtatapat iyon, ang lalaki ay may karapatang hiwalayan siya at mag-asawa ng ibang babae. Iyan ang Kasulatan. Ang pakikiapid ay maruming pamumuhay.

86 "Jose, huwag kang mangamba, sa pagtanggap kay Maria na iyong asawa, sapagkat ang kanyang dinadalang-tao ay sa Espiritu Santo." Siya ay nagpasyang hiwalayan ito nang lihim, kita n'yo, matapos na siya ay nangakong pakasalan ito. Kapag ikaw ay nangakong pakasal sa kanya, ayon sa kinalaman ng Diyos, ikaw ay kasal na sa kanya.

87 Pansinin n'yo ngayon. Siya ay mayroong isang sagradong pagkakatiwala ng kalinisang-puri na ibinigay sa kanya, ipinagkatiwala sa kanya ng Panginoon. Ibinigay sa kanya ng Diyos ang kalinisang-puri na iyan. Kagaya lamang noon sa halamanan ng Eden, maaari niyang sabihing "oo" o "hindi." Mayroon siyang sagradong pagkakatiwala ng pagkababae na ipinagkatiwala sa kanya, na hindi niya dapat na sirain. Ang pagkababae na tinutukoy ko rito ay ang kanyang inuugali, ang pag-uugali niya sa palibot ng mga kalalakihan. Na hindi pinahihintulutan ang bawat lalaki . . .

88 Tingnan ang mga panooring ito at makita ninyo ang mga artistang ito na nakikipaghalikan, at nakikipagyakapan, at nakikipagharutan, at kasa-kasama, ng mga kababaihang ito. Ang isang babae na gumagawa niyan, ay may masamang pag-uugali. Maaaring siya ay malinis, sa ibang paraan. Pero, kita n'yo, sa kanyang puso . . . Gayong, ang mga glandula na iyon, mga glandulang pang-seksuwal, ay nasa mga labi. Ang lalaki na hinahalikan ang isang babae, siya sa katunayan, ay potensiyal na, na nagkasala ng pangangalunya. Ang mga glandulang pang-seksuwal ay nasa mga labi ng babae at nasa mga labi ng lalaki. Maaari niyang halikan siya sa kamay, hindi iyon hahalo sa kanilang mga glandulang pang-seksuwal. Ngunit ang mga glandulang pang-seksuwal ay nasa mga labi. At makita n'yo ang lahat nitong mga kalokohan sa—sa Hollywood ngayon, ng lahat nitong pakikipagharutan at pakikipaglampungan sa mga kababaihan, at iba pa, at ang mga batang babae ay nanonood sa lahat niyan. Hindi kataka-taka na ang ating mga moral ay masama na at bulok na, at napakarumi na, kita n'yo, dahil iyon ay inilalantad sa harapan ng mga bata. Tama iyon. Tiyak itong magiging gayon sa huling panahon.

89 Ngayon panatilihin pa rin sa isipan ang iglesya. Siya ay nakikipaghalikan at nakikipagharutan, at nakikihalubilo na sa lahat ng iba pa maliban sa Salita, hinahayaan na ang Diablo na, at edukasyon at mga siyentipikong pananaliksik, at iba pa.

90 Gayong, ang pagka-siyentipiko, edukasyon, lahat na, ay totoong salungat sa Diyos. Ang buong sistema ng sibilisasyon na mayroon tayo ngayon ay ganap na anticristo. Ang sistemang pang-edukasyon ay anticristo. Ang sibilisasyon ay anticristo. Ito'y laban sa Diyos. Sasabihin ninyo, "Laban sa sibilisasyon?" Ang Diyos ay magkakaroon ng isang sibilisasyon, isa sa mga araw na ito, na walang anumang kamatayan na nakasama dito. Ang makabagong sibilisasyong ito ay dumating sa pamamagitan ni Satanas. Patutunayan ko iyan sa inyo, kung loloobin ng Panginoon, ngayong gabi, mula sa Biblia. Ang lahat ng mga bagay na ito ay kay Satanas. Ang ating bagong sibilisasyon ay walang mga ganito doon.

Mayroon siya nitong sagradong pagkababae.

91 Hindi kataka-taka na kaya ganito ang ikinikilos ng mga kalalakihan sa mga kababaihan, ay dahil sa ganito rin ang ikinikilos ng mga kababaihan sa mga kalalakihan. Inaasal niya ang kanyang sarili dito sa labas na nakasuot ng shorts, at hapit na hapit, at nakadamit ng panlalaki at mga ganung bagay, doon sa lansangan, kumekendeng-kendeng. Kahit ano pa ang sabihin niya, maaaring napakalinis niya sa kanyang asawang lalaki, ngunit, sa paningin ng Diyos, "Siya ay isang mangangalunya." "Ang sinumang tumingin sa isang babae nang may mahalay na pagnanasa sa kanya ay nagkasala na ng pangangalunya kasama ng babaeng iyon sa kanyang puso." At iniharap niya ang kanyang sarili nang ganyan.

At iyan mismo ang ginawa ng iglesya kasama ng sanlibutan.

92 Pansinin ninyo. Iyan ay ipinagkatiwala sa kanya: ang sagradong kalinisang-puri, sagradong pagkababae, at pagkatapos ay sagradong pagka-ina, karangalan sa kanyang asawang lalaki.

93 Tingnan lamang ang kasalukuyang panahon. Sa mga siyudad, sa maraming mga siyudad, mayroon pa nga silang malalaking mga party sa tinatawag na samahan, ang mga miyembro ng iglesya, din. Ilalapag ang kanilang mga sumbrero sa sahig, at silang lahat ay magpapakalasing at ilalagay ang kanilang mga susi doon. Pupunta naman doon ang bawat babae at dadampot ng isang susi mula sa sumbrerong iyon, para sa lalaki na kakasamahin niya sa buong sanlinggo. Lahat na ng uri ng ganung mga party! Na, marami pa akong sasabihin dito, kung loloobin ng Panginoon, wala lang akong panahon na dumako doon. Ganung kalaswaan!

94 At ang iglesya ay kasing sama lang din, mismo, na nagkakasala ng pangangalunya sa lahat na, at hindi siya dapat makialam sa mga ganoon. Dapat siyang manatili sa Salita.

95 Ang mga gusali ay ayos lang. Ang mga ospital ay ayos lang. Lahat ng iba pang mga bagay na ito ay ayos lang. Mga programang pang-edukasyon, iyan ay ayos lang. Kailangan nating mamuhay dito, kailangang magbasa, magsulat. Isa iyan sa mga ekonomiya.

96 Katulad ng, hindi naman tayo dapat na magsuot ng anumang mga damit, noong pasimula. Mangangaral ako tungkol diyan, sa dakong huli ng sanlinggong ito, kung loloobin ng Panginoon. Pero kailangan nating magsuot ng mga damit dahil binigyan tayo ng Diyos ng mga damit. Pero, sa pasimula, hindi natin kailangan ang mga iyon. Tayo ay nalalambungan noon.

97 Ngayon ang babae ay nalalambungan mula sa kanyang kasalanan. Ni hindi nga niya nalalaman na siya ay nagkakasala, kita n'yo, kagaya niya noon. Sa pamamagitan ng. . . Ngayon siya ay nalalambungan ng Diablo; noon siya nalalambungan ng Diyos. 'Yung kaibahan tungkol dito.

98 Ngayon nasumpungan natin na siya ay pinagkalooban ng sagradong pananagutan na ito na hindi niya dapat na sirain: tungkol sa pagkababae, ang pagkilos, ang magkaroon ng kanyang pag-uugali, ang pag-aalaga sa kanyang mga anak, ang maging marangal sa kanyang asawa.

99 Ngayon sa panahon na ito, wala na silang anupaman sa mundong pagpapahalaga dito. Dapat kayong maupo sa aking opisina minsan at makita ang mga kalalakihan na isinasama ang kani-kanilang asawa, kung saan sinisikap nilang maging matuwid na sa Diyos at ipagtapat ang tungkol sa lahat ng mga lalaking kinasama nila noon, at lahat na ng iba pa, mula nang sila ay makasal. Oh, sasabihin ninyo, "Iyan ay. . . " Hindi. Iyan ay mga Pentecostal. Uh-huh. Ang iba ay ayaw naman pumunta. Kaya iyon ay. . .

100 Ako'y nangungusap kung papaano ito malalayo, kapag kayo ay nagsimulang makihalubilo sa sanlibutan, ang iglesya, at sa lahat ng mga usong porma at mga bagay na mayroon tayo. Hindi na tayo katulad ng noong orihinal na pentecostes kung paanong ang araw ay iba rin sa gabi. Tayo'y natangay nang palihis sa kung saan, patungo sa isang madilim na ganap na kaguluhan kung saan, at naligaw na.

101 Napakahalagang sagradong pagkakatiwala! Napakahalagang pananagutan para sa isang babae! Ngayon nakita n'yo na kung bakit siya ay isang tipo ng Iglesya, na may gayon ding pananagutan. Kung paanong ang isang babae ay mayroong sagradong pananagutan sa kanyang pagka-ina, sa kanyang moralidad, sa kanyang asawang lalaki, gayon din naman na ang Iglesya ay mayroong sagradong responsibilidad sa pananalangin at sa Salita, at kay Cristo, kagaya lamang na mayroon ang babae.

102 At gaya ng isang babae na natatangay kasama ng ibang lalaki; kapag ang iglesya ay napapalayo na dahil sa mga institusyonal na mga programang ito, at sa pagtatatag ng mga programa at mga paaralan, at iba pa. Wala naman akong minamasama sa mga iyon. Maiinam ang mga iyon. May silbi ang mga iyon sa kanilang mga layunin. Pero ang mga ito'y hindi. . .

103 Hindi kailanman sinabi ni Jesus, "Humayo kayo, gumawa ng mga paaralan." Ang sabi Niya, "Ipangaral ang Salita."

104 Diyan nila Ito napapabayaan. Hindi ang magtayo ng mga institusyon, mga ospital, at iba pa. Ang mga iyon ay mainam, pero hindi iyan ang tungkulin ng Iglesya. Ang kanilang tungkulin ay ipangaral ang Ebanghelyo, pero ginawa na natin ang lahat ng iba pang bagay maliban diyan. At natangay na tayo doon, kagaya ng ginawa ni Satanas, at hinaluan na ito ng kung anong Ebanghelyo, ng kung anong iba pang bagay, at iba pang bagay, hanggang sa ito ay nagkaroon na ng isang halu-halong tambak ng kawalang-kabuluhan. Ng kabulukan, maging ang

ating buong, ang buong mundo! Pagmasdan n'yo ang kalakaran ng sanlibutan.

105 Binabasa ko ang *Reader's Digest,* dito hindi pa katagalan, kung saan ang mga kabataang babae ay nagme-menopause na, at ang sa mga kalalakihan naman, sa kanilang paggulang, sa pagitan ng dalawampu at dalawampu't limang taong gulang. Dumaraan na sila sa kanilang kalagitnaang gulang. Kabulukan, (bakit?) dahil sa siyentipikong pananaliksik hinggil sa pagkain at bagay-bagay na iniba na, mula sa mga bagay na likas na siyang dapat nating ipinapasok sa ating katawan. Tayo ay isang bunton na lang ng namamatay na kabulukan.

106 Ngayon, ganyan din nga ang iglesya. Ito'y nasa gayon ding kalagayan.

107 Isa Siyang tipo. Mayroon Siyang gayon ding mahahalagang mga katangian sa pamamagitan ng Espiritu, na ipinagkaloob sa Kanya, upang ingatan ang Espiritu at ang Salita, at huwag kailanman magkasala ng pangangalunya sa anumang bagay ng sanlibutan o anuman. Ang manatiling birhen sa Salita, kung paanong ang isang babae ay dapat na manatiling malinis sa kanyang asawa. Ito'y isang sagradong pagkakatiwala, ang igalang ang Salita ng Kanyang Panginoon nang higit sa bawat kredong gawa ng tao, karunungan, denominasyon man na mayroon. Binigyan ng pagkakatiwalang iyan ang Iglesya.

108 Kung sasabihin nila, "Aba, ang aking iglesya. . ." Wala akong pakialam ano pa man ang paniniwala ng iyong iglesya. Kung iyon ay salungat sa Salita ng Diyos, layuan ninyo iyon.

109 Sinabi ng Biblia, "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, magpakailanman." Sinabi ng Marcos 16, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa mga nagsisisampalataya." Kung ang isang iglesya ay nangangaral ng iba Diyan, huwag n'yong paniwalaan. Mamatay kayo sa bagay na iyan. Ipanganak na muli, sa Salita ng Diyos. "Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ang Ebanghelyo sa lahat ng nilalang." Ganyan kalayo Ito dapat na humayo. "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na nagsisisampalataya, sa buong mundo, at bawat nilalang na sasampalataya." Nakita n'yo na kung papaano tayo nagsilayo Rito? Totoo. Ngunit Siya ay may pananagutan Dito.

110 Subalit ngayon ay tingnan kung ano, ang Hollywood, ay inalis na ang mga mabubuting bagay mula sa ating mga kababaihan.

111 Nakatayo ako rito na nakatingin sa minamahal na matandang babae, si Kapatid na babaeng Schrader, marami sa kanila na kababaihan rito, at sa likuran, at si Kapatid na babaeng Moore rito, ang mga matatandang kababaihan na matatandaan ang ilang mga taong nagdaan. Kung ang kanilang ina, o maging sila, ay lumakad sa mga lansangan, kung paano lumakad ang ilan sa mga kababaihang ito ngayon, na mga

miyembro ng iglesya, ay tiyak na ikinulong na nila ang naturang babae sa pagiging baliw. "Nakaligtaan niyang isuot ang kanyang palda." Aba, kung baliw ito noon, ito'y baliw din ngayon.

112 Aba, tingnan n'yo, ang buong mundo ay pinatutunayang ito ay baliw. Tingnan ninyo ang mga pagpatay at mga bagay na nagaganap ngayon sa mundo. Kita n'yo? Kabaliwan!

113 Ang buong bagay ay dumarating na upang ganapin ang Apocalipsis. Maaaring dumako tayo doon, sa linggong ito. Kung saan, ang mga kakila-kilabot na mga bagay na iyon, ang mga iyon ay hindi sa natural. Iyon ay mga bagay na espirituwal, na nagtutulak sa mga tao na sumigaw sa mga malalaking bato at sa mga bundok, at lahat na ng iba pa, para bumagsak sa kanila.

114 Ang ganap, lubos na kabaliwan na patutunguhan ng sanlibutang ito, kaagad-agad, ito'y halos naroon na ngayon. Aba, nakikita n'yo na ang mga bakas nito. Hayun na. Ito—ito'y lumalakad na mismo doon sa lansangan, tuluy-tuloy doon sa upuan ng iglesya, lubos na pagkabaliw, gumagawa ng mga bagay na ni hindi nga maiisip gawin ng isang tao at bilang sibilisado.

115 Tingnan ninyo kung ano ang ginawa ng Hollywood sa babae. Tingnan ninyo kung papaano nga ito. Ninakaw na nito ang mga sagradong moralidad ng babae. Makapagpapatuloy at makapagpapatuloy, pa tayo. Kita n'yo?

116 Lahat ng ito ay naiwala niya. Papaano niya nagawa iyon? Dahil mayroong isang tusong instrumento na tinatawag na iglesya, katulad ng naroon noon doon sa halamanan ng Eden. Isang tusong persona, ang Diablo, na pumasok sa loob ng iglesya na sadyang katulad ng ginawa niya noon sa halamanan ng Eden, at dinaya siya patungo dito. Siya ay nadaya. Inaakala lang ng babae; hindi niya sinadyang maging mali.

117 Hindi sinadya ni Eba na gumawa ng mali. Hindi iyon sinasadya. Ngunit siya. . .Sinabi ng Biblia, sa Ikalawang Timoteo, Unang Timoteo 3, "Siya ay nadaya." At ang *nadaya* ay hindi kapag ginawa mo ito nang sadya. Iyon ay kapag kayo ay nalinlang na gawin ito.

118 At ganyan mismo ang nangyari ngayon. Siya ay nadaya na, ng telebisyon, ng magasin, ng mga taong ito, ng mga ito, lahat nitong magagarang mga bagay na kanilang pinupuntahan, doon sa lansangan. Ang makabago nang mga kabataang babae, titingin sila sa mga magasin at titingin sila sa mga larawan. Tumitingin sila sa lansangan. Makikita nila ang mga damit sa mga tindahan. Kung papaanong si Satanas, ang malaking intrumento na iyan ng—ng impiyerno, ay bumaba na sa kalagitnaan ng mga tao at dinaya sila patungo sa mga bagay na ito! At inaakala ng babae na siya ay ayos lang. At siya ay patay na at hindi nga nalalaman iyon. Siya ay malayo na sa Diyos. Kita n'yo kung papaano niya naiwala ang lahat ng ito, at kung papaanong napakatuso niyon?

119 Ngayon, gusto kong pansinin ninyo. Sinabi ni Jesus ang tungkol dito. Gayon din, kung gusto ninyong basahin ito, binanggit ni Jesus na ang bagay na ito ay mangyayari. Alam ba ninyo iyan? Noong mga huling sandali Niya, bago ang Kanyang pagkakapako sa krus. Basahin lamang natin ito, San Lucas, ang—ang ika-23 kabanata, at sa isang saglit lang, parang isang araling pang-Sunday school. Simulan sa ika-27 talata, palagay ko ay namarkahan ko rito. Si Jesus na patungo na noon sa Kalbaryo. Makinig habang binabasa ko ito. Sige. San Lucas 23:27, palagay ko, kung saan nandoon tayo. Ganoon ang pagkakatala ko. Oo nga. Heto na.

> *At siya'y sinusundan ng isang makapal na karamihan sa bayan, at...mga babaing nagiiyakan at nananambitan dahil sa kaniya.*
>
> *Datapuwa't paglingon sa kanila ni Jesus ay sinabi, Mga anak na babae ng Jerusalem, huwag ninyo akong tangisan, kundi tangisan ninyo ang inyong sarili, at ang inyong mga anak.*
>
> *Sapagka't, narito, ang* araw—*darating ang mga araw...na kanilang sasabihin, Mapapalad ang mga baog, at ang mga* tiyang *kailan ma'y hindi nangagdalang-tao, at ang mga dibdib na kailan man ay hindi nangagpapasuso.*

120 Isipin ninyo, sa panahon ngayon, ay isang kahihiyan para sa kanya na magkaroon ng isang anak. Kita n'yo?

> *Kung magkagayon ay magpapasimulang sabihin nila sa mga bundok, mangahulog kayo sa ibabaw namin; at* bu-...*at sa mga burol, Takpan ninyo kami.*
>
> *Sapagka't kung ginagawa ang mga bagay na ito sa punong—punongkahoy na sariwa, ano kaya ang* gagawin nila *sa tuyo?*

121 Ang pangungusap tungkol sa araw kung kailan ang mga kababaihan ay hindi na gugustuhing magkaanak. Gusto nila ng isang aso o isang pusa, o bagay na tulad niyan, pero ayaw na niya ng mga anak. Bakit? "Siya ay matandang Inang Hubbard na kung mayroon siyang anak." Kita n'yo? Ayaw niya. Iyan ang—iyan ang pananalita ng Hollywood. Ayaw nito na ang kanyang babae ay maging isa nang matandang Inang Hubbard. Kaya ang babae ay, ang lalaki ay paooperahan ang kanyang sarili o ang babae, ang isa, para maiwasan nilang magkaroon ng mga anak. Ayaw nilang magkaroon ng mga anak.

122 Sinabi ni Jesus ang tungkol dito. At ano'ng sinabi Niya? "Sa panahong iyon ay magsisimula silang sumigaw sa mga malalaking bato at mga bundok upang bumagsak sa kanila."

123 Gagamit siya ng birth control, para makapunta siya sa mga party. Hindi siya puwedeng abalahin ng isang sanggol na

sumususo sa kanya. "Sisirain nito ang kanyang hitsura. Kapag siya'y nagbuntis, mangyayari, na sisirain nito ang kanyang hitsura. Hindi na siya magmumukhang tulad ng dati." At ang kanyang asawa naman, sapat na ang pagka-walang alam para hayaan siyang maging ganoon. Ayaw niya itong bigyan ng anak.

124 Sinabi ni Jesus ang tungkol dito. At sinabi Niya, na, "Kapag ginagawa na nila ito, sa panahong iyan ay magsisimula silang sumigaw sa mga malalaking bato na bumagsak ang mga ito sa kanila." Iyon na ang Pagparito ng Panginoon.

125 Nagbabayad sila ng malaking halaga ng pera para sa mga pusa, mga aso, para alagaang parang anak. Tama iyon. Kailangan niya ng isang bagay na alagaang parang anak, dahil sa iyon ay isang kalikasan na bigay ng Diyos sa kanya.

126 Napansin ko. Ako ay nangangaso ng malakihang pangangaso. Ang isang matandang oso kapag taglagas ng taon, kapag siya ay naipakasta na sa lalaking oso, mayroon siyang mga batang oso kung gayon na ipinanganak. Ang mga ito'y malalaking bulas na mga batang oso, siguro ay tumitimbang ng isandaang libra o higit pa. Itataboy niya ang mga ito at para matulog ang mga ito buong taglamig, dahil magsisilang pa siya ng marami pang batang oso. Sila'y ipinanganganak tuwing Pebrero. Ang mga oso ay walang alam tungkol dito.

127 Ipinanganganak silang nasa loob ng maliliit na mga supot na maninipis. Kung papaanong nagagawa ng Diyos na pabuksan sa kanila itong mga maliliit na supot na maninipis, nang sila lang mismo, maliit . . . parang maliit na supot na cellophane. Kanilang nasusumpungan ang kanilang daan palabas. Tulog na tulog ang kanilang ina. Wala pa siyang kinain na kahit ano mula Oktubre, at Pebrero na noon. Ang mga ito'y lumalapit at sumususo sa kanya hanggang kalagitnaan ng Mayo.

128 At kapag nakita niya ang kanyang mga anak na oso, ang mga ito'y talagang mabubulas na mga batang oso, na tumitimbang siguro ng mga labinlima, sampu o labinlimang libra bawat isa. Sila'y sumuso sa kanya. Kung papaano siya nagkakaroon ng gatas, iyan ay sa kaisipan na ng Diyos. Nabubuhay siya, mismo, at nagpapalabas ng gatas para sa maliliit na mga oso.

129 At pagkatapos kung ang kanyang panganganak ay hindi mangyari, at wala na siyang anumang mga batang oso, hahanapin niya 'yung sa nakaraang taon . . . mga batang oso ng nakaraang taon, at aalagaan sila sa buong panahon ng tag-araw, dahil iyon ay likas na ugali na nagmula sa Diyos. Kailangang mayroon siyang alagaan.

130 At kung ang isang babae ay ayaw magkaroon ng isang sanggol para sa kanyang asawa, kukuha siya ng isang aso o isang pusa, o kung ano pa man. Kailangang mayroon siyang inaalagaan. Iyon ay isang kalikasan. Ngunit ang magsilang ng anak para sa kanyang asawa, at palakihin ito para sa

paglilingkod sa Diyos, iyan ay ganap na wala sa kanyang linya. Dapat niyang gawin. Oh, siya'y. . .Oh, siya'y ibibilang na talagang kahiya-hiya, kung ginawa nga niya, ng kanyang maibigin sa kasalanan na kalipunan ng tipo ng mga kababaihan nitong 1965.

131 Talagang isang larawan ng makabagong iglesya ngayon! Hindi rin gusto ng makabagong iglesya ang anuman sa mga ito rito, ang hiyawan, sigawan, pagsasalita sa iba't ibang wika, Mga Gawa 2:38 na mga bata sa paligid niya. Oo. Oo. Kita n'yo? Oo. Ayaw niya nung humihiyaw, at umiiyak, at sumisigaw ng, "Amen! Aleluya!" ang sinuman sa kanila. Aba, ang ganoong bata ay agad-agad na makapagpapatalsik sa kanya mula sa kanyang denominasyon. Kung mayroon silang isang ganyan sa isa sa kanilang mga iglesya, aba, patatalsikin nila siya agad.

"Bakit mo hinahayaang magpatuloy ang ganitong klase ng bagay?"

132 Kaya, nakita ninyo, mayroon siyang ipinagbubuntis na kung ano, dahil palagi na lang siyang nagsisilang ng mga miyembro. Pero ayaw niya ng mga ganoong sumisigaw, humihiyaw, kung anu-anong sinasalita, na Mga Gawa 2:38, na sa akala niya'y mga miserableng nilalang. Talagang ipapahiya siya nito. Sisirain siya nito at ang kanyang edukado't etikal na maka-siyentipikong samahan na iglesya na kinabibilangan niya rito. Patatalsikin nila siya, sa susunod na konseho. Hindi siya maaaring magkaroon nito. Kaya hindi niya gustong mabuntis ng Salita, dahil iyon lang ang tanging uri na maaaring iluwal ng Salita.

133 Ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, taglay nito ang Espiritu ng Diyos sa loob nito. Walang intelektuwal na pag-anib sa iglesya at pagpapatuloy sa kredo, maikling buhok, pintadong mukha; walang gayong bagay na gaya niyan sa lahat Nito. Hindi ninyo masusumpungan iyan sa Salita ng Diyos. Masusumpungan ninyo ang isang makaluma, pinaging-banal, anak na puspos ng Banal na Espiritu, ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, na tumitili, humihiyaw, sumisigaw, pinupuri ang Diyos.

134 Iyan ay lubusang hindi na niya kayang abutin. Hindi niya gusto Iyan. Oh, hindi, po! Hindi, talaga. Ano ang ginagawa niya kung gayon? Kaya siya ay nagluluwal ng isang pares, ng pintadong mukha, nagsusuot ng shorts, na samahan ng mga Jezebel, na ilehitimong "mga pusa," ang tawag yata nila sa kanila, sa palagay ko iyon nga. Kita n'yo? Palagay ko tinatawag nila iyon na mga pusa. Kita n'yo? "Tingnan n'yo ang pusang iyon na papunta doon," sasabihin nila, o parang ganyan, alam n'yo na.

135 Siya ay ipinanganak, o ikinasal, may kaugnayan pa sa kanyang unang asawang lalaki, sa unang Adan, sa pamamagitan ng mapangalunyang asawang babaeng si Eba, unang asawa ni

Adan. Sasabihin ninyo, "Mapangalunya?" Tiyak na ganoon nga siya. Pero, oh, sinasabi niya na itong si Adan, itong unang Adan, ay patay na. "Oh, tiyak nga, na matagal na siyang patay. Ako'y ipinanganak na muli, na naman," sabi niya, "at ako'y totoong ikinasal na sa Ikalawang Adan, si Cristo, ang Salita."

136 Papaano? Pansinin ninyo kung ano ang kanyang iniibig. Masdan ang kanyang mángingibig, kung gusto ninyong makita kung kanino siya umiibig. Ang sinasabi ng Salita ay *Ito*, pero ang sabi niya, "Ang sinasabi ng aking iglesya ay *ito*." Kung gayon kanino siya umiibig? Sino ang kanyang asawa? Ang sarili niyang mga bunga ay nagpapatunay kung ano siya. Totoong tama, ipinapakita kung ano siya. Pansinin ninyo. Ipinanganak siya, una, kay Adan, dahil iyan ang kanyang natural na kapanganakan. Kita n'yo? At hindi niya kailanman iniwan iyan. Iyan ay isang mángingibig ng sanlibutan. Sinasabi niya na ipinanganak daw siyang muli, kay Cristo. Pero ang kanyang mángingibig, pansinin ninyo, ay si Adan, pa rin, dahil iniibig niya ang sanlibutan.

137 At isa pa—isa pang bagay, pansinin kung anong uri ng mga anak ang kanyang isinisilang. Nagsasabi iyan kung ano ang kanilang tatay, kung ito nga ay ang unang Adan o ang Ikalawang Adan. Kung ang Iglesya ay manganganak ng isang anak ng Ikalawang Adan, kikilos siya kung paano kumilos ang Ikalawang Adan, katulad ng ginawa nila noong Araw ng Pentecostes. Iyan ang totoong mga anak ng Ikalawang Adan. Kita n'yo? Tama. Ang kanilang kalikasan ay katulad ng sa kanya at ng sa babae. Siyanga, po. Ang kanyang mga anak na babae, ay pintado ang mukha, maikli ang buhok, nagsusuot ng damit panlalaki, mga pantalon. Sinabi ng Biblia sa kanya "na huwag gawin iyon." Pinuputol niya ang kanyang buhok. "Iyon ay kahiya-hiya sa kanya."

Sasabihin ninyo, "Tigilan mo na, ang tungkol diyan."

138 Iyan ang sinasabi ng Salita. Itinuturo ko lamang ang kalikasan. Iyan ang ginagawa niya.

139 Ang kanyang mga anak na lalaki, ang kanyang mga anak na lalaki na ipinanganak niya, ay nakasandig sa edukasyon, sa pag-aaral, sa kung anong tinatawag na paaralang pang-Biblia, na tinatawag, isang kung anong malaking kolehiyo na umiiral na nang matagal na panahon, na nagpipisa sa kanila, sa isang kung anong pámisaan na paraan. Mga mahilig magdenominasyon, relihiyosong tulad ni Cain, na sadyang kasing ilehitimo sa Salita na gaya ni Cain noon; tama, sadyang kasing ilehitimo na gaya ni Cain noon, tiyak nga, na mga mahilig magdenominasyon. Nakita na ninyo kung ano iyon?

140 Ang Diyos kailanman ay hindi nag-organisa ng isang denominasyon. Siya'y dati nang laging laban diyan. Ang Kanyang Salita ay laban diyan.

141 Ngunit nanghahawakan sila diyan mismo, kaya nakita n'yo na kung ano ang ipinapanganak nila. Ipinapakita niyan kung sino ang kanilang tatay at nanay. Eksakto. Eksakto. Sadyang kasing ilehitimo gaya ni Cain noon. Ganyang uri ng anak ang kanyang naipaluwal mula kay Eba. Lumayo sila mula sa Salita, kung gayon tingnan ninyo kung ano ang kanyang iniluwal. Ganyan nga mismo ang iniluwal ng iglesya, ang gayon ding bagay.

142 Mapapatunayan ko iyon sa inyo, sa pamamagitan ng Salita, na diyan nagmula ang edukasyon at sibilisasyon, sa pamamagitan ni Cain. Iyan ay talagang tama. Sapagkat sinasabi nila. . . Pero sila—sinasabi nila na sila daw ay mga anak ng Diyos, pero ipinanganak sila sa denominasyon, pinadalubhasa ng maka-denominasyong paaralan, lahat na ng iba pa. Iyan ay talagang tama. Tuso, matalino! Naku! Gayon din ang serpiyente, ang kanilang ama. Tama. Sadyang kasing tuso at siyentipikong mga mangangaral na gaya ni Cain noon. Kita n'yo? Iyon ay eksaktong ganoon din.

Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, totoo ba iyan?"

143 Dumako kayo sa Genesis 4:16 at alamin n'yo. Bumalik dito sa Genesis 4:16, saglit lang, makikita ninyo kung papaanong nagkaganoon.

> *At umalis si Cain. . . sa harapan ng PANGINOON, at tumahan sa lupain ng Nod, sa silanganan ng Eden.*
>
> *At nakilala ni Cain ang kaniyang asawa; at siya'y naglihi, at ipinanganak si Enoc: at siya'y* nagtayo *ng isang bayan, at tinawag ang bayan, ayon sa. . . kaniyang anak, Enoc.*

144 Hanggang doon kay Tubal, tuluy-tuloy, sapagkat nagsimula sila, na dumating ang mga gumagawa ng mga instrumento, musika, at iba pa. Ang sibilisasyon ay dumating sa pamamagitan ni Cain, tama, pagtatayo ng mga lungsod, mga instrumento. Ang mga siyentipikong tao ay nagmula kay Cain, ang binhi ng serpiyente. Ngayon pansinin ninyo ang ika-25 talata.

> *At nakilalang muli ni Adan ang kaniyang asawa;*

145 Ngayon, nakilala niya ito nang isang beses at nagkaroon ito ng dalawang anak. Saliksikin ang Kasulatan. Isinilang nito sina Cain at Abel. Isang gawa, at dalawang anak. Sasabihin n'yo. . .

146 Sinabi nila sa akin, hindi pa katagalan, na hindi raw iyon maaari, na mangyari. Mayroon tayong pangyayari sa Hollywood. Hollywood? Mayroon tayong pangyayari sa Tucson ngayon mismo, na nasa korte. Isang babae ang nanganak ng isang batang negro at isang batang puti, nang sabay. Sinasabi nilang hindi niya raw magagawa iyon. Maaari siyang magkaroon ng dalawang malusog na itlog, rin naman. Mayroon na sila nito ngayon mismo sa korte. Alam kong magagawa ng mga aso iyon.

Magagawang gawin iyon ng mga hayop. At naroon nga siya, ang sabi ng lalaking puti, "Susuportahan ko ang sarili kong anak, pero siya ay hindi."

147 At ang naturang babae ay umamin. Nakisama siya sa kanyang asawa nang umagang iyon, at sa lalaking negro naman nang hapong iyon. "Kung iyon ay sa," ang sabi ng doktor, "sa loob ng dalawampu't apat na oras, mangyayari iyon kung may isa pang malusog na itlog doon." At sa ganoon niya nagawa iyon.

148 At ganyan ang eksaktong nangyari dito. Si Cain nang . . . Si Satanas, nang umagang iyon, sa serpiyente; at si Adan naman, nang hapong iyon. Nang ang babae . . . At nagsilang siya ng dalawang anak.

> Ngayon, *nakilalang muli ni Adan ang kaniyang asawa* (sa ikalawang pagkakataon); *at nanganak siya ng isang lalake, . . .*

149 Tandaan, wala saan man sa Biblia na nagsabi na si Cain ay anak ni Adan. Ang sabi, "Siya ay sa masama," hindi kay Adan, "sa Diablo."

> *. . . nakilala niya* (sa ikalawang pagkakataon), at nakilala . . . at nanganak ng *isang lalake, at tinawag ang kaniyang pangalan na Set: Sapagka't ang Diyos, aniya, ay binigyan* . . . (Hindi iyon ang tunay na Binhi.) . . . *binigyan ako ng ibang anak na kahalili ni* Adan, *sapagka't siya'y pinatay ni Cain*. Kaya . . .
>
> *At nagkaanak naman si Set ng isang lalake; at tinawag niya ang kaniyang pangalan na Enos:* at *noon ay pinasimulan ng mga tao ang pagtawag sa pangalan ng PANGINOON.*

150 Hindi mula kay Cain, ang talaangkanan ng salinlahi na iyan, kundi mula sa talaangkanan ni Set.

Kaya, "Si Cain ang masamang iyon." Diyan dumaan ang serpiyente.

151 Ngayon pansinin. Maliwanag na sinasabi ng Biblia rito, na, "Ang kanyang unang asawang lalaki ay dapat na patay na," hindi lamang basta inihiwalay. Dapat na siya ay patay na.

152 Katatapos ko lang na ipangaral ang tungkol sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*, at alam ninyong lahat ang tungkol diyan. Hindi ako nangungusap ngayon, sa kabuuan, sa kongregasyon rito, kundi sa buong bansa. Sige. Ngayon nakita n'yo na kung ano ang nangyari doon, sa *Pag-aasawa At Diborsiyo*. Nang ito . . . ? . . . Ang Pitong Selyo ay nabuksan na, inilabas niyan ang tunay na Katotohanan tungkol dito.

153 Kaya, upang maikasal sa Ikalawang Adan, kay Cristo, ang Salita, kailangan mong ihiwalay ang iyong sarili sa pamamagitan ng kamatayan, mula sa iyong unang asawang lalaki na denominasyonal, dahil sa wala ni isa man sa kanila

ang magagawang tumanggap sa buong Salita ng Diyos. Ipakita lamang ninyo sa akin kung nasaan ang isang iyon. "Oh," sasabihin n'yo, "ang sa akin." Ang sabi nung isa pang tao ay ang sa kanya, rin daw. Pagsamahin n'yo iyon pareho, at makikita ninyo na pareho kayong mali, sa oras na kayo ay naging denominasyon. Basahin ninyo ang Apocalipsis 17. Kaya, nakita n'yo, dapat na kayo ay patay na mula sa bagay na iyan.

154 Ngayon, hindi ako nangungusap sa lokal na kapulungan na ito. Nangungusap ako sa kabuuan sa buong bansa. Dapat na patay na kayo sa inyong unang asawang lalaki. Kung kayo ay naipagkaisa kay Cristo at kasal pa rin sa isang denominasyon, kayo'y isang mangangalunya. Kayo ay Laodicea.

155 Isang Iglesya sa buong bansa, tayo ay sumusunod kay Jesus Cristo, ang Salita. Upang mapabilang sa Nobya, kayo ay dapat na maikasal muli sa Salita ng Diyos, na si Cristo. "Nang pasimula ay ang Salita; ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita at tumahan sa gitna natin."

156 Hangga't kayo ay nanghahawakan sa tradisyon ng mga denominasyon ng tao, kayo ay tinatawag na, sa Salita ng Diyos, "isang mangangalunya." Hangga't kayo'y isang mahilig sa maka-denominasyong kredo, na nabibilang sa isang maka-denominasyong iglesya na tinatanggihan ang Salita, kayo ay "isang mangangalunya," ang sabi ng Biblia.

157 Sinabi ni Jesus, "Hindi kayo maaaring maglingkod sa dalawang diyos nang sabay. Inyong pinaglilingkuran ang Diyos o di kaya'y ang mammon." Ang *mammon* ay "ang sanlibutan." "Siya na umiibig sa sanlibutan, o sa mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala man lang sa kanya." Ang Binhi ng Diyos ay hindi maaaring nasa kanya (ang pag-ibig ng Diyos) habang ang pag-ibig sa sanlibutan ay kasabay na naroon din. Kapag ang Binhi ng Diyos ay kumikilos sa pamamagitan ninyo, iyan ay ang Salita ng Diyos. Ang pag-ibig sa sanlibutan ay hindi maaaring kasabay na naroon din. Ngayon nasaan na ang maikling buhok, at ang mga shorts, at ang pintadong mga mukha? Ngayon saan na naroroon ang mga iyon?

158 Hindi kayo maaaring maging malinis kay Cristo, sa Salita ng Diyos, at sabay na maglingkod din sa isang denominasyong gawang-tao. Ito'y salungat sa Salita. Sinabi rito ni Pablo. "Saan banda?" Mga Taga Roma 7.

159 Ni hindi rin kayo maaaring magluwal ng mga anak ng Diyos, ng Kanyang Salita, sa ilehitimong grupong ito na maka-denominasyon. Hindi ninyo maaaring gawin iyon. Sa inyong pámisaan, hindi kayo maaaring magluwal ng isang Salitang anak ng Diyos. Ako'y nangungusap sa iglesya. Pero inaangkin n'yo pa rin na kayo ay napakarelihiyoso. Gayon din si Cain noon, ang anak ng patutot na si Eba, napakarelihiyoso, nagtayo ng mga

altar at nag-alay ng hain, at nagbigay ng kanyang mga ikapu at ginawa ang lahat ng bagay na gagawin ng sinumang relihiyosong tao. Ngunit nabigo siyang sundin ang Salita na iyan. Nabigo siyang magkaroon ng kapahayagan.

160 At ang kapahayagan ay siyang tanging bagay, ang kapahayagan ng Salita. Ano ang. . . Ano ba ang kapahayagan? Sinabi ni Jesus, "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya, at ang mga pintuan ng hades ay hindi magsisipanaig laban Dito." Ang Pananampalataya ay isang kapahayagan; dahil ang Pananampalataya ay naipahayag sa iyo.

161 "Si Abel, sa Pananampalataya, ay naghandog ng ayon sa kapahayagan (Pananampalataya), naghandog sa Diyos ng lalong mainam na hain kaysa kay Cain."

162 Inakala ni Cain na sila ay kumain ng mga mansanas. Taglay pa rin nila ang ideya na iyan, pero hindi iyon ganoon. Iyon ay isang pangangalunya, binhi ng serpiyente. At doon nang mabuksan ang Pitong Selyo, ipinahayag iyon at pinatunayan iyon. Kalalabas lang nung aking aklat tungkol dito. Palagay ko mayroon na tayong isang libo dito ngayon. Kita n'yo? Pansinin. Iyan ay ayon sa Kasulatan, mula Genesis hanggang Apocalipsis.

163 Sa huling panahon, ang naturang dalawang punongkahoy ay hahantong sa pagkabinhi at patutunayan ang kanilang mga sarili. Narito na tayo, ngayon mismo, sa Laodicea at sa Nobya, na sadyang kasing linaw at kasing ganda na naroon sa Kasulatan, at nasa mismong harapan ninyo. "Hindi kayo maaaring maglingkod sa Diyos at sa mammon." Hindi kayo maaaring maging malinis na Cristianong mananampalataya ng Biblia at iugnay ang inyong sarili sa maka-denominasyong gawain. Hindi ninyo basta magagawa iyon nang sabay. Ang isa ay dapat na patay na, at hayaan na 'yung isa ang mabuhay.

164 Ni hindi rin ninyo magagawang magluwal ng Salitang anak ng Diyos. Ni hindi rin magagawa ng iglesya na magluwal ng ganun. Wala silang gusto ni isa—isa sa mga iyon, mga anak na humihiyaw, sumisigaw at nagsasalita sa iba't ibang wika, at lahat ng mga bagay na iyon. Sila, hindi n'yo maaaring gawin iyan sa loob ng isang iglesyang denominasyon. Hindi nila kayo tatanggapin. Hindi nila sila pinalaki na ganyan. Tinatanggap nila sila at kinakamayan sila at sinasabi, "Kung sumasampalataya ka, natanggap mo na Ito. Basta't nailagay mo na ang iyong pangalan sa aklat, iyan lang ang kailangan mong gawin." Kita n'yo? Ito'y—ito'y mga ilehitimong anak sa Salita, na inaangkin pa ring relihiyoso.

165 Kaya, nabuntis sa karunungan at kaalaman ni Satanas, naging ganoon na ang iglesya! Ipinapadala nila ang kanilang mga tauhan sa paaralan, para matutunan kung papaano sabihin ang "amen" nang tama lamang. Tinuturuan nila sila kung papaano sabihin ang lahat ng ito, at maging napaka-

intelektuwal. Ano ba iyon? Iyon ay pambubuntis ng Diablo. Ano ba ang ipinangbuntis ni Satanas kay Eba? Ang hindi sampalatayanan ang Salita, para sa mga pagka-intelektuwal, sa mga katalinuhan, at sinira niyon ang buong sangnilikha. Ganyan mismo ang ginawa niya sa Salita ngayon, ng iglesya. Pinabuntis niya ang kanyang sarili sa pang-Bibliang mga paaralan at kolehiyo, at mga ganyang bagay, pagbabasa, pagsusulat, aritmetika, at wala silang nalalaman tungkol sa Diyos kung paanong ganun din na ang isang Hottentot ay walang alam tungkol sa mga kuwentong bayan sa Egipto. Alam nila ang lahat ng kanilang mga kredo, ng kanilang mga aklat ng pananalangin, at lahat na ng iba pa, pero walang alam tungkol sa Diyos.

166 Alam nila nang ang Salita ay napatunayan, nang ang Diyos ay nagsalita na noon at inilaan ang Kanyang Salita sa bawat henerasyon sa pagdating ng mga ito. Narito dumating si Noe, at nangaral siya sa henerasyong iyon.

167 Ngayon, ano kaya kung si Moises ay dumating, ang sabi, "Gumawa tayo ng isang daong"? Siya'y tiyak na wala na sa panahon. Ngunit isa siyang propeta. Nasa kanya ang kapahayagan ng Diyos.

168 Pinatunayan ng Diyos na iyon ay Katotohanan. Inilabas Niya ang mga anak na iyon, ang Israel, at ipinakita ang Haliging Apoy sa harapan nila, at pinatotohanan ang propetang iyon; at sinabi mismo kung ano ang Kanyang gagawin, at ginawa nga Niya iyon.

169 Sinabi nila, "Huwag na ang Diyos ang magsalita. Si Moises na ang magsalita, baka kami'y mamatay pa."

170 Sinabi Niya, "Hindi na Ako magsasalita sa kanila nang tulad niyan, kundi magpapalitaw Ako sa kanila ng mga propeta, at sila ang magsasalita."

171 Naroon noon si Isaias na nakatayo doon, ang sabi, "Isang birhen ang maglilihi." Ang isang lalaking katulad niya sa isang panahon kung kailan. . . Paanong maglilihi ang isang birhen? "Sa atin ay ipinanganak ang isang Anak na lalaki: isang Bata ang ipinanganak, isang Anak na lalaki ang ibinigay. Ang Kanyang Pangalan ay tatawaging: Tagapayo, Pangulo ng Kapayapaan, Makapangyarihang Diyos, ang Walang Hanggang Ama. Sa luklukan ng Kanyang ama, na si David, ay maghahari Siya. Hindi magkakaroon ng wakas ang Kanyang Kaharian." Papaano mangyayari iyon? Hindi niya alam. Binigkas lamang niya kung ano ang sinabi ng Diyos. Iyon ay lagpas na sa kahit anong imahinasyon, intelektuwal. Iyon ay lagpas na sa kahit anong siyentipikong pananaliksik. Iyon ay ang Salita ng Diyos.

172 Ngayon tinuturuan natin ang ating mga mag-aaral sa seminaryo sa lahat ng uri ng teolohiya ng Biblia at mga ganung bagay, teolohiya na gawa ng tao, nagkaroon na ito ng pangkat

ng iglesya na eksaktong isang Laodicea, katulad ng sinabi ng Diyos na mangyayari. Oh, naku! Kapag tumitingin ako diyan, at pinanginginig ako nito. Buntis na sa intelektuwal na pagbubuntis! Kailangan mong maging isang nagtapos sa mataas na paaralan bago ka man lang makapasok. Kailangan mong magkaroon. . . kailangang masuri ka muna ng isang psychiatrist bago ka maordenan.

173 Maiisip mo ba sina Pedro, Santiago, at Juan na nagpapatingin sa isang psychiatrist? Natatandaan n'yo ba 'yung isandaan at dalawampu doon, ni hindi nga kayang isulat ang sarili nilang pangalan? Tatayo pa sa harapan ng isang psychiatrist, titingnan kung sila. . . kung ang lahat ng kanilang. . . kung ang kanilang mga kilos ay talagang tama, at iba pa? Mayroon silang pagkilos, pero iyon ay hindi intelektuwal na pagkaunawa o siyentipikong pananaliksik. Iyon ay sa pamamagitan ng Kapangyarihan ng Diyos. Kapag Iyon ay tumimo sa kanila, wala silang alam na gawin kundi gawin kung ano ang sinabi ng Banal na Espiritu na gawin. Hindi nila binigyang-pansin ang anumang intelektuwal, kung ano ang sinabi ng iglesya, at kung ano ang sinabi ng mga saserdote, kung ano ang sinabi *nito*, sinabi *niyan*. Kumilos sila sa pamamagitan ng Espiritu; mga lalaking walang takot.

174 Unang Juan 2:15, ang sabi Niya, "Kung iniibig ninyo ang sanlibutan, o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala man lang sa inyo." Kita n'yo? Kaya papaano kayo magbubuntis sa Salita ng Diyos na humahatol sa sanlibutan, humahatol sa Hollywood, humahatol sa lahat ng mga pausong moda nito, humahatol sa lahat ng mga party na ito at mga kung anu-anong ginagawa, at kung ano pa mang tawag na mayroon sila sa pangalan ng relihiyon? Hinahatulan iyan Nito. Papaanong mapagbubuntis ng Salita ang isang tao: papaano magagawa iyan sa isang babaeng maikli ang buhok, na pintado ang mukha, nagsusuot ng shorts?

175 Papaano magagawa ng isang mangangaral, na pupunta rito sa isang seminaryo, at titingin sa Mga Gawa 2:38 at makikita na walang isa mang tao sa Biblia na kailanman ay nabautismuhan sa mga titulo na iyon, at pagkatapos sasabihin pa rin na siya ay buntis sa Salita ng Diyos? Nagsasabi siya sa inyo ng kasinungalingan! Ipinagbili niya ang kanyang mga karapatan sa pagkapanganay. Nagkasala siya ng pangangalunya laban sa mismong Bagay na sinabi niya. Siya ay inihiwalay na, sa diborsiyo.

Ang Diyos ay magkakaroon ng isang malinis na Iglesya, sadyang ganoon nga, isang Nobya.

176 Ang sabi ng Biblia, "Ang Salita ay wala sa inyo." Kaya anong uri ng mga anak ang iniluluwal ninyo? Buntis na mga maka-

denominasyon. Hindi pa nagkaroon ng kamatayan doon para ihiwalay kayo mula sa inyong unang mángingibig.

177 "Ano kaya ang iisipin ng mga Jones kung ako ay mag-iiiyak at magsasalita sa iba't ibang wika? Ano kaya ang iisipin nila kung ako ay nagpabautismo muli?" Napaka-walang kuwenta! Ikinasal ka ba sa mga Jones? Ikinasal ka ba sa iglesya? O ikinasal ka kay Cristo, ang Salita?

178 Ngayon, iyan ang dahilan kaya nagsisilang pa rin siya ng kanyang mga anak. Anong uri ng mga anak mayroon siya? Narito ang ilan sa mga pangalan nila na tinatawag nila ngayon: cats, beatles, monsters, rickies, rickettas. Cats, beatles, iyan ay mga miyembro ng iglesya. Totoo. Silang lahat ay kanyang mga anak, mga anak ni Cain, na siyang mga anak ng naturang tusong hayop, na sadyang napakapinong mandaya.

179 Ngayon tingnan nang maigi sandali, sa pamamagitan ng inyong sariling espirituwal na paningin, ang inyong kaluluwa. Tumingin lamang sa paligid. Ako'y nangungusap sa buong bansa ngayon. Tumingin lamang sa ilang sandali, kayo diyan sa Branham Tabernacle, kayong mga nasa mga tabernakulo sa West Coast, at Arizona, at sa lahat ng dako na kinaroroonan ninyo. Tumingin kayo sa inyong sarili sa ilang sandali. Sasabihin ninyo, "Ang Mensahe na iyan na ipinapangaral mo, Kapatid na Branham, ay mali." Tumingin kayo sa inyong sarili nang kaunti. Hayaan ang Espiritu Santo na saliksikin ang inyong mga pag-iisip sa pamamagitan ng Salita, sasang-ayon kayo sa Mensahe. Hayaan si Cristo, ang pinahirang Salita, na saliksikin ang inyong sariling budhi. Hayaan Siyang pumasok sa inyo, tingnan kung Iyan ba ay tama o hindi. At iyan lamang ay isa o dalawa na mga bagay na binanggit ko, gayong mayroong daan-daan sa mga iyon.

180 Sumasang-ayon ba ang Biblia sa isang babae na nagpuputol ng kanyang buhok? [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Ang Biblia ba ay naniniwala, sumasang-ayon sa tatlo, diyan sa mga pagbabautismo sa pangalan ng "Ama, Anak, Espiritu Santo"? ["Hindi."] Walang gayong bagay. Sumasang-ayon ba ang Biblia sa pagsusuot ng babae ng kasuotang panlalaki? ["Hindi."] Buweno, tingnan lamang ang tatlong iyan doon, kung saan mayroong daan-daan pa. Saliksikin ito sa Liwanag ng Salita ng Diyos.

181 Sasabihin ninyo, "Isa akong miyembro ng iglesya." Ganoon din si Cain. Ganoon din si Eba. Sinasabi na ng Biblia, sa mga huling araw, na ang Laodicea ay magiging ganoon din.

182 Hayaan ang Espiritu Santo na saliksikin ang inyong budhi, at kayo ay sasang-ayon sa Daniel 5:12. Nang ang reyna ay lumapit sa harapan ni Belteshazzar, at sinabi na natuklasan niya na mayroong isang propeta, si Daniel, na nasa kalagitnaan nila, at siya ang pumapawi ng mga pag-aalinlangan. Hayaan

ninyo ang Espiritu Santo. Siya ang Propeta ng panahon. Hayaan Siyang pumasok sa inyong puso ngayon mismo at siyasatin sa Salita ng Diyos, at ang mga pag-aalinlangan sa Mensahe ay mapapawing lahat. Pinapawi Niya ang lahat ng mga pag-aalinlangan. Masusumpungan ninyo, na ito'y tugmang-tugma sa Salita para sa panahon na ito.

183 Hindi ninyo maaaring ipangaral ang mensahe ni Luther ngayon. Kasama iyon Dito, ngunit iyon ay ang mga paa. Uh-huh. Uh-huh. Hindi maaaring ipangaral ang kay Wesley. Hindi maaaring ipangaral ang sa Pentecostal. Tayo'y lubos na lampas na diyan. Sila ay naging denominasyon na at nangamatay na. Sila ang tangkay.

184 Ang tangkay ay lumitaw kasama ng dahon, iyan ang unang kalagayan ng iglesya. Ngayon, iyan doon ay hindi naman katulad yaong unang butil na naibaon sa lupa, na trigo.

185 Ang ikalawang lumitaw ay isang pollen. Hindi pa rin niyan katulad yaong butil. Medyo kahawig lang niyon. Iyon ay dumarating na halos kawangis ng tunay na butil. Ngunit ang mga dahon ay totoong hindi kawangis ng butil na naibaon sa lupa. Iyon ay tagapagdala lang ng buhay na nasa butil. Ngunit ano ang ginawa niyon? Iyon ay nagdenomina, katulad lamang ng ang lahat ng ibang kalikasan ay tumutugma rito. Iyon ay namatay.

186 Pagkatapos ay ano? Ang buhay ay tutuloy mismo doon sa uhay. Mayroon itong maraming maliliit—maliliit na mga bola na nakabitin dito, na mukhang parang maliliit—maliliit na mga butil sa loob nito. Para bang isang totoong butil, pero hindi.

187 Pagkatapos ay tutungo ito doon sa pagkatalukap. At ano ang pinalilitaw niyon? Isang talukap.

188 Ngayon, kumuha kayo ng isang butil ng trigo, kapag ang trigo ay nagsisimula nang umusbong. At sinabi ni Jesus, "Isang butil ng trigo . . . " At kunin n'yo ang trigo na iyan at buksan ito. Hilahin n'yo ito sa tangkay. Tingnan n'yo ito. Sasabihin n'yo, "Mayroon na kaming butil ng trigo." Mag-ingat kayo. Kahawig lamang ito ng butil, pero walang isa mang butil doon. Iyon ay isang talukap.

189 Hayun ang mga Pentecostal, "Na halos na," gaya ng sinabi ng Mateo 24:24, "mailigaw ang mismong Mga Hirang sa mga huling araw, kung maaari." Ngunit hilahin ninyong isa-isa ang mga dahon, wala kayong anumang butil. Ang butil ay kasunod pa mismo niyon. Kita n'yo?

190 At pagkatapos ang Buhay ay aalis sa denominasyon na iyan, paparoon sa butil. Pagkatapos anong mangyayari? Kapagka ang butil ay nagsimulang lumaki, at para mas lumaki pa upang Ito ay makatakip sa isang bagay, ang denominasyon ay humihiwalay mula Rito. Bakit hindi tayo nagkaroon ng isang

denominasyon mula Rito? Hindi sila magiging gayon kailanman. Ito na ang butil. Ito'y wala nang paroroonan pa. Tayo'y nasa huling panahon na. Kaya ano na ang kailangan Nitong gawin ngayon? Ang mabilad sa presensiya ng Anak, upang mahinog, ganyan ngang talaga, ang Salita para mahinog sa inyong puso, upang ilabas at ipamuhay ang kung ano ang ating sinasabi. Siyanga, po.

191 Kung gayon ay hindi na kayo magkakaroon pa ng mga pag-aalinlangan, kung hahayaan ninyo ang Espiritu Santo na ihayag Ito sa inyo, katulad ng sinabi ng reyna tungkol kay Daniel.

192 Maaaring sabihin ninyo, "Ano naman ang kinalaman nito sa pagpapasalamat? Anong sinasabi mo, Kapatid na Branham? Heto na, labinlimang minuto bago mag-alas-nuwebe. Wala ka pang sinabing kahit ano tungkol sa pagpapasalamat." Napakatugmang Mensahe para sa naturang okasyon, para sa akin! Oo, talaga.

193 Ang mga magulang nating manlalakbay noon ay labis na nagpapasalamat sa kanilang bagong-nasumpungang pamamaraan ng pamumuhay, bilang nahiwalay na mula sa sinaunang Ingles na mga denominasyon at kredo. Maaari na silang maikasal sa bagong pinahirang Salita para sa kanilang kapanahunan; tama 'yan, ang bago, pinahirang Salita ng kanilang kapanahunan, para sa kanilang panahon.

194 Gayon din naman na tayo ay labis na makapagpapasalamat, bilang mga manlalakbay, tulad ni Abraham, na inihiwalay na ang ating sarili mula sa mga bagay ng sanlibutan, sa lahat ng ating mga naging kasamahan. Si Abraham ay isang manlalakbay noon. Inihiwalay na tayo ng Diyos mula sa lahat ng mga patay na relihiyon. Ako'y nangungusap sa buong bansa ngayon, lahat ng mga patay na kredo. At upang ano? Inihiwalay tayo, at binuksan sa atin ang isang bagong lupain, isang bagong Mensahe para sa panahon na ito.

195 Natuyot at namatay na ang Pentecostal, katulad nina Luther, Wesley, at ng lahat ng iba pa sa kanila. Iyon ay wala nang iba pa kundi isang kawan na lang ng mga iglesya na pinagsama-sama. May mga taong mabubuti na naroon, gayon pa man, kailangang lumabas.

196 Anong ginawa Niya? Binuksan Niya ang Pitong Selyo ng huling Mensahe. Napansin ba ninyo iyon? Ang Pitong Selyo, na, ang lahat ng mga hiwaga ng pitong kapanahunan ng iglesya ay naselyuhan ng Pitong Selyo. Ang mga repormador ay hindi nagkaroon ng sapat na panahon para gawin ito noong kanilang panahon. Hindi sila nabuhay nang matagal-tagal. Ngunit itong pinagpalang kapahayagan ng Pitong Selyo, ito ay bukas na sa atin sa mga huling araw na ito, mula sa isang propesiya na naipahayag doon sa Arizona.

197 Kung gaano kong hiniling sa Diyos, noong isang araw, "Ano po ba ang gagawin Mo sa akin dito sa disyerto?"

198 Alam ba ninyo na isinulat ni Moises ang Bagong Tipan . . . o ang Lumang Tipan? Totoong ginawa niya. Inilalahad ng unang apat na Aklat ang mga kautusan tungkol sa lahat na: Genesis, Exodo, Levitico, at Deuteronomio. Isinulat niya ang Lumang Tipan. Para magawa iyan, ay kinailangan niyang iwan ang lahat niyang mga kasama at mga mahal sa buhay, at pumaroon sa disyerto.

199 Isinulat ni Pablo ang Bagong Tipan. Tama 'yan. Isinulat niya ang Mga Taga Roma, at ang Mga Taga Roma at ang lahat ng iba pa Nito doon, ang Mga Taga Hebreo at Timoteo, at iba pa. At upang magawa iyan, kinailangan niyang ihiwalay ang kanyang sarili, at pumaroon sa Arabia, sa isang disyerto, sa loob ng tatlong taon, tanggapin ang kapahayagan ng Diyos.

200 "Oh," sasabihin ninyo, "papaano naman sina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan?" Sila ay mga manunulat na isinulat lamang ang ginawa ni Jesus.

201 Si Pablo ay pinagbukud-bukod at pinagbuo-buo ang Salita. Tama 'yan. Buweno, kung gayon, tingnan ninyo, kung kinailangan niyan, at kinailangang pumaroon sa isang disyerto, malayo sa kanilang mga mahal sa buhay.

202 Natatandaan ninyo kung ano, *Ano Na Ba Ang Oras, Ginoo?* Ilan ang mga nakarinig niyon? Sabihin, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Iyon ba ay totoong tama? ["Amen."] Kung gayon nakamtan natin ang kapahayagan sa mga huling araw na ito, para matipong sama-sama ng Mensahe ng Panginoong Diyos ang Kanyang Nobya. Walang ibang kapanahunan ang pinangakuan ng ganito. Ito'y ipinangako sa kapanahunang ito: Malakias 4, Lucas 17:30, San Juan 14:12, Joel 2:38. Ang mga pangakong iyon ay sadyang katulad ni Juan Bautista na ipinakilala ang kanyang sarili sa Kasulatan.

203 Ipinakilala ni Jesus ang Kanyang Sarili. Ano'ng sinabi nila? "Lumayo kayo sa ganyang tao!" "Si Juan ay isang mailap na tao." Hindi kayang tanggapin ng iglesya iyon. Iyan ang tularán. Ni hindi rin matatanggap ito ng iglesya ngayon.

204 Ngunit, sa Mga Hinirang, ang Diyos ay tumatawag sa Mga Hinirang. Nakikilala nila iyon: tinatawag ang malinis na Nobya, ang Salita, ang panghuling-panahon na Iglesya, ang hinirang na Babae ng ating Panginoong Jesus Cristo, na Salita. Kung . . . Si Jesus ay ang Salita. Ilan ang naniniwala niyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mabuti. Kung gayon, ang Nobya ay laging bahagi ng Nobyo, kaya ang Nobya ay hindi magiging isang denominasyon. Ito ay dapat na maging ang Salita, na nahahayag, upang maging Nobya ni Cristo. Ipinangako Niya na gagawin ito. Sinabi Niya kung papaano Niya ginawa. Hindi kailanman ginamit . . . nawala ang Kanyang tularán. Ginawa

Niya iyon sa tuwina sa pamamagitan ng tularán. Ginawa Niya iyon, sa bawat pagkakataon, sa pamamagitan ng tularán. Ginagawa Niya ito muli, tinatawag ang Kanyang malinis na Nobya sa huling panahong ito, ang kaibig-ibig na si Rebecca na naghihintay sa Kanyang Isaac. Napakagandang panahon!

205 Dito ay inilalantad nito, ang dalawang aklat na magiging misteryo sa inyo kapag nabasa ninyo ang aklat ng *Ang Pitong Kapanahunan Ng Iglesya*. Ang naturang dalawang aklat: ang aklat ng buhay, ay sinabing, may isang nagsasabi na mailalagay mo ang iyong pangalan diyan, hindi ka na kailanman mabubura; 'yung isa naman ay nagsasabing aalisin mo ang kanyang pangalan mula doon sa Aklat ng Buhay. Ganap nitong inilalantad iyon, dito mismo. Ako'y hihinto nang ilang sandali, marahil, sa ilang tala na naririto, at makuha ito bago tayo magtapos.

206 Ang buhay ay isang sagradong bagay, sa Diyos, at ito'y nakatala sa isang aklat. Ang Diyos ang siyang May-Akda ng buhay. Pinaniniwalaan ba ninyo iyon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

207 Ang ating natural na buhay rito, na mayroon tayo, ay isa lamang na binaluktot. Ito talaga ay dapat sana na tamang buhay, sa simula pa lang, pero ito'y nabaluktot ng natural na kapanganakan. Ang unang buhay, o ang inyong unang pakikipagkaisa, kayo ay pinag-isa sa kapanganakan, sa pamamagitan ng kalikasan, isang natural na gawa. Isang natural na tao na pinag-ugnay, lalaki at babae nagkasama, pinag-ugnay na magkasama sa seksuwal na bagay, na nagdala ng inyong unang buhay dito, at iyan ay may kaugnayan sa kasalanan at kamatayan. Papaanong di n'yo pa makita ang binhi ng serpiyente?

208 Gayong nakikita ninyo ang babae, na isang kalakip lang na produkto; walang ibang babae ang katulad niya; na ginawa sa ganyang kalagayan, nalalaman na siya ay madadaya. Alam ng Diyos. Kung hindi Niya alam ang wakas mula sa pasimula, hindi Siya Diyos kung gayon. Kung hindi Siya walang-hanggan, kung hindi Siya . . . At hindi Siya maaaring maging walang-hanggan nang hindi nagiging nakakabatid sa lahat ng bagay, sumasalahat ng dako, nalalaman ang lahat ng mga bagay, Walang Hanggan. Kaya alam Niya ang lahat ng mga bagay, at kailangan Niyang likhain ang babaeng iyan.

209 Ang lalaki ay walang asawa noon. Ang asawang babae at ang asawang lalaki noon ay iisa lang. Taglay pa ng lalaki noon ang pambabae at panlalaki na espiritu sa kanyang sarili.

210 Kinailangan Niyang paghiwalayin, kumuha ng isang kalakip na produkto, matapos na ang buong sangnilikha ay nalikha na. Walang babae na nilikha ng Diyos, sa orihinal na paglilikha, na makagagawa ng bagay na tulad niyan. Ginawa

siyang ganyan, para magawa iyon. Alam Niyang gagawin niya iyon. Kung hindi Niya alam, ay hindi Siya Diyos.

211 Ngunit, kita n'yo, ang mga katangian na nasa Diyos ay kinailangang maipakita. Siya—Siya ay magiging isang Tagapagligtas. At upang likhaing sakdal ang lahat-lahat, gaya sa mga ginawa na Niya, kung gayon ay walang bagay na mapapahamak. Oh, huwag maging mga bata. Magpakalalaki at magpakababae. Tayo'y nasa dulo na ng daan. Pansinin ninyo.

212 Ngayon, iyon ay kalikasan, na nakaugnay sa kamatayan. Ang inyong unang asawa, na mayroong pamamahala sa inyo, ay ang inyong kalikasan sa natural na kapanganakan. Sa natural, iniibig ninyo ang sanlibutan dahil kayo ay ang sanlibutan, at bahagi ng sanlibutan. Tama ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang inyong mga pagnanasa, ayon sa inyong kalikasan, ay ang ibigin ang sanlibutan kung saan kayo ay bahagi niyon. Kayo'y bahagi ng kalikasan. Pinaniniwalaan ba ninyo iyan? ["Amen."] At natural na bagay iyan sa inyo.

213 Iyan ang dahilan kaya dapat kayong maipanganak na muli. Kailangan n'yong humiwalay; kailangan n'yong mamatay sa unang asawa na iyan. Hindi kayo maaaring mamuhay na kasama iyon. Hindi ninyo maaaring sabihin lamang na, "Buweno, ididiborsiyo ko siya, at hayaan lang muna siya rito hanggang sa may pagkakataon na naman." Hindi, po. Hindi lang basta kasulatan ng paghihiwalay! Siya ay kailangang mamatay. Ang kalikasan ng sanlibutan ay kailangang mamatay. Bawat kaliit-liitan na bahagi niya ay kailangang mamatay. Kayo ay dapat na maibalik, muli, sa isa pang Kalikasan.

214 Ang inyong pangalan sa inyong unang kalikasan, ay ipinanganak, at inilagay sa isang aklat ng buhay. Ang lahat ng inyong mga gawa ay isinulat rin doon. Lahat ng bagay na nagawa ninyo sa ilalim ng kalikasan na iyan ay inilagay sa isang aklat, na tinatawag na aklat ng buhay.

215 Napansin ba ninyo, sa Daniel, nang siya ay pumaroon sa "ang Matanda sa Mga Araw, na ang Kanyang buhok ay kasing puti ng balahibo ng tupa. Laksa-laksa ang naroong kasama Niya, upang maglingkod sa Kanya; ang—ang Nobya. At pagkatapos ang mga aklat ay binuksan." "At isa pang Aklat ang binuksan, na siyang Aklat ng Buhay." Kita n'yo? Mayroon nang mga banal na naroon na, ang Iglesya, ang Nobya. "Isa pang Aklat ang binuksan, na siyang Aklat ng Buhay."

216 Ngayon, kayo, ngunit kapag kayo ay naihiwalay sa pakikipag-isang iyon, sa pamamagitan ng espirituwal na kamatayan. Ang inyong natural na nasain ay putulin ang inyong buhok. Ang inyong natural na nasain ay magsuot ng shorts, pintahan ang inyong mukha. Ang inyong natural na nasain ay maging intelektuwal, matalinong tao, may higit na nalalaman

kaysa sa iba. Iyan ang gusto ni Eba. Iyan ang mismong gusto niya.

217 "Aba, nga naman! Ikaw maliit na dalawang kapiranggot, na pipitsuging mangangaral, tatayo diyan at pagsasabihan pa ako? Mayroon akong Ph.D., LL." Lalo ka lang inilalayo niyan sa Diyos, sa tuwing magdaragdag ka ng isang bagay. Kita n'yo? Kita n'yo? Iyan ay tama. Totoo 'yon. Kita n'yo?

218 Iyan ang pinili ni Eba. Siya noon ay buntis sa ganyang uri ng pagbubuntis. Ganyan ang iglesya sa ngayon, dahil sa mga paaralang pang-Biblia at mga intelektuwal. At, tingnan ninyo, bawat isa ay hindi sumasang-ayon sa iba pa, isa nang malaking kalituhan katulad na katulad lamang sa sinabi ng Biblia, "Babilonia."

219 Alam ng Nobya kung saan Siya naninindigan. Siya ay talagang kakaunti. Hindi marami ang maliligtas; talagang, talagang, talagang kakaunti lamang. Sasabihin ninyo, "Aba, doon, ang sabi, 'libu-libo.'" Oo nga. Pero sila'y nagmula sa buong dalawang libong taon, din naman, sa bawat kapanahunan kung saan Ito nagmula. Kailanman . . .

220 Sa kapanahunan ni Luther at ng grupong iyon; at pagkatapos ay nangamatay, at napunta na sila, naging denominasyon na; pagkatapos ay si Wesley; at pagkatapos ay dumating na ang mga pentecostal, at iba pa. Lahat na ng maliliit na lumabas na mga sanga ng mga Baptist, Presbyterian, mga Methodist, mga Nazarene, Pilgrim Holiness, at iba pa, kita n'yo, lahat ng mga iyon na nagsanga mula doon katulad ng dahon.

221 Ngunit, tandaan, nang ito ay naibaon; at ang butil ay nagsimulang mahinog. Masusumpungan ninyo, na bago mahinog ang butil na iyan, lahat ng nasa tangkay na iyan ay kailangang patay na. Aleluya! Hindi ba ninyo nakikita kung saan na tayo naroroon? Nasa butil na muli ang Buhay. Ano nga ito? Katulad na katulad lamang ng gayon ding butil na nabaon sa lupa, ang siya ring si Jesus sa anyong Nobya, siya ring kapangyarihan, siya ring Iglesya, siya ring bagay, siya ring Salita. Ang siya ring Salita na hinigop mula sa mga ito at lumabas rito, at humantong sa ulo rito. At ang buong Buhay na iyan na dumaloy rito, ay pinili ang mga tao nito. Ngayon ito'y nahuhubog na patungo sa ulo, para sa Pag-Agaw. Ipangangaral ko iyan bukas ng gabi, o sa susunod na gabi, isang gabi, kung loloobin ng Panginoon.

222 Buweno, kayo ay nahiwalay mula sa inyong unang pakikipag-isa, sa pamamagitan ng espirituwal na kamatayan. Ngayon kayo ay ipinanganak na muli, o muling ikinasal, tungo sa bagong espirituwal na pakikipag-isa; ng hindi sa inyong natural na buhay ng mga bagay ng sanlibutan, kundi ng Buhay na Walang Hanggan. Ang binhi na iyan na nasa inyo na sa pasimula, ay natagpuan kayo.

223 Ngayon, ang inyong dating aklat ay wala na, kasama ang inyong dating pakikipag-isa. Ngayon, ang inyong pangalan sa inyong dating, sa inyong. . . ay nailipat na. Ngayon, sasabihin ninyo, "Ibig mong sabihin sa akin na ang dati kong aklat. . ." Inilagay na iyon ng Diyos sa Dagat ng Kanyang Pagkalimot. Tumatayo kayong sakdal na sa harapan ng Diyos.

224 Ngayon, ang inyong pangalan ngayon ay nasa bagong Aklat na; hindi ang aklat ng buhay, kundi ang Aklat ng Buhay ng Kordero, ang tinubos ng Kordero. Hindi ang lumang aklat ng inyong natural na pakikipag-isa, kundi ang inyong bago, na pagka-Nobya. Aleluya! Ang inyong bagong buhay ay nasa Aklat ng Buhay ng Kordero, ang inyong kasamiyento, aleluya, kung saan ang inyong tunay na Walang Hanggang binhi, na mula pa sa pasimula, ay nanghawakan na. Ngayon hindi lamang kayo pinatawad, kundi kayo ay inaring-ganap. Luwalhati! "Inaring-ganap," sabi ng Mga Taga Roma 5:1. Oo. Sinabi ng Mga Taga Roma 5:1, "Yaman nga na mga inaaring-ganap sa pananampalataya."

225 Tingnan ninyo ang salitang iyon. Ang naturang salita ay hindi nangangahulugang pinatawad. Ang salitang iyon ay nangangahulugang inaring-ganap. Hindi iyon nangangahulugang pinatawad ka na.

226 Halimbawa, narinig ninyo na ako ay nalasing at—at gumawa ng mga bagay na masama, at lahat na. Pagkatapos ay lalapit kayo, sasabihin n'yo sa akin. Nalaman ninyo na hindi ko naman pala ginawa ang mga iyon, pagkatapos ay lalapit kayo, sasabihin, "Kapatid na Branham, pinatatawad na kita." Pinatatawad ako? Hindi ko naman ginawa iyon, unang-una. Kita n'yo?

227 Ngayon, kung ginawa ko nga iyon, ako'y may-sala. Ngunit maaari ninyo akong patawarin, at ako ay wala nang kasalanan. Ngunit gayon pa man ay hindi ako naaring-ganap, dahil ginawa ko talaga iyon.

228 Ngunit ang salitang, *inaring-ganap*, ay para bang hindi mo nagawa iyon. Amen. Ni hindi iyon isinaalang-alang, man lang. Papaano iyon nangyari? Sa Aklat ng Diyos ng Dagat ng Pagkalimot, ang iyong lumang aklat at pagka-kasal ay idiniborsiyo na at patay na. Ni wala na nga iyon sa mga alaala ng Diyos. Amen. Ikaw ay inaring-ganap. "Yaman nga na inaaring-ganap." Iyon ay pinaratangan noon. Ikaw ay pinaratangan noon. Hindi mo iyon kailanman ginawa, unang-una. Ang naturang lumang pakikipag-isa ay nasa Dagat na ng Pagkalimot ng Diyos. Hindi ka naman naikasal doon, sa simula pa lang. Siya, ang Nobyo, ay pinasan ang iyong kahihiyan, Siya Mismo, para sa iyo, na kahalili mo. Kinuha Niya ang iyong lugar, dahil sa ikaw ay itinalaga para sa Kanya, na mapabilang sa Kanyang Nobya,

bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan. Gayon nga ang sinabi ng Biblia. Kayo ang itinalagang Binhi.

229 Papaanong nangyari na nagawa n'yo ito? Nadaya kayo dito dahil sa inyong unang kasal, sa inyong mapangalunyang magulang, na si Eba. Hindi ninyo sariling kasalanan iyon. Sa inyong natural na kapanganakan, dumating kayong kasunod ni Eba, na nagkasala ng pangangalunya. Iyan ang dahilan kaya kayo ay ipinanganak na isang mangangalunya. Kayo'y isang makasalanan, unang-una. Tama 'yan. Kayo ay nadaya dito. Wala kayong . . . Hindi, kayo, hindi n'yo iyon pagkakamali.

230 Hindi ninyo kailanman ginawa iyon. Dahil, ang munting binhi na iyan na nasa inyo, ay siyang kayo, bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan. Inilagay ng Diyos ang inyong pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero.

231 Katulad ng aking kuwento tungkol sa munting agila, lahat kayo ay narinig na iyon. Isang inahing manok . . . Isang matandang magsasaka ang nagpalimlim ng isang—isang inahin, minsan. Kaya wala siyang sapat na mga inahin . . . mga itlog para ipalimlim sa inahin. Kaya pagkatapos ay nakakita siya ng isang itlog ng agila, at ipinalimlim niya ito dito. Nang isilang na ang agila, iyon ang pinaka-katawa-tawang itsurang manok na kailanman ay nakita nilang mga manok, maliit na agilang naglalakad-lakad. At sasabihin naman ng inahin, "Kluk, kluk, kluk, kluk."

232 Sabi ng munting agila, "Hindi ko alam kung ano ang ibig sabihin ng tunog na iyan, pero susunod ako sa kanya, kahit papaano."

233 At lumabas sila sa may bakuran at nagsimulang kumahig sa mga bunton ng dumi. At siya, "Kluk, kluk, kluk. Masarap ito. Masarap ito. Sumali ka sa amin. At ito ang . . . "

234 Ang munting agila na iyon, hindi naman niya makain ang bagay na iyon. Kita n'yo? Siya lamang ay—pasama-sama lang siya doon sa manok dahil hindi niya alam. Hindi niya alam kung ano ang gagawin. At pagkatapos ay lumabas ito doon, at tutuka ito ng *ganito* o *ganoon*. At ang munting agila ay sadyang—kailangan lang niyang sikmurain iyon, pero siya—hindi niya alam kung papaano gawin iyon. Pero nakita niya ang lahat ng mga manok na ginagawa iyon, gayun pa man may bagay na kakaiba. Hindi niya gusto iyon.

235 Kaya, isang araw, alam ng ina na nangitlog siya ng dalawa. Kaya nagsimula siyang hanapin ang isang iyan, lumilipad-lipad, naghahanap-hanap, katulad ng dakilang Espiritu Santo. Isang araw lumipad siya doon sa may bakuran, sa denominasyon na iyon. Tumingin siya doon sa ibaba, at nakita niya ang kanyang anak. Sumigaw siya. Iyon ay ang Tinig ng kung anong bagay na umalingawngaw mula sa kaloob-looban niya. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Oh, Iyan ay magandang tunog! Oh! Hayaan

na ang totoong itinalagang-ipinanganak na muli na binhi, na itinalaga ng Diyos, ay marinig ang Salita ng Diyos, Ito ay musika para sa kanya. Alam niya na Ito ang Katotohanan.

236 Siya'y pagod na sa bagay na iyan na maka-denominasyon, kung tutuusin naman, "Umanib ka sa amin. Halika, sumama ka sa amin. Mayroon kaming isang pangkasayahang pagtitipon. Mayroon kami *nito*. Mayroon kaming . . . " Iyon ay sadyang hindi tamang tunog, para sa munting agila.

237 Sabi nito, "Anak, hindi ka naman kabilang sa grupong iyan, kung tutuusin. Kabilang ka sa akin. Akin ka."

238 Sinabi niya, "Nanay, mukhang totoo nga po iyan. Papaano po ako makakalabas?"

239 "Basta lumundag ka lang. Sasaluhin kita." Uh-huh. Iyan lang ang kailangan mong gawin.

240 Ang pinahirang Salita ng Diyos na pinatunayan sa harapan ng sinumang tao na ipinanganak upang maging anak ng Diyos, na taglay ang itinalagang binhi sa loob niya para sa panahong ito, ay makikita niya ang Mensahe ng Diyos na kasing tiyak na mayroong isang Diyos sa Langit. Nakita ni Martin Luther Ito para sa panahon niya. Nakita ni Wesley Ito para sa panahon niya. Nakita ng pentecostal Ito para sa panahon niya. Ngayon papaano naman kayo? Uh-huh. Naging isang denominasyon sila. Narito ang Salita na hinahatulan iyon; sinasabi sa inyo kung ano ang matatanggap natin ngayon, at tugmang-tugma lamang sa Malakias 4 at lahat nitong iba pang mga pangako para sa panahong ito. Ano ang nakikita ninyo? Ano ang namamasdan ninyo? Amen. Narito na tayo. Ang talagang tunay na agila ay nakikinig. "Nakikilala ng Aking mga tupa ang Aking Tinig. Hindi nila susundan ang isang hindi nila kilala."

241 Bakit? Inilagay Ito doon sa pamamagitan ng pagtatalaga. Kayo ay itinalaga na maging isang anak ng Diyos. Kayo ay nasa Diyos na bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan. Kayo lamang ay nahayag sa panahon na ito para sa Kanyang karangalan at kaluwalhatian. Papaano ninyo magagawa ito nang hindi pinahahalagahan ang Kanyang Salita, at manindigan sa bawat Salita ng Diyos? Siyanga, po. Na, kayo ay bahagi ng Salita na iyan, ayon sa pagtatalaga. Dahil, tingnan ninyo, ang Diyos ay ang Salita. Pinaniniwalaan n'yo ba iyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Buweno, sa gayon, kung . . . Siya ay laging ang Salita. "Nang pasimula ay ang Salita." At kung ang Salita ay Diyos, kung gayon kayo noon ay nasa Diyos. Ang Salita, ang bahagi na inyong gagampanan, ay nasa Diyos na bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan. Nakita na Niya kayo. Kilala na Niya kayo. Itinalaga Niya kayo doon.

242 Sasabihin ko sa inyo, kagaya lang ng kung paanong ang agilang iyan ay napagkilala ang tinig na iyon, gayon din naman na ang isang—isang tunay na ipinanganak na muling

Cristiano ay makikilala ang Tinig ng Diyos na nangungusap sa pamamagitan ng Salita, kapag nakita nila Itong pinahiran at pinatunayan. Tingnan n'yo. Tumingala siya *Doon*. Hindi niya nakita itong matandang inahin na nag-kluk-kluk sa paligid *rito*, "Umanib ka sa amin at magpunta ka *rito*. At pumunta ka *rito*, at pumunta *dito* at *diyan*." Nakita niya ang isang—isang nilalang na gusto niyang maging katulad, na pumapailanlang sa himpapawid, sumisigaw, malaya, na naroon sa kaitaasan, na sa ibabaw pa ng lahat ng mga buwitre at mga bagay na makalupa. Aleluya! Gusto niyang maging ganyan dahil nasa kanya ang maging ganyan.

243 At ang isang tao na ipinanganak ng Diyos, isang anak ng Diyos, ay dapat na taglay niya ang kalikasan ng Diyos. Siya ay dapat na maging katulad ng Diyos. Pinararangalan niya ang Diyos. Siya ay bahagi ng Salita ng Diyos. At sa mga huling araw na ito, ng nahuhubog na Nobyang ito, sa sadyang eksaktong siya ring kapangyarihan na Siya nga sa pasimula, ay dumaan sa lahat nitong mga organisasyon, at iba pa, at nabuo nang kabilang sa Nobya. Siya ay wala nang iba pa kundi iyan.

244 Dapat sanang nakita nila Ito, silang mga Judio noong panahon nila, nang makita nila Itong nahayag sa harapan nila, na gaya ng sinabi ng propeta na gayon Siya. Sinabi Niya, "Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan; sa Mga Iyon ay iniisip ninyo na kayo ay mayroong Buhay na Walang Hanggan. Ang Mga Iyon ang Mga nangagpapatotoo tungkol sa Akin. Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, ay huwag ninyo Akong sampalatayanan. Subalit bagaman hindi ninyo Ako masampalatayanan, ay sampalatayanan ninyo ang mga gawa na Aking ginawa."

245 Sinabi nila, "Ang aming mga magulang ay nagsikain ng manna sa ilang sa loob ng apatnapung taon. Alam namin kung nasaan kami."

246 Sinabi Niya, "At silang lahat ay nangamatay," iyan ay, Walang Hanggang naihiwalay. Lahat ay nangamatay. Mayroon lamang tatatlo noon, dalawa ang lumabas mula sa isang milyon, dalawang milyon. Iyan ay isa sa isang milyon.

247 Aba, sa isang paglabas, ng binhi mula sa lalaki at babae, kadalasan ay may isang itlog na malusog. May isang itlog, isang binhi na malusog, kung nakakita na kayo ng pagpapalahi sa bakahan. Pansinin ninyo. *Narito* ang isang—isang milyong itlog; *narito* ang isang milyong semilya; at kapag sila ay—ay napakawalan, upang magsama sa loob ng sinapupunan, sa pagdaan sa tubo at papasok sa sinapupunan, ay magtatagpo sila. Ang isa sa mga iyon ay mga itlog. Isang milyong itlog; isang milyong semilya. May iisang itlog lamang doon na malusog. May iisang binhi lamang na malusog. Silang lahat ay buhay. Mapagmamasdan ninyo silang maliliit na mga baka na nag-

uunahan doon sa loob, isang katiting na mailalagay ninyo sa isang palito ng posporo.

248 At si Demos at sila ay nakikinig ngayong gabi, at naalala niya nang sumama kami sa kanila. Isinama niya ako doon, ipinakita sa akin kung papaano iyan nangyayari. Mga test tubes, at naglagay doon ng sapat lamang na maaari mong ilagay sa dulo ng isang posporo. Iyon ay libu-libong maliliit na mga baka at mga toro doon sa loob, subalit isa lamang sa kanila ang mabubuhay. Isa lamang sa kanila! At narito ang isang malaking pabilog na kumpulan ng mga iyon, *dito*. At inyong mapapansin, ang isa ay gagapang mula sa gitna ng isa rito, mauuna, ang semilya ay pupunta *rito*; at isang itlog ang lalabas mula rito sa iba pang mga itlog sa banda *rito*, at sila'y magtatagpo. At ang lahat na ng iba pa sa kanila ay mamamatay. Gayon man, sila'y mga buhay, ngunit sila'y mamamatay.

249 Dahil, mayroong Bagay, may Isa na gumawa sa isang *ito* na malusog, at itinalaga ang isang *ito*, rin. Ito'y pagtatalaga, kapatid ko. Totoo. Ang Diyos ang magpapasya kung ito nga ay magiging batang lalaki o batang babae, mapulang-buhok, maitim na buhok, o maging ano man ito. Ito'y itinakda ng Diyos. Mas higit na mahiwaga kaysa sa isang kapanganakang birhen, para sa akin. Ngunit, pansinin ninyo, ang lahat ng iba pa sa kanila ay mamamatay.

250 Mayroong dalawang milyong katao ang lumabas, umawit, sumigaw, gumawa ng lahat na. Nagsalita sa . . . hindi kailanman nagsalita sa iba't ibang wika. Subalit sila'y sumigaw, at—at nagbigay-luwalhati sa Diyos, at sumayaw nang paroo't parito sa may dagat, at ginawa ang lahat ng bagay na ginawa ng lahat ng iba pa sa kanila, subalit dadalawa lamang ang pumasok sa lupang pangako. Si Caleb ay pumasok, si Caleb at si Josue, dadalawa lang. Iyan ay isa sa isang milyon. Iyon ay isa sa isang milyon sa natural na kapanganakan. Bawat isa sa kanila ay mayroong siya ring pagpapala.

Oh, kayong mga Pentecostal, sana ay hindi kayo magiging huli sa paggising.

251 Isa mula sa isang milyon. Tingnan ninyo. Mayroong ipinapalagay na limandaang milyong naturingang mga Cristiano sa mundo ngayon. Kung si Jesus ay paparito, mayroon lamang limandaan na makakasama sa Kanya, kung gayon, kung ang estadistika na iyan ay magiging tama. Aba, mayroong higit pa diyan ang nawawala araw-araw, sa buong mundo. Wala silang kaalam-alam tungkol diyan.

252 "'Nauunawaan ko,' sabi ng mga eskriba, 'nalalaman mo na . . .' Bakit sinasabi ng mga eskriba na—na, 'Si Elias ay kailangang dumating muna'?" Sabi nila kay Jesus.

253 Sinabi Niya, "Si Elias ay dumating na at hindi ninyo nalaman iyon." Kita n'yo? Ginawa Niya nang sadyang eksakto

kung ano ang sinabi ng Biblia na mangyayari nga sa Kanya. Kita n'yo? "Gayon din na ang Anak ng tao ay kinakailangang magbata. Sa ilalim..." Hindi nila Siya napagkilala. Gayon pa man, silang lahat ay nasa iglesya. Lahat ay nagsasabing may buhay.

254 Masigurado mo na isang tunay, muling-ipinanganak na Cristiano, isang tunay na lingkod ng Diyos, pag narinig ang Salitang iyan ng Diyos, lalabas siya kaagad mula sa anumang denominasyon, tungo sa tunay na matabang lupa, sa pamamagitan ng Salita, sa punlaang lupa. Sadyang gagawin niya iyon. Hindi ko alam kung papaano niya ginagawa iyon. Itinalaga na ng Diyos na gawin iyon.

255 Kayo ay nadaya sa pasimula, dahil sa inyong unang kasal. Ngayon alam na ninyo kung ano ang totoo. Katulad lamang ng sinabi ko, ang munting agila nang marinig niya ang Tinig ng Nobyo, ay nagpunta siya Doon, sa pinahiran, pinatunayang Salita ng Diyos para sa huling panahon.

256 Si Noe ay ang pinatunayang Salita para sa kanyang panahon. Naniniwala ba kayo diyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Buweno, ang kanyang mensahe ay hindi na uubra ngayon.

257 Si Moises ay ang pinatunayang Salita sa kanyang panahon. Naniniwala ba kayo diyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hindi na iyon uubra para sa ngayon. Si Jesus ay...

258 Si Juan ay ang pinatunayang Salita. Pinaniniwalaan n'yo ba iyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hindi iyon uubra noong panahon ni Jesus. Talagang hindi. Hindi, po. "Ang kautusan at ang mga propeta ay hanggang kay Juan; mula noon, ang Kaharian ng Langit."

259 Ang mga apostol, sila na mga nagsaayos ng Biblia. Narito dumating si Luther, noong repormasyon, ang kanyang mga salita, iyon, ang kanyang iglesya, ay hindi na uubra ngayon. Ang kay Wesley ay hindi na uubra. Ang sa Pentecostal ay hindi na uubra. Umubra iyon noong kanilang panahon.

260 Subalit ito'y ibang panahon na. Ito ay ang pagbubukas na ng Pitong Selyo. Alam kong Ito ay kakaiba sa inyong pandinig, ngunit iyon ay lubusang pinatunayan na ng Diyos. Walang—walang alinlangan Dito. Sadyang napakasakdal! Hindi ko iyan isinisiwalat sa lokal na kapulungan dito. Ako'y nangungusap sa mga tao sa buong bansa. Kita n'yo? Gawin ninyo ang gusto ninyong gawin.

261 Ngayon pansinin ninyo ang pinahirang Salita ng kanyang panahon, na kayo ay kabahagi, sa pamamagitan ng pagtatalaga. Kaagad ninyong, parang, nalaman. Nang marinig ninyo Iyan, alam ninyo kaagad na kayo ay isang agila. Inyo ring napagtanto

na kayo ay hindi isang denominasyonal na manok, sa simula pa lang. Alam ninyong mayroong bagay na mali doon. Mayroong bagay na mali, tama 'yan, sapagkat alam ninyo na kayo ay nalinlang lang dito, noong pasimula.

262 Siya, ang Nobyo, ay inalis ang inyong kahihiyan, "At inilagay iyon sa Dagat ng Pagkalimot, sa pamamagitan ng paghuhugas ng Tubig ng Salita at ng Dugo ng Buhay." Iyan ang sinabi ng Biblia. Ang inyong unang asawa na doon kayo ikinasal, ay ang sanlibutan; ang pinahirang Nobyo, na siyang nagtalaga sa inyo, ay hinugasan kayo sa paghuhugas ng naturang Tubig. Sa pamamagitan "ng iglesya"? [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Para bang hindi tama iyon. Tama ba? ["Hindi."] Maaari ninyong matagpuan iyan sa almanák, pero hindi sa Biblia ng Diyos. "Sa paghuhugas ng Tubig sa pamamagitan ng Salita." Sa Salita! Kita n'yo? Sa . . .

263 Kayo ay tumatayong lubos na inaring-ganap, na para bang hindi ninyo ginawa iyon sa simula pa lang. Ito ang Mensahe ko sa Iglesya ngayon. Habang kayo . . . habang paalis na tayo sa pagsasahimpapawid, sa ilang sandali lamang. Kayo ay tumatayo, kung kayo'y tumatayo sa Salita ng Diyos at kasama ng Salita ng Diyos, sa bawat amen, bawat tuldok, bawat kudlit. Saan kayo tumatayo? Sinisikap kong sabihin sa inyo, lumayo kayo sa kanila na mga talukap. At tumungo kayo dito sa trigo, kung saan kayo ay maaaring mahinog sa harapan ng Anak. Naririnig ko na ang pagdating ng makinang panggapas at panggiik. Kayo ay tumatayong sakdal, inaring-ganap, na para bang hindi ninyo iyon nagawa sa simula pa lang. Aleluya!

264 Kung pag-usapan nga naman ang pagpapasalamat! Napakaganda ng pakiramdam ko. Ako'y higit na nagpapasalamat diyan kaysa anumang bagay na nalalaman ko.

265 Kayo ang dalisay, malinis, walang kasalanang Nobya ng Anak ng buhay na Diyos. Bawat lalaki at babae na ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, at nahugasan sa Dugo ni Jesus Cristo, at sinasampalatayanan ang bawat Salita ng Diyos, ay tumatayong para bang hindi kayo kailanman nagkasala sa simula pa lang. Kayo ay sakdal. Ang Dugo ni Jesus Cristo! Papaano ninyo magagawang . . . Kung ang isang tao . . .

266 Kung ako ay dapat na mamatay kinaumagahan, isang lalaki ang humalili sa akin, hindi na ako maaaring mamatay para sa kasalanan na iyan. Mayroon nang humalili sa akin.

267 At si Jesus, ang Salita, ay ang humalili sa akin. Siya ay naging ako, na isang makasalanan, upang ako ay maging Siya, ang Salita. Amen. Hayaan akong manghawakan nang totoo Dito, hindi sa iglesya. Sa Salita! Amen.

268 Oh, ang espirituwal na pagkakaisang iyan ngayon ni Cristo at ng Kanyang Nobya, kung kailan ang laman ay nagiging Salita na, at ang Salita ay nagiging laman na, nahahayag,

pinatutunayan. Sadyang kung ano ang sinabi ng Biblia na mangyayari sa panahong ito, iyon ay nangyayari na, sa araw-araw. Aba, ito'y nagtitipun-tipon na nang napakabilis doon, sa mga disyerto na iyon, at mga bagay-bagay na nagaganap, na ni hindi ko na nga masabayan iyon. Tayo'y nalalapit na sa Pagparito ni Jesus, upang maipagkaisa sa Kanyang Iglesya, kung saan ang Salita ay nagiging ang Salita. Ang pagtawag ng Espiritu Santo, na sinasaliksik ang mga puso!

269 Kayo ay tumatayong, lubos na ganap. Hindi kayo kailanman nagkasala sa simula pa lang. Ni hindi nalalaman ng Diyos. Iyon ay nasa Dagat na ng Pagkalimot. Hindi ninyo kailanman ginawa iyon. Kayo ay naparatangan dito, ng tagapagparatang. Ngunit sa totoo, mula sa pasimula, kayo ay itinalaga na upang maging anak na lalaki at anak na babae ng Diyos. Kayo ay tumatayo doon, na nahugasan na. At ang inyong lumang aklat ng pakikipaghiwalay ay itinapon na, at iyon ay patay na, lubusan nang hindi umiiral, maging sa isipan ng Diyos.

270 Kayo ang malinis na Nobya ni Cristo, na nahugasan sa Dugo ni Cristo. Minamahal, malinis, walang kasalanang Anak ng Diyos na nakatayong taglay ang dalisay, walang-dungis na Nobyang-Salita na hinugasan na Niya sa Tubig ng Sarili Niyang Dugo; na naging laman at nahayag, upang makuha Niya kayo na mga itinalaga na doon sa sinapupunan ng Ama, bago pa ang pasimula, na kagaya Niya. Siya yaong dakilang katangian ng Diyos, na tinatawag na "pag-ibig."

271 Maging anuman kayo, kayo ay mga lingkod ng Diyos, maging anuman ang gustong ipagawa ng Diyos sa inyo, kung saan man ang inyong puwesto. "Inilagay ng Diyos sa Iglesya, ang iba ay mga apostol, mga propeta, mga guro, mga pastor . . ." Inilagay Niya iyan sa pamamagitan ng bisa ng Kanyang Sariling pagtatalaga. At kayo ay iyon na, sa simula pa lang.

272 Ang inyong unang kasal ay napawalang-bisa na. Iyon nga. Hindi ninyo kailanman ginawa iyon, sa simula pa lang. Dahil, mayroon lamang iisang bagay na makakagawa niyon, iyon ay ang bumaba ang Diyos, Siya Mismo, at kunin ang inyong lugar sa anyo ng Anak ng Diyos, na si Jesus Cristo, at hugasan kayo ng Tubig, ng paghuhugas ng Tubig sa pamamagitan ng Salita. Ang Salita; hindi ang denominasyon! Ang Salita ang naghugas sa inyo. Ngunit kung hindi kayo paparoon sa Tubig ng Salita, papaano kayo mahuhugasan? Kayo ay may dungis pa rin na kagaya ni Eba noon.

> Oh, minamahal na Korderong naghihingalo,
>   ang Dugo Mong mahal
> Kailanma'y di mawawala ang kapangyarihan
>   Nito,
> Hanggang sa ang tinubos na Iglesya ng Diyos
>   Ay maligtas at di magkasala pa.

273 Ano ba ang kasalanan? Ang *kasalanan* ay "hindi pagsampalataya." Hindi pagsampalataya sa (ano?) sa Salita; hindi pagsampalataya sa Diyos, na siyang Salita.

274 Dalisay, walang-dungis; oh, aleluya; hindi magtatagal ay lilisan na patungo sa kaitaasan; amen; tumatayong handa na. Isipin ninyo. Ang inyong mga kasuotan, na nahugasan na ng Tubig ng nagdurugong Salita! Ang Salita ay naging Dugo. Ang Salita ay nagdugo para sa inyo, at kayo ay nahugasan sa nagdurugong Salita. Ang Salita, na nagdurugo! Ang Buhay ng Diyos na nasa Salita, at ang Salita ay nagdugo para sa inyo, upang kayo ay mahugasan sa karumihan ng mga patutot na ito, at maging malinis at napaging-banal sa paghuhugas ng Tubig ng Salita, at ginagawa na ang inyong pag-iisip at puso ay manatili sa Diyos at sa Kanyang Salita.

275 Ngayon, papaano ninyo malalaman na Ito'y totoo? Kapag ang Diyos ay bumababa at pinagtitibay Ito at pinatutunayan.

276 Sasabihin ninyo, "Aba, hindi ko pinaniniwalaan Ito sa ganyang paraan." Hindi nila pinaniwalaan Ito sa pamamaraan ni Jesus, ngunit pinatunayan Ito ng Diyos. Hindi nila pinaniwalaan Ito sa pamamaraan ni Noe. Hindi nila pinaniwalaan Ito sa pamamaraan ni Moises. Handa silang tanggapin ang salita ni Balaam kapalit Nito, "Tayong lahat ay magkakapareho, kaya magsama-sama na lang tayo."

"Ihiwalay ninyo ang inyong sarili," ang sabi ng Biblia, "mula sa kawalang-pananampalataya."

277 Aleluya! Ngayon pansinin ninyo. Kayo'y hindi lamang gayon, kundi kayo'y paroroon sa Kasalan sa kalangitan. At suot ninyo ang pangkasal na singsing ng itinalaga, na biyayang di kusang nakamit, isang pangkasal na singsing ng biyaya na nakamtan ninyo hindi dahil sa sarili ninyong kabutihan. Ginawa iyon ng Diyos, Siya Mismo. Kilala na Niya kayo bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan, kaya isinuot na Niya sa inyo ang pangkasal na singsing Doon, inilagay ang inyong pangalan sa isang Aklat. Napakalaking pagpapasalamat! Aleluya! Purihin ang ating Diyos!

278 Ngayon, sa pagtatapos, hayaang sabihin ko ito. Alam nating lahat na ang makabagong iglesya, na Pentecostal, sa kasalukuyang kalagayan nito, ang lahat na ng mga denominasyong sama-sama! Pagsasama-samahin ko na silang lahat sa isang bigkis, dahil ganun nga sila. Tandaan, tatalian Niya ang mga damo, muna, at susunugin sila. Kukunin ang. . . Kukunin Niyang lahat ang mga tangkay ng trigo at susunugin lahat, muna; pagkatapos ay kukunin Niya, paparito at kukunin ang Kanyang trigo at dadalhin na ito Pauwi. Silang lahat ay tinitipon na sa isang bigkis, bigkis ng mga Methodist, mga Baptist, mga Pentecostal, lahat patungo na sa Konsehong Ekumenikal. Iyan lang. Silang lahat ay susunugin. Kita n'yo?

279 Alam nating lahat na ang makabagong iglesya, sa kasalukuyang kalagayan nito at kasalukuyang katayuan nito, ay wala sa kalagayang tapusing gampanan ang dakilang utos na ibinigay ng Diyos sa Iglesya para sa panahon na ito. Ilang Pentecostal ang makapagsasabi ng "amen" diyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tama. Kita n'yo? Ito'y nasa . . .

280 Kami'y oneness, twoness, threeness, *ito, iyan, iba pa*, nagtatalu-talo, nag-aaway-away. Ang isa ay *ito*, at ang isa *iyan*, at *iba pa*. At bawat isa sa kanila, takot na harapin ang Salita, doon mismo para subukin. Kita n'yo? Alam nila. Sabihin mo sa kanila ang tungkol Dito; sasabihin nila, "Ako—hindi ko magagawa iyon. Hindi ko mapapaniwalaan Iyan. Hindi mahalaga sa akin anuman ang gawin niya. Ako . . . " Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Ipinapakita lang kung ano ang nanay at tatay mayroon kayo. "Maaaring ikaw ay maging isang state presbyter balang araw. Maaaring ikaw ay maging *ganito, ganyan*, o *iba pa*." Mas mabuti pang kayo ay maging isang anak ng Diyos.

281 Ngayon, alam natin na hindi magagawa ng iglesya, ang iglesyang Pentecostal, sa anumang paraan, sa anumang paraan, ay hindi magagawang maisakatuparan ang Mensahe sa huling panahon, sa kasalukuyang kalagayan nito. Magagawa ba nito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Aba, ni hindi nga nito magawang makasang-ayon sa isa o dalawang Salita sa Biblia. Papaano ninyo gagawin iyon? Hindi nito magagawa iyon. Kaya, nakita ninyo, ang denominasyon ay labas na. Tama iyan.

Iyon ay magiging ang isang hinirang na mga tao na nahirang para dito. Kita n'yo?

282 Nalalaman, at gayon din na ang bawat isa sa atin ay nalalaman, na ang buong hanay ng mga denominasyonal, ang Pentecostal at lahat na, ay patay na, iyan ay, sa ipinanganak na muling Cristiano ng Mensahe. Uh-huh. Ang una ninyong asawa ay patay na. Alam ninyo na siya'y patay na. Hinayaan ng Diyos na mamatay iyon. Iyon ay wala na. Ang lahat ng maka-agham nito, ng intelektuwal, maka-edukasyon, na siyentipikong mga pamamaraan nitong naturingang mga paaralang pang-Biblia at mga bagay-bagay ay patay na. Anong ginawa nito? Gumawa ng paghihiwalay, oneness *dito*, at trinities *dito*, at twoness *dito*, at sa dako *rito*, at sa banda *rito*, at lubhang napakagulo, at tatawagin ang kanilang mga sarili na mga Pentecostal.

283 Aba, nagpunta ako sa isang kabataang lalaki, noong isang araw; na nakikinig mismo dito, ngayon mismo. At isang kabataang babae, siya ay kabilang sa isang iglesya. Sinabi niya . . . Sabi ko . . . Naghiwalay sila. Sabi ko, "Anong problema?"

Ang sabi, "Magkaiba po kami ng relihiyon."

Sabi ko, "Oh, ikinalulungkot ko. Ikaw ba'y Katoliko?"

284 Sabi nung babae, "Hindi po." Sinabi niya sa akin ang iglesyang denominasyon na kinabibilangan niya, isang Pentecostal.

285 Sabi ko, "Ano *ka* naman?" 'Yung lalaki naman ay Pentecostal, din, pero ibang denominasyon. Oh!

286 Alam n'yo bang ang iglesyang Romano Katoliko ay nagsimulang Pentecostal? Ilan ang nakakaalam na iyan ay totoo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Inabot ito ng dalawang libong taon para mahantong sa kinaroroonan nito ngayon, sadyang wala nang tinatanggap sa Kasulatan. Wala na. Aba, ang Pentecostal, sa loob ng dalawampung taon mula ngayon, ay magiging mas malala pa kaysa sa kanila ngayon, patuloy ito sa kalagayan nito ngayon. Aba, sigurado. Kita n'yo? Ano ba iyon? Ano ba iyon? Tingnan ninyo kung sino ang kanilang tatay at nanay. Hinahayaan ang kanilang kababaihan na putulin ang kanilang buhok. Magagawa nilang gawin ang halos anumang bagay na ibigin nila. "Hangga't sila ay kabilang sa iglesyang ito, iyan lang ang kailangan."

287 Oh, hindi nakapagtataka, hindi nakapagtataka na ang kahatulan ng Diyos ay umaapaw na! Inilagay ng Diyos Ito sa harapan ninyo mismo. Ipinikit ninyo ang inyong mga mata at hindi tumingin Dito. Oo. Isinasara ang inyong kalooban ng kahahabagan, gayong nakikita na ninyo ang totoong Salita ng Diyos at ang Pitong Selyo na ito na pinagtitibay at pinatutunayan na gayon nga. At nasaksihan sa kalangitan, sa bawat panig ng mga bansa at sa lahat ng iba pang dako, sa pamamagitan ng dakilang mga tanda at mga kababalaghan na ipinangako Niyang gagawin Niya, pagkatapos ay pipikit kayo, sasabihing, "Ako—hindi ko alam. Ako—wala akong magawa. Ako. . ." Kita n'yo? Oh, naku! Iyon ay patay na, at hindi nalalaman iyon. Talagang mga kasalanan at pagsalangsang! Kayo'y patay na. Oh, naku!

288 Nalalaman nating lahat na ang iglesya sa ganyang kalagayan ay hindi niya matatagalan ang huling panahon na ito. Papaano nito maipapasok ang Malakias 4? Papaano nito magagawa iyon? Ni hindi nga sila naniniwala sa gayong bagay. Papaano nito magagawang paniwalaan, ipasok ang Lucas 17:30? Papaano nito magagawang ipasok ang lahat ng iba pang Mga Kasulatan na ito na ipinangako para sa huling panahon na ito? Hindi nito magagawa iyon, dahil itinatakwil nito Ito. "Kung paano ang nangyari sa mga araw ni Lot, ay gayundin naman ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng tao."

289 Tingnan ninyo ang kalagayan, si Lot, na kinalalagyan ng Sodoma, nang panahon na iyon. Tingnan ninyo, ang kalagayan ng iglesya sa ngayon. Tingnan ninyo kung ano ang nangyari kay Abraham, ang Hinirang.

290 Tingnan ninyo kung ano ang nangyari kay Lot at sa kanila doon sa Sodoma. Tingnan ninyo sina Billy Graham at Oral Roberts, silang mga naroon sa mga denominasyon na iyon. Tingnan ninyo ang hinirang na Iglesyang Abraham, inilabas.

291 Tingnan ninyo kung anong uri ng tanda, na si Jesus Mismo, ang Diyos na nagkatawang-tao na nakatayo doon na nasa katawang-tao. Sasabihin ninyo, "Iyon ay isang Anghel." Sinabi ng Biblia na Iyon ay ang Diyos.

292 Ang Panginoong Diyos, si Elohim, nakatayo doon na nasa katawang-tao, ipinapakita na Kanyang lubos na papahiran ang Kanyang Iglesya sa mga huling araw. Iyon ay magiging ang Diyos na kumikilos sa katawang-tao muli. "Kung paano ang nangyari sa mga araw ng Sodoma, ay gayundin naman ang mangyayari sa Pagparito ng Anak ng tao." Gayon ding uri ng bagay. Nakikita nila iyon doon mismo sa Mga Kasulatan. Basahin ninyo ang... "Saliksikin ninyo ang Mga Kasulatan, sapagkat sa Mga Iyon ay inaakala ninyong mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan." At ang Mga Iyon ang Siyang nagpapatotoo Nito. Kita n'yo? Kita n'yo?

293 Kaya alam natin na sila ay patay na. Hinayaan ng Diyos na iyon ay mamatay sa sarili nitong makasarili't siyentipikong maka-edukasyon na programa.

294 Ang lahat ng mga Pentecostal ay dating nagsasabi tungkol—tungkol sa pagpapadala sa kanilang anak sa paaralang pang-Biblia, noon nang ang matandang Kapatid na Loyate, sila noon ay narito pa, at palalabasin nila kayo ng iglesya. "Pero, oh, ngayon ito na ang siyang pinakadakilang bagay. Ang anak ko ay nasa paaralang pang-Biblia." Hinuhukay na niya ang libingan niya. Kaya, ngayon, sa akala ba ninyo ay matatanggap nila Ito, ngayon?

295 Palagay ba ninyo ay sinusuportahan ko ang pagkamangmang? Hindi. Ang sinasabi ko sa inyo na mayroong kaibahan sa pagitan nitong kapanahunang intelektuwal na ating kinabubuhayan, kung saan ang iglesya ay buntis na sa siyensiya at lahat na nitong mga tinatawag na "napag-unawa na" daw at lahat na. Hindi ninyo mapag-uunawa ang Diyos.

296 Aba, sila—silang mga saserdote ay napag-unawa na daw nang lubos ang Diyos. Nalaman nila kung papaano darating ang Mesiyas, ngunit dumating Siya na sadyang ibang-iba sa kanilang pagkakaunawa. Hindi iyon siyentipiko. "Papaanong magkakaganooon ang Lalaking ito, na isang ilehitimong Anak? Saang paaralan ba Siya nag-aral? Saan ba nagmula ang Kanyang edukasyon? Saan ba Niya nakuha ang Kanyang napag-aralan?"

297 "Aba, sinisikap Mo bang turuan kami? Ipinanganak Ka sa pakikiapid." Kita n'yo? Oh, pambihira!

298 Nakita ba ninyo ang gayong ding bagay ay naulit muli? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nakita ba ninyo ito na naulit muli? Lahat na sa kanilang relihiyosong siyensiya, relihiyosong siyensiya ayon sa sinasabi ng kanilang paaralang pang-Biblia, sa ganoong paraan nila Ito gusto. "Ganyang paraan Ito dapat magkaganoon, o Ito'y hindi."

299 Nililinlang lamang sila ng Diyos, sa tuwina. Ito ay palagiang dumarating nang kakaiba. Nangyari Ito sa panahon ni Noe; nangyari sa panahon ni Moises; nangyari sa panahon ni Cristo; nangyari sa panahon ni Juan; nangyari sa panahon ng mga alagad; nangyari sa panahon ni Wesley; nangyari sa panahon ni Luther; nangyari sa panahon ng Pentecostal; at ganoon din nga na nangyari ito ngayon. Hindi Nito binababago ang pamamaraan Nito. Palagiang dumarating na ganoon pa rin. Mga repormador lamang sa loob ng pito . . . anim na kapanahunang iyon, hanggang sa ang ikapito na. At sinabi ng Apocalipsis 10, sa panahong ito ay magbabago na iyon. At nangyari nga.

300 Ngayon tayo'y magtatapos na, sa pagsasabi nito. Ang tapusing gampanan ang dakilang utos, papaano nila magagawa iyon? Alam nating sila ay patay na. Hinayaan ito ng Diyos na mamatay sa siyentipikong kapanahunang ito, ang lahat-lahat nito, nang sa gayon—nang sa gayon ay magawa Niya (ang ano?) na mabuksan ang hiwaga ng Pitong Selyo sa di-maka-denominasyong Nobya. Papaano matatanggap ng isang denominasyon ang Pitong Selyo na iyon, gayong Iyon ay totoong salungat, ang binhi ng serpiyente at lahat ng iba pang mga bagay na iyon? Ang lahat, na buong pitong hiwaga ay salungat sa kung ano ang naituro sa kanila, dahil tinanggal nila ang lumang paaralan mula sa kanilang paaralang pang-Biblia.

301 At ang Pitong Selyo ng Diyos, nang Ito ay mabuksan doon sa bundok, ipahintulot ng Diyos na ako ay mamatay na ngayon mismo sa pulpitong ito kung Iyon ay hindi ang Katotohanan. At ipinagpauna ko nang sinabi sa inyo, isang taon at anim na buwan bago ito nangyari, kung ano ang sinabi Niya sa akin, "Pumunta ka sa Arizona," at kung ano ang mangyayari doon sa disyerto. At may mga kalalakihan na nakaupo rito mismo, ngayong gabi, na mga nakatayo doon mismo at naroroon nang bumaba ang pitong Anghel. At maging ang mag- . . . Ang magasin, ang magasin na *Life*, ay inilathala ang artikulo tungkol Dito. Iyon ay naroon mismo sa obserbatoryo, at lahat na. Ngayon ni hindi nila alam kung tungkol saan ang lahat ng Ito.

302 At ang lahat ay nasabi na, oh, maging ang tungkol sa pagkawasak ng California, na paparating na ngayon, at ang lahat nitong iba pang mga bagay. At kung papaanong sinabi ko sa kanila kung ilang araw ito magiging gayon, kung papaano magiging ganoon kung saan ang malaking lindol na ito ay nangyari sa Alaska, at iyan ang magiging simula ng palatandaan ng panahon, at kung ano ang mangyayari. At sadyang sa bawat

salita, kung ano ang sinabi Nito, hindi iyon kailanman nabigo ni minsan. Hindi ninyo kailanman nakitang nabigo Ito. At Ito'y hindi mabibigo, dahil Ito'y Mga Salita ng Diyos. "At ang Langit at lupa ay lilipas, ngunit Iyon ay hindi mabibigo." Tama iyan.

303 Kinailangang buksan ng Diyos ang Pitong Selyo na iyon, hindi sa isang denominasyon. Ako'y dati nang laging laban dito. Ngunit, mula sa denominasyon, ay maaari Siyang kumuha ng isang Nobya, hindi isang maka-denominasyon na nobya. Hindi Niya magagawa iyon. Iyon ay laban sa Kanyang Sariling Salita. Binuksan Niya ang pitong hiwagang iyon na nakapaloob doon. Ipinapakita niyan, inilalabas ang mga bagay na iyon na naitago mula pa noong pagkatatag ng sanlibutan, na maaaring maihayag sa mga huling araw, sa mga anak ng Diyos. Inilabas nila Iyan ngayon sa harapan ng mga tao, upang makita nila Ito, hayan na nga ngayon, sa Nobyang ito na hindi maka-denominasyon. Oh, naku!

304 Hayan ang inyong dalawang aklat. Ang isa sa kanila ay ang Aklat ng Buhay ng Kordero. Ang inyong pangalan Doon ay itinalaga Doon. Hindi iyon maaalis, dahil hindi ninyo maaaring alisin iyon kahit anupaman ang mangyari, kita n'yo, dahil itinalaga na mailagay iyon Doon. Ngunit sa naturang karaniwang aklat ng buhay, ay maaaring alisin iyan anumang oras. Kita n'yo? Hindi kayo nagsisisi, iyon ay burado na, ano't ano man, dahil kayo ay daraan sa Paghatol. Ang Nobya ay ni hindi daraan sa Paghatol; paparoon sa Pag-Agaw. Kagaya lamang . . .

305 Sasabihin ko ito, sa pagtatapos. Gumagabi na, kaya . . . halos alas-nuwebe y medya na. At tayo'y kailangang lumabas dito ng alas-nuwebe y medya, kung loloobin ng Panginoon. Maging totoong mapitagan lang ngayon, makinig kayo. Isang beses . . .

306 Sa pagsasabi nito ngayon, ito'y paroroon sa buong bansa. Sa New York, ngayon ay dalawampu't limang minuto na matapos ang alas-onse. Doon sa Philadelphia at sa palibot doon, yaong mga minamahal na mga banal na nakaupo doon na nakikinig, ngayon mismo, sa mga iglesya sa lahat ng dako. Hanggang doon, doon sa Mexico, hanggang doon sa may Canada at sa palibot nito, sa buong bansa. Dalawandaang milya, kahit saan sa loob ng kontinente ng North America rito, halos, ang mga tao ay nakatuon dito, nakikinig ngayon mismo. Libu-libo at libu-libo, ang mga nakikinig.

307 Iyan ang Mensahe ko sa inyo, Iglesya, kayo na isang pakikipag-isa, espirituwal na pakikipag-isa sa pamamagitan ng Salita, na kayo ay patay na sa mga dating asawa na ito. Kayo'y panibago nang ipinanganak. Huwag ninyong subukan pang hukayin siya. Siya'y patay na. Kung kayo ay ipinanganak na muling Cristiano, ang munting binhi na iyan na itinalaga sa inyo, iyon ay Salita na dumarating sa Salita, sa ibabaw ng Salita,

ng Salita, ng Salita, at hahantong sa ganap na kapuspusan ni Cristo, iyan ay tama, upang Siya'y makaparito na para kunin ang Kanyang Nobya. Ngayon tayo'y nahahanda na lamang para sa isang bagay, iyan ay ang Pagparito ng Panginoon.

308 Hayun ang inyong pangalan doon sa Aklat ng Buhay. Ang Aklat ng Buhay ay ang Salita ng Diyos, dahil ang Salita ay Diyos, at ang Diyos ang siyang tanging bagay na siyang Buhay. Kaya ang inyong pangalan ay ikinatawan na sa Biblia bago pa na ang Biblia ay naging Salita. At kung kayo'y naririto upang gawin iyan, hindi ba't patutunayan Nito ang Salita na iyan? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hindi ba't patutunayan ng Iglesya ang Sarili Nito? Hindi ba't ang Malakias 4, at lahat nitong iba pang mga bagay, ay ganap, na ganap na pinatutunayan ang Sarili Nito at ipinapakita na Iyan nga kung ano Ito? ["Amen."]

309 Nang dumating si Jesus, sinabi Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa na ipinangakong gagawin Ko, ay huwag ninyo Akong sampalatayanan." Alin ba sa mga grupo ang Kanyang inaniban? Sinabi Niya, "Silang lahat . . . Kayo'y sa inyong ama, ang Diablo, at ginagawa ninyo ang kanyang mga gawa." Kita n'yo? Kita n'yo?

310 Tayo'y nasa mga huling araw na, Iglesya. Iyan ang aking pagpapasalamat na Mensahe sa inyo.

311 Ngayon, bago magtapos. Isang beses ako ay naroon sa Glacier National Park. Narinig namin, buong maghapon, na sila ay mayroong isang—mayroon silang isang pabagsak . . . isang glacier na apoy na babagsak sa gabi. Kaya ang mga tao ay abala, buong maghapon, sa paghahanda sa bagay na iyan, dahil ibubuhos nila ang apoy na iyan, nang gabing iyon. Naglagay sila ng likidong apoy na ipapatihulog, na katulad ng isang malaking glacier ng tubig. Pero ito'y . . . Para bang isang bahaghari, halos, kapag ito ay lumabas na, mula sa apoy na iyan na nahuhulog mula sa malaking glacier na ito. Sa lahat ng paligid ng buong parke, ang maybahay ko at ako, at ang mga bata, namasyal kami sa palibot buong maghapon. Gusto naming manatili, para makita ang pagpapamalas ng apoy na iyon. Kaya iyon—iyon—iyon ay naipangako sa amin na makikita namin iyon, at masasaksihan naming muli iyon. Sinabi nila na mayroon sila niyon sa buong mga panahon ng tag-araw at iba pa. Sabi ko, "Naku, maaari pa kaya naming makita iyon?"

312 Sabi, "Ipinangako namin iyon para sa gabing ito. Ipinangako namin iyan." Sabi, "Nandoon na sila sa itaas at inihahanda na ito ngayon."

313 Matapos na ang lahat ay maihanda na para sa dakilang kaganapang iyon! Iyan ang nagaganap na ngayon mismo. Lahat ay inihahanda na para sa dakilang kaganapang iyon, isang Iglesya na inilalabas na alang-alang sa Kanyang Pangalan,

kinukuha palabas ang Kanyang Nobya mula sa kalagitnaan ng sanlibutan, sa mga denominasyon na ito at sa buong sanlibutan, at sa karumihan at mga bagay ng sanlibutan.

314 Ang lahat; ang dakilang kaganapan ay naihanda na. Ang lahat ay nangakatayo na. Sabi nila, "Ngayon patuloy na mag-abang, naroon na mismo sa itaas ng bundok."

315 Sa ganyang paraan Ito palaging dumarating. Sa ganyang paraan Ito darating sa panahong ito. Sa ganyang paraan Ito laging dumarating. Hindi sa pamamagitan ng isang denominasyon! Hindi kailanman gumamit ang Diyos ng isang denominasyon, hindi kailanman!

316 Darating ang repormador, tatanggapin niya ang Salita ng Panginoon. At pagkatapos kapag siya ay namatay na, magtatayo sila ng isang denominasyon mula doon. Iyan ang ginawa ng mga Pentecostal at ng lahat. Kapag ang bagong mga isyu, lahat na, ganyan talaga iyon. Sa ganyang paraan nangyayari ang bagay na iyan. Isang bagong salita ang nadaragdag, pagkatapos ay nagtatag na sila ng isang iglesya mula dito, ginawang isang denominasyon, inihiwalay ang kanilang sarili. Kinailangang maging ganyan.

317 Ngayon, hindi ninyo magagawang daigin—hindi ninyo magagawang daigin ang kalikasan. Dumarating ang kalikasan sa ganoon ding karaniwang pagkakasunud-sunod, palagi: tangkay, dahon, uhay, ganyan, pagkatapos ay ang trigo na.

318 Ngayon pansinin ninyo. Ang lahat ay nakahanda na. Ang lahat ay nasindihan na at inihanda na. At ang lahat ay nakatayo na doon sa labas. Ang ulo ko ay nakatingala; nakaakbay ang kamay ko sa aking maybahay. Nakatingin kami. At ang mga bata ay nakatayo doon, lahat kami ay nakatingala, nang ganyan. Naku! Napakaganda niyon, dahil inaasahan namin iyon. Iyon ang ipinangako na sa amin.

319 Amen! Ipinangako ng Salita Ito. "Mangyayari, na bago dumating ang dakila at kakila-kilabot na araw ng Panginoon, narito, susuguin Ko sa inyo si Elias na propeta. Papagbabaliking-loob niya ang mga puso ng mga anak sa mga magulang." . . .?. . . "Mangyayari na sa mga huling araw, ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu mula sa Kaitaasan." "Ang una at huling ulan ay darating na magkasama sa huling araw." Lahat na ng mga pangakong ito, sa buong Kasulatan, ay naibigay na. Tayo'y nakatingala na. Makikita ang totoong Nobya sa buong bansa sa panahong ito, na nakatingala na. Iglesya, Siya ay darating na, isa sa mga araw na ito. Kasing tiyak ng una Niyang pagparito, Siya ay paparating muli. Ihanda na ang lahat. Ihiwalay na ang iyong sarili mula sa talukap. Mabilad sa harapan ng Anak. Manatiling nakatingala. Maging mapaghintay.

320 Biglang-bigla, may narinig kami mula sa itaas ng burol, isang tinig ang dumating sa pamamagitan ng loudspeaker, sabi, “Ang lahat ay nakahanda na.”

321 Pagkatapos ang lalaking ito, na nakatayo doon mismo sa tabi ko, ay nagsabi, “Pabagsakin na ang apoy.” Heto na itong dumarating, bumubuhos sa bundok na iyon, isang glacier na apoy at ang mga liyab ay naglalagablab, napakagandang tingnan.

322 Kapatid, ihanda na natin ang lahat, sapagkat isa sa mga araw na ito ang Apoy ay babagsak na. Tayo’y papaitaas na. Ngayon magsipaghanda na tayo para sa panahon ng pagbagsak ng Apoy. Tayo’y nasa mga huling araw na, alam nating lahat iyan, at tayo’y handa na sa Pagparito ng Panginoon. Ang bagay na dapat gawin ay ihiwalay ang inyong sarili mula sa lahat ng kasalanan. Ihiwalay ang inyong sarili mula sa anumang bagay na nauukol sa sanlibutan. “Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan ni ang mga bagay ng sanlibutan.”

323 “Huwag hayaan ang sinuman, na sa kanyang kredo, ay dayain kayo.” Manatili kayo mismo nang tuwiran sa pangako ng Diyos, ang Salita ng Diyos. At ang Salitang iyan, kung Ito’y Salita para sa panahong ito, patutunayan Ito ng Diyos na gayon. Kung hindi Niya patutunayan, hindi iyon ang Salita para sa panahong ito.

324 Ang Salita na dumating noong Araw ng Pentecostes ay hindi na uubra sa panahong ito. Hindi, po. Iyon ay para sa Pentecostes. Ito ay para sa Nobya, sa Pag-uwi na ng Nobya. Mayroon tayong bagay na kakaiba. Ang mga Pentecostal ay ikinakatawan iyon, muli. Tayo’y nasa kapanahunan na ng Nobya. Kung paanong ang—ang Salita ni Noe ay hindi rin uubra sa panahon ni Moises; kung paanong ang kautusan ni Moises ay hindi rin uubra sa panahon ni Pablo rito. Sinikap niyang sabihin sa kanila, “Kayo ay patay na doon, at hindi na ninyo maaaring taglayin pa iyon.”

325 Iglesya, kayo na kausap ko, ngayong gabi, sa buong bansa, kung—kung inyong inihiwalay na ang inyong sarili mula sa denominasyon at sa lahat ng karumihan at mga bagay ng sanlibutang ito, at lahat ng mga bagay na iyon na nagpapanatili sa inyo sa mga kredong gawa ng tao at mga utos at mga bagay na katulad niyan, ihiwalay ninyo ang inyong sarili. Tumingala kayo. Maghanda kayo. Ang Apoy ay babagsak na, isa sa mga araw na ito. Pahihintulutan Siya ng Diyos na dumating na, at napakagandang pagmasdan. Nakahanda na ba kayo pagdating Niya? Nakahanda na ba kayong pumaitaas kasama Niya pagdating Niya? Ang lihim na Pag-Agaw sa supernatural na Nobya, “Siya’y magiging mor-. . . mula sa pagiging namamatay ay patungo sa pagiging walang-kamatayan; mababago, sa isang saglit, sa isang kisap-mata lang. Tayong mga nabubuhay at natitira ay hindi mauuna sa mga natutulog.”

326 Noong isang araw, sa Araw ng Armistisyo, nakatayo ako doon sa Tucson. Ang munti kong anak na lalaki ay gustong makita ang parada. Ako ay nag-aaral noon, at wala akong panahon para gawin iyon. At marami akong tawag ng mga maysakit noon at mga ganung bagay. Kaya sinabi niya, "Tatay, ayaw po nila akong dalhin." Sabi niya, "Dalhin n'yo po ako."

327 Sabi ko, "O sige." Si Kapatid na Simpson, palagay ko ay naririto siya; at ang kanyang munting anak na lalaki ay gustong pumunta. Kaya isinakay ko sila sa kotse at pumaroon.

328 Tumayo ako doon sa sulok at nanood. At maya-maya, nakarinig ako, doon sa malayong likuran, ng isang mahinang tunog na dumarating, "womp, womp," mga tambol, na pinatutugtog. Tumayo ako doon. Naisip ko, "Aba, ang mga batang ito, talagang nagbabasa sila ng lahat ng mga aklat na ito tungkol sa hukbo. Talagang para silang katulad niyan." Napansin ko, ang dumarating nang una ay ang lumang tangke ng Unang Digmaang Pandaigdig. Hayun dumating sila, maliliit na mga tangkeng katulad niyan. Naroon sumunod na dumating, pagkatapos niyon; ang sumunod na dumating pagkatapos niyon ay ang malaking bagong tangke ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang malaking tangkeng Sherman na mayroong isang natatakpang dulo doon. Pagkatapos ay dumating ang kasunod, at ang kasunod, at hindi nagtagal ay dumating ang mga Ina na sinabitan ng Gintong Bituin.

329 At pagkatapos, maya-maya, dumating ang labindalawang beterano na natira, sa buong estado ng Arizona, mula sa Unang Digmaang Pandaigdig; labindalawang beterano. Kasunod niyan, dumating naman ang isang karosa, ng mga hindi kilalang sundalo, ang munting puting krus. Naroong nakatayo ang isang mandaragat, na marino, at isang sundalo, na nakatayong nagbabantay; may isang maliit na partisyon sa karosa. Sa kabilang panig ay isang matandang ina na ubanin na, nakaupo na may nakakabit na gintong bituin sa kanya, isang munting kaibig-ibig na maybahay na umiiyak, ang asawa niya ay patay na; isang maliit na gusgusing batang lalaki, na patagilid na nakabaling ang kanyang ulo. Napatay ang kanyang tatay. At pagkatapos sa likuran niyan ay maraming, maraming, marami pa ang nagsidating, at pagkatapos hanggang sa bagong hukbo. Nakatayo ako doon. Napakainam na pánoorín, ngunit napakalungkot!

330 Naisip ko, "Oh Diyos, isa sa mga araw na ito ay makikita ko ang isa pang pánoorín."

331 Darating ang isang araw ng pagkabuhay na mag-uli, na, "Ang una ay mahuhuli; sila na mga huli ay mauuna." Ang mga sinaunang propeta ay magsisipagbangon, muna, at makikita nila ang prusisyon na iyan na nagdaraan, nagmamartsa papaitaas sa papawirin. "At tayong mga nabubuhay at natitira ay hindi

mauuna sa kanila na mga natutulog. Sapagkat ang trumpeta ng Diyos ay tutunog, ang mga namatay kay Cristo ay babangon muna." Tayo'y magsisipaghanay kasama nila na magsisipasok, aleluya, yaong lahat sa buong kapanahunan nina Luther, Wesley, Methodist, Presbyterian, tuluy-tuloy hanggang doon sa huling kapanahunan, na tumanggap sa Salita sa kanilang kapanahunan.

Pagpalain kayo ng Diyos. Ihanda na ang lahat ng mga bagay, at babagsak na ang Apoy.

332 Iyukod natin ang ating mga ulo sandali. Gusto kong malaman, sa nakikitang mga tagapakinig na ito ngayong gabi, yamang kayo'y aking pinanatili rito sa loob ng. . . hanggang alas-nuwebe y medya. Mayroon bang isa rito, mayroon bang isang dosena rito, ilan ba rito, at magsasabi, "Kapatid na Branham, ikinahihiya ko ang aking sarili, kung paano ako namuhay. Ako ay kumiling nang labis sa isang denominasyon at mga tao. Alam kong hindi ako nakahanay sa Salita ng Diyos. Hihilingin ko lamang sa iyo na manalangin para sa akin, Kapatid na Branham"? Itaas ang inyong kamay. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Tingnan n'yo, hanggang doon sa mga balkonahe, sa paligid. Pagpalain kayo ng Diyos. "Alam kong. . . " Ngayon huwag kayong mahiya. Ngayon, huwag mahiya.

333 At doon sa malayo, sa buong bansa, magmula sa New York hanggang sa California, magmula sa Canada hanggang sa Mexico, kayong mga taong nangagkakatipun-tipon sa mga iglesyang iyon kung saan naroon ang matatapat na mga maliliit na grupo na sumasampalataya sa Mensaheng ito nang buong puso nila. Nagsilabas sila, nagsilabas mula sa matinding kapighatian, nagsilabas mula doon sa mga denominasyon na iyon. Sila'y mga binhi ng Buhay. Nadarama n'yo ba ang paghihimok, ngayong gabi, katulad ng munting agila, na Mayroon kayong naririnig na medyo kakaiba mula sa inyong narinig na, ngunit, gayon man, sa inyong puso ay nalalaman ninyo na ito'y Katotohanan? Kayo, diyan sa loob, may isang pastor na nakatayo diyan sa kung saan man. Nakataas ang iyong kamay. Mananalangin ako para sa iyo.

334 Ang mga bagay na ito ay hindi ginawa sa isang sulok, kaibigan. Tandaan ninyo, "Makipot ang pintuan at makitid ang daan, at kakaunti ang makakasumpong niyon." Huwag sumama sa karamihan na iyan na kumikilos patungo doon, kaibigan, sa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea na iyan. Magagawa nitong maglulundag, sumayaw sa saliw ng musika, malahininga. Hindi sinabi na kasing lamig ito ng yelo ngayon. Sinabi nito, "Ito ay malahininga," iyan ang Pentecostal, "at hindi nalalaman na ito'y maralita, aba, bulag." Bulag sa ano? Sa Salita, sa paghahayag ng Salita, dahil hindi Ito kailanman dumating sa pamamagitan ng kanilang mga organisasyon. Hindi nila Ito matatanggap.

335 At kayong mga ministro diyan sa Tucson, ngayong gabi, hindi ko kayo pinananagot para diyan. Ang Diyos ang magpapanagot. Nariyan ako ng tatlong taon. Sinabi ko sa inyo na hindi ako magpapasimula ng isang iglesya. Hindi ko ginawa. Pinasimulan ito ni Kapatid na Pearry Green. Nariyan ako ng tatlong taon, at ni minsan ay hindi ninyo ako inanyayahan sa inyong pulpito. Nanatili ako sa Tucson ng halos tatlong taon. Ang Diyos ay aalisin na ako mula sa disyerto isa sa mga araw na ito. Ang Mensaheng ito ay dapat na mabuhay. Sinikap ko ang buong magagawa ko na makapasok sa inyo. Ako—alam ko ang dahilan kaya ginawa ninyo iyon. Naririnig n'yo ba? Ang tanging dahilan kaya ginawa ninyo iyon, patatalsikin kasi kayo ng inyong denominasyon. At nalalaman ninyo, marami sa inyo na nakausap ko na, doon sa Furr's Restaurant, at alam ninyo na iyon ang katotohanan. Mahiya kayo.

336 Lumabas kayo diyan. Umalis na kayo diyan, kapatid. Kung mayroon mang anumang Buhay sa inyo, kayo'y magiging katulad ng munting agila na iyon na kababanggit ko pa lamang, pakikinggan ninyo ang Salita ng Diyos. Tandaan ninyo, maririnig n'yo Ito sa huling pagkakataon, isa sa mga araw na ito. Totoong napakalapit na natin ngayon. Maaari bang lumapit kayo, ngayong gabi?

337 Minamahal na Diyos, kami po ay nariritong mapitagan ngayon, ito nga ay totoong isang araw ng pagpapasalamat, Panginoon. Ako'y labis na nagpapasalamat, Panginoon, na nabubuhay sa panahon na ito. Ito ang pinakadakilang panahon. Si Pablo na apostol ay hinangad na masaksihan ang panahong ito. Ang mga dakilang kalalakihan nang una ay hinangad na makita ito. Hinangad ng mga propeta na makita ito. Hinintay nila ang panahon na ito. Si Abraham ay naghintay para sa panahong ito, sapagkat naghanap siya ng isang Bayan na ang Tagapagtayo at Gumawa ay ang Diyos; nakabitin iyon sa mismong itaas namin, ngayong gabi. Nakita ni Juan ang Espiritu ng Diyos na bumababa mula sa Langit, nagpatotoo, nalalaman na iyon ay ang Anak ng Diyos. At, isipin ngayon, pinipili na Niya ang Kanyang Nobya.

338 Minamahal na Diyos, sa buong lupain sa lahat ng dako, ay mangusap Ka po sa kanilang puso. Ikaw lamang po ang makapagbabago sa kanilang puso. Kung hindi pa nailagay ang Binhi na iyon doon sa pasimula pa lang, ay hindi nila kailanman makikita Ito, Panginoon. Sila lamang ay . . . "Ang bulag ay aakayin ang bulag. Mahuhulog sila sa hukay," na kasing tiyak ng anumang bagay, dahil sinasabi ng Iyong Salita na mahuhulog nga sila.

339 Ngayon, Ama, yamang nakikita namin sa buong bansa, sa buong mundo, sa Africa, dose-dosena, dose-dosena sa buong South Africa, Mozambique, lahat sa buong bansa, maliliit na mga kapulungan na tinatanggap ang mga teyp na ito. At

gayon din na ang teyp na ito ay paroroon sa dalawampu-o-higit pang, iba't ibang bansa. Nagsisimula na silang makita Ito at humihiwalay na, ang daan-daan sa kanila. Hindi gaanong marami, Panginoon. Pagkatapos kapag ang huling bahagi ay tinanggap na papasok sa Katawan, darating na si Cristo.

340 Panginoong Diyos, hinihiling ko po sa naturang Nobya, sa gabing ito, sila na sa pakiramdam ko ay humiwalay na at naghihintay. Nawa ay ibukod nila ang kanilang mga sarili mula sa lahat ng bagay ng sanlibutan. Dapat silang lumagay sa Presensiya ng mainit na Liwanag-ng-Anak ng Anak ng Diyos, na nabibilad sa Kanyang Salita, sa Kanyang Pag-ibig. Ipagkaloob Mo po ito, minamahal na Diyos.

341 Nawa ang mga taong ito rito, na nakikita, na itinaas ang kanilang kamay, ngayong gabi, dose-dosena sa kanila sa buong malaking tabernakulo na ito. Dalangin ko, Diyos, na ang bagong Buhay ay pumasok sa kanila. Dalangin ko ito, para sa buong bansa at maging sa buong mundo, kung saan ang teyp ay mapapakinggan, na sila rin naman ay tanggapin ang pagpapasalamat na Mensaheng ito at malaman, sa mga pahiwatig at mga bagay na naihagis, kung ano ang dapat nilang gawin. Dalangin ko ito, Ama. Ipagkaloob po ito. Pagpalain Mo po sila. Sila'y sa Iyo.

342 Nalalaman kong ito'y kagawian na ngayon, Ama, na manawagan kami sa mga tao na lumapit sa altar. Dalangin ko, mahal na Diyos, na sa bawat misyon, sa lahat ng dako, at sa buong mundo, na sila ay lumapit sa altar: ang mga itim, ang mga puti, mga dilaw, mga kayumanggi, saan man sila naroroon; ang mga mayayaman, ang mga mahihirap, ang mga walang-malasakit, ang mga pulubi, maging anuman sila.

343 Ang mga maka-denominasyon, yaong mga naglagay ng sariling-paraan at nakatuon lang sa sarili, Oh Diyos, "Hubad, maralita, aba, bulag, at ni hindi nalalaman iyon." Sinabi Mo po na magiging gayon, at ito nga ay ganoon.

344 Kaya dalangin ko, Ama, na Iyong tawagin ang bawat Binhi, ngayong gabi. At sa lahat ng dako sa buong mundo na maaaring kalagpakan Nito, nawa ay matagpuan Nito ang munting agila na iyon na nakikilala ang Tinig ng kanyang Panginoon. Ipagkaloob ito, Panginoon. Itinatagubilin ko po sila sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

345 Ngayon habang ang inyong mga ulo ay nakayukod, dito sa nakikitang mga tagapakinig. Nanaisin ba ng ilan dito, na hindi pa naliligtas, na ni hindi pa ipinagkaloob ang inyong puso sa Diyos, hindi ba ninyo naiisip na dapat kayong maging mapagpasalamat para sa ginawa ni Jesus para sa inyo? Na isipin, na kayo na isang makasalanan, na kayo na nalayo na mula sa Diyos, at gayon pa man may Isang bagay sa inyong puso, na kumakatok. [Kumakatok si Kapatid na Branham sa

pulpito—Pat.] Anong malay ninyo kundi kayo ay isa sa mga agilang iyon! Kayo ay maralita, at magiging maralita nga, hanggang sa sumuko kayo Dito. Bakit hindi ninyo gawin ang isang ito na pinakadakilang pagpapasalamat na kailanman ay nagkaroon kayo, kapag tinanggap ninyo si Jesus bilang inyong Tagapagligtas.

346 Maaari ba kayong lumapit rito at tumayo sa may altar? Mananalangin akong kasama ninyo kung paparito kayo, sinumang makasalanan, lalaki o babae, batang lalaki o batang babae, kasapi ng iglesya o hindi kasapi ng iglesya. Ang pagiging kasapi ng iglesya ay hindi kayo gagawing Cristiano ha. Ang altar ay bukas. Maaari ba kayong pumarito, sinumang makasalanan na nagnanais na pumarito, na tanggapin ang Panginoong Jesus Cristo. Na gusto talagang maalis ang . . .

347 Ang ilan sa inyong mga maka-denominasyon na gustong huminto na sa kakakain ng pagkaing iyan ng manok, sa pagsasabing, "Kayo'y kabilang *dito* at walang anuman iyon." Gusto ba ninyong malaman talaga kung ano ang totoong bautismo ng Banal na Espiritu? Halikayo, alamin ninyo.

348 Bukas ang altar. Handa na kami. Basta lumapit lamang kayo mismo, mula—mula sa inyong kinauupuan. Pumarito mismo at lumuhod dito sa may altar, ang kapatid na lalaking ito na kalalapit pa lamang.

349 "Pagpapasalamat, Oh Diyos, ako'y lubos na nagpapasalamat sa Iyo. Na, buong buhay ko, nalaman ko na mayroong isang bagay, Panginoon. Kailanman ay hindi ako nasiyahan. Sinikap ko. Ako—naisip ko, 'Sa susunod na taon, ay gagawin ko na. Sa susunod na linggo, ay gagawin ko na, sa susunod na makarinig ako ng pagtawag sa altar. Gagawin ko, balang araw.' Ipinagpaliban ko ito, at ipinagpaliban ko ito. Ngunit, Panginoon, nalalaman kong may bagay na mali sa akin. Lagi kong pinaniniwalaan na may bagay na kakaiba. At ngayon, Panginoon, sa gabing ito, ako'y labis na nagpapasalamat para sa isang paghahanda na ginawa ng Anak ng Diyos, upang ang aking mga kasalanan, sa totoo ang aking kawalang-pananampalataya, ay mahuhugasan palayo sa akin. Lumalapit po ako, ngayong gabi, at luluhod upang tanggapin ang dakilang pagpapasalamat na pagpapala na ginawa ni Jesus Cristo para sa akin nang Siya ay mamatay sa Kalbaryo para sa akin."

350 Maaari ba kayong pumarito? Ngayon may mga taong nakaluhod na sa palibot ng altar dito. Bakit hindi kayo tumayo at pumarito? Gustung-gusto ninyong gawin iyan. Sinubukan ninyo iyan.

351 Isipin lamang si Kapatid na Lyle Palmer, ang ating mabuti, na minamahal na kapatid. Naroroon siya sa bakuran, sa pagkakaunawa ko, nakatingin sa kanyang munting anak na babae na naglalaro ng croquet doon sa labas, o kung ano, at siya

ay napatiwarik sa upuan at namatay bago pa siya makakilos. Hindi ninyo alam kung anong oras kayo lilisan dito. Sadyang hindi ninyo alam kung anong oras kayo lilisan. Maaaring baka, ngayong gabi, kaya bakit hindi kayo pumarito at isaayos na ito ngayon?

352 Halikayo, mga tao. Hindi ba ninyo nararamdaman ang Isang bagay na humihila sa inyo? Ako—alam ko na marami sa inyo rito na dapat ay naririto mismo sa may altar, at ito lamang anim o pitong katao rito ay hindi lamang ang dapat na narito. Ngayon, kung pinaniniwalaan ninyo ako at mamasdan rito sa may entablado, ang mga bagay-bagay na nangyayari, paniwalaan n'yo na ako ngayon. Isang araw ang tinig ko ay titigil na. Hindi na ninyo ito maririnig pa. Maaaring hangarin ninyo na sana ay lumapit kayo.

353 Sasabihin ninyo, "Pero, Kapatid na Branham, naging isa na akong kaanib ng iglesya." Hindi mahalaga iyan kung naging ano ka man. Gayon din—gayon din si Nicodemo ay naging kaanib ng iglesya. Gayon din sina Juan, Pedro, Santiago, Pablo, lahat ng iba pa sa kanila ay naging mga kaanib ng iglesya.

354 Si Pablo ay isang kaanib ng iglesya hanggang sa may bagay na nangyari isang gabi, o isang araw iyon noon, at siya ay lumapit. Siya ay isang kaanib sa iglesya na nagbago sa gayon, na naging isang anak ng Diyos. Maaari bang lumapit kayo? Oh, siya ay naturuan. Intelektuwal siya. Alam niya na siya ay naturuan, sa isa sa pinakadakilang tagapagturo na mga paaralan na mayroon noon, kay Gamaliel, na isa sa pinakamagagaling na mga guro na mayroon noon sa lupain. Ngunit nalaman niya na nangangailangan siya ng isang bagay.

355 Maaari bang lumapit kayo? Minsan pa ay hihilingin ko sa inyo. Saan . . . Dito o sa buong bansa, hinihiling ko sa inyo, saan man kayo naroroon, saan mang kapulungan kayo naroon, sa panahon ng pagpapasalamat na ito. Tandaan, ako ay naka-teyp rito; hindi lamang rito, kundi sa Langit.

356 Alam n'yo, napatunayan na nang ayon sa siyensiya na bawat kilos na gawin ninyo ay inirerekord. Pinatunayan nila iyan. Tandaan, pinatunayan iyan ng telebisyon. Ang telebisyon ay hindi—hindi gumagawa ng larawan. Kayo ang larawan. Dinadala lamang nito iyan, ang ginagawa ninyo, papasok sa isang lagusan. Naroon pa rin kayo, kahit papaano. Kita n'yo? Kapag iginalaw ninyo ang inyong daliri, ang pagkilos na iyan ay paroroon sa buong mundo. Sa tuwing kayo ay magsusuot ng damit, ang inyong hitsura ay pumaparoon sa buong mundo. Ito'y nasa rekord. Bawat kaisipan na dumaan sa inyong isipan ay nasa rekord. At balang araw ang rekord ay hihinto sa pagrerekord, ito ay ilalagay na sa album.

357 At pagkatapos sa Paghuhukom ito'y magbabalik. Doon tatayo kayo na may putol na buhok, na nagsasabing isang

Cristiano. Doon tatayo kayo na taglay ang mga kaisipan sa inyong isipan laban sa Salita, at iyon ay nasa inyong pag-iisip mismo. Hindi ninyo maitatago iyon. Tandaan, ang telebisyon, maging ang siyensya ay nalalaman na iyan ay totoo. Kayong nakatayo mismo ngayon, na nalalaman na kayo ay dapat naririto na, tandaan ninyo, kung kailan ito ay inirekord. Sa Araw ng Paghuhukom, ang siya ring kaisipan na mayroon kayo ngayon ay ipapaalala mismo sa inyo muli. Iyan ay magiging nasa rekord mismo. Ang buong mundo ay makikita ito na ipinapalabas. Bakit hindi ba ang mundo. . .Nakatingin sa inyo, sa Araw ng Paghuhukom, ang lahat ng mga Anghel ay naroon.

358 "Kung ikahihiya ninyo Ako rito, kapag ang inyong larawan ay ginagawa na ngayon, sa Araw ng Paghuhukom ay ikahihiya Ko kayo. Sapagkat, pinahiran Ko ang Aking Salita, isinugo Ito sa inyo. Ayaw ninyong sampalatayanan Ito. Itinago ninyo ang inyong sarili sa likod ng kung anong bagay."

359 "Oh," sasabihin ninyo, "ako'y totoong mabuti. Nagawa ko na *ito*. Sumayaw na ako sa Espiritu. Nakapagsalita na ako sa iba't ibang wika." Ganoon din naman ang mga pagano. "Sumigaw ako." Ganoon din naman ang mga pagano. Papaano ninyo magagawang tumalikod sa Salita kung gayon?

Why not?
Why not come to Him now?
Why not? Why not?
Why not come to Him now?

Why do you wait, dear brother?
Oh, why do you tarry so long?
Jesus is waiting to save you
A place in His sanctified Home.

Ilalagay kayong isa sa mga bahagi ng Kanyang Katawan!

Why not?

Oh, munting agila, lumapit ka na ngayon.

Oh, why not come?

360 Panginoon, nagpapasalamat po ako. Ako'y lubos na nagpapasalamat. Pagpapasalamat sa Iyo, Panginoon; hindi para sa natural na pagkain, gayon man ay iyan. Subalit, Panginoon, ang huling panahon ay naririto na. Ako'y nagpapasalamat para sa espirituwal na Pagkain na ito, Panginoon, ang espirituwal na Pagkain ng Pitong Selyo ay ipinangako na mabubuksan.

Sasabihin ninyo, "Magiging isang bagay na iyan na iba." Hindi, hindi.

361 Hindi kayo maaaring magdagdag ng isang salita. At magbawas. . .Ito'y Naroon na, itinago lamang. Nakaselyo ito. Ilan ang nakakaunawa niyan? Sabihin, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kita n'yo?

Sasabihin ninyo, "Buweno, isang hiwaga lang iyan na darating." Oh, hindi.

362 Nakasulat na Ito. Hindi kayo maaaring magdagdag ng isang salita Dito, o magbawas ng isang salita mula Dito. Kita n'yo? Ito'y Naroon na. Kailangan lamang Itong maipahayag sa huling panahon.

363 Maaari bang lumapit kayo? Lumapit na kayo ngayon, kaibigan. Kung hindi ninyo maunawaan, lumapit kayo. Lumuhod kayo, makipag-usap sa Kanya tungkol Dito. Kung hindi ko magawa Ito na maliwanag sa inyo, gagawin Niya, sapagkat Siya ay isang—siyang Tagapag-Alis ng lahat ng mga pag-aalinlangan.

> . . . in His sanctified throne.
> Oh, why . . . (Maaari bang magsilapit na kayo?)
> Why not?
> Why not come to Him now?

364 Tandaan, mayroong isang rekording na ginagawa para dito, hindi lamang sa teyp na ito, kundi sa napakalaking rekord ng Diyos. Bawat isa sa inyo, bawat kilos, kapag iniyukod ninyo ang inyong ulo, iniyukod ang inyong puso, anumang kaisipan na pumapasok sa inyong pag-iisip, tandaan, ito'y inirerekord na ngayon mismo sa Kaluwalhatian, at ang rekord ay ipapalabas sa Araw ng Paghuhukom. Nasaan na ang inyong pagpapasya? Oh, gaano ninyo ito gugustuhing mabago, sa Araw na iyon.

365 Maghihintay lamang ako, dahil marami, marami, ang nasa palibot ng altar ngayon. Kita n'yo? Marahil ang isa sa kanila, kung maghihintay pa ako nang kaunti, maaaring mayroon pang isa doon, maaaring nasa kung saan sa New York, maaaring kung saan sa Philadelphia, doon sa California, Arizona. Saan man, maaaring may isa pa na lalapit. Pastor, nasaan ka man, huwag mong ihinto ang pagtawag sa altar ngayon.

366 Maaaring hindi na tayo kailanman makakakita ng iba pang Pagpapasalamat. Maaaring ito na ang huling isa, at ang mga pagre-rekord ay isasaayos na, ngayong gabi, sa huling pagkakataon. Itong teyp ay mauubos na, isa sa mga araw na ito. Ang rekord ay tatapusin at ilalagay na sa album ng Diyos. Pagkatapos ay ipapalabas na ito, kung ano ang inyong mga kaisipan sa ngayon. Huwag ninyong sabihin na hindi ninyo nalalaman. Nalalaman ninyo. "Ngunit walang sinumang makakalapit sa Akin, maliban na ang Aking Ama ang magdala sa kanya. At ang lahat na sa Akin ay ipinagkaloob ng Ama, sila ay lalapit."

> . . . come to Him?

367 Naniniwala ako, na kung ako ay naririyan sa kung saan diyan, at hindi na ako mag-iisip pa, titiyakin kong paparito kaagad ako sa abot ng aking makakaya. Oo.

Oh, why not? Why?

368 Tapos na ba kayo? Tiyak ba kayo na hindi ninyo napipighati ang Kanyang Espiritu ngayon? Panatilihin nating nakayuko ang ating mga ulo kung gayon. Tiyak ba kayo na hindi ninyo napighati ang Kanyang Espiritu? Tiyak ba kayo na nagawa na ninyo nang tamang-tama ang sinabi Niya sa inyo na gawin n'yo? Positibo ba kayo ngayon? Tandaan, kayo—maaaring hindi na kayo magkaroon pa ng isa pang pagkakataon. Ang rekord ay maaaring matapos na, ngayong gabi. Maaaring ito na ang kabuuan nito. Maaaring ito na ang huling teyp para sa inyo. Tiyak ba kayo na kayo ay handa na ngayon? Kung ganoon, iniiwan ko na ito sa inyong mga kamay, sa Pangalan ng Panginoong Jesus.

369 Ngayon habang ang pangkat ng mga manganganta ay umaawit nang malumanay, ako'y mananalangin para sa mga ito na naririto. Ako'y medyo napaka-kakaiba na uri ng isang Cristiano. Naniniwala ako na ang Diyos ang gagawa ng pagliligtas. Naniniwala ako na ang Diyos ang kailangang magtanim ng Salita. "Ako na Panginoon," sinasabi ng Biblia, sa Isaias, "Akong Panginoon ang siyang nagtanim Nito. Didiligin Ko Ito, araw at gabi, baka mayroong umagaw Nito mula sa Aking kamay." Bago ko hilingin ang sinuman na pumarito sa paligid ng altar kasama ng mga taong ito, gusto kong manalangin para sa kanila, ako mismo.

Iyukod natin ang ating mga ulo ngayon.

370 Minamahal naming Jesus, kauulit ko lamang ng Iyong Salita, na sinabi ng Iyong propeta, at alam ko pong ang mga salita ng mga propeta ay totoo. At sinabi Mo, "Ako na Panginoon ay itinanim Ito." Aba, tiyak nga, na inilagay Mo po Ito sa Aklat ng Buhay ng Kordero, bago pa ang pagkatatag ng sanlibutan. "Akong Panginoon ang siyang nagtanim Nito, at didiligin Ko Ito, araw at gabi, baka mayroong umagaw Nito mula sa Aking kamay." Ang mga ito, marahil, Panginoon, ay nakarinig ng napakaraming pagtawag sa altar. Ngunit patuloy Ka pa ring nagdidilig Dito, Panginoon.

371 Narito sila, ngayong gabi. Nawa sila ay kumawala lamang, ngayong gabi, Ama, mula sa lahat ng mga bagay ng sanlibutan, lahat ng mga kasalanan at mga kabagabagan na nasa kanilang puso, at sa maliwanag lamang na pag-iisip, mapitagan, sa kanilang puso, ay kumawala na patungo sa Iyong Salita, ngayon mismo, at sabihin, "Panginoong Jesus, sa kaibuturan ng aking puso, ay dati ko nang laging pinaniniwalaan na mayroong bagay na para sa akin, na hindi ko pa kailanman natanggap. Bagaman pinagsikapan ko, gaya ng ang naturang pagpapahayag ay nagawa na ngayong gabi, para sundan ang inahin, ngunit mayroong bagay na para bang kakaiba para sa akin. Sadyang hindi tama ang dating niyon. Pagkatapos,

ngayong gabi, nararamdaman kong ako'y lumalapit ngayon nang mas malapit sa mga bisig ng buhay na Salita. Ako'y lumalapit dito na lubos nang sadyang mapitagan, sa aking tamang pag-iisip. Ako'y naririto na sa may altar na ito. Gusto ko ng kaligtasan, Panginoon, kailangang-kailangan ko. Ako po'y nagugutom na nang husto! Nais ko po Kayo, Panginoon, na kargahin ako sa Iyong mga bisig, sa gabing ito. Hindi sa pamamagitan ng anumang emosyon, kundi sa pamamagitan ng Espiritu ng pag-ibig, dalhin Mo ako sa Iyong mga bisig, mahal na Diyos.

372 "Ako'y anak Mo. Nararamdaman ko na ako yaong agila na sinasabi nila. Saluhin Mo po ako, Panginoon. Ako'y tumatalon. Tumayo po ako sa aking kinauupuan, at lumuhod dito. Saluhin Mo po ako, Panginoon. Ako'y tumatalon. Dalhin Mo ako sa ibabaw ng Iyong mga pakpak, Panginoon, palayo sa mga bagay na ito ng sanlibutan. Paliparin Mo ako palayo sa karumihan ng sanlibutang ito, mula sa aking masamang pag-uugali, mula sa lahat kong tradisyong maka-denominasyon. Hayaang lumapit ako sa Iyo lamang, mahal na Diyos, upang ang Iyong Espiritu Santo ay ibuhos sa akin ang kapatawaran ng lahat ng aking mga pag-aalinlangan. Nawa ako, ngayong gabi, ay maging anak Mo, na bago na, ipinanganak na, at isa nang bagong nilalang, ngayong gabi. Saluhin Mo po ako. Dalhin Mo po ako palayo, nang lampas sa mga pagkurok-kurok ng inahing manok. Dalhin Mo ako palayo, patungo sa pugad ng Agila, kung saan doon ako ay mapapalaki ng Salita ng Diyos, hanggang sa makayanan ko nang lumipad."

373 Ipagkaloob ito, mahal na Diyos. Kunin Mo po sila. Sila'y sa Iyo. Ito ang dalangin ko na may katapatan, nananalangin para sa mga taong naghihingalo na. Ipagkaloob ito, Ama. Iniaalay ko ang panalangin na ito para sa kanila. Para sa kaluwalhatian ng Diyos, hinihiling ko ito.

Ngayon habang ang ating mga ulo ay nakayuko.

374 Nais kong malaman, sa palibot ng altar ngayon, kayo na nakaluhod dito. Marami sa inyo ay nagsabing mga Cristiano, ngunit naramdaman ninyo na laging mayroong isang bagay, sa kung saan man, na hindi ninyo taglay. Maaaring nagawa na ninyo ang lahat ng relihiyosong gawa. Maaaring sumigaw na kayo. Maaaring nagawa na ninyo ang lahat ng mga bagay. Maaaring sumayaw na sa Espiritu. Maaaring kayo ay nagsalita na sa iba't ibang wika. At walang sinumang makapagsasabi ng anumang bagay na mali laban diyan. Iyan ay totoo. Lahat ng iyan ay mabuti. Ngunit, nakita ninyo, iyan ay *mga kaloob* ng Espiritu, na wala ang Espiritu. Kung ang Espiritu ay naroon, ang pakiramdam na iyan ay hindi makakaramdam ng hinahatulan na tulad niyan.

375 Kayo ba ay talagang, totoong matapat, dito sa may altar, na pinaniniwalaan iyan ngayon mismo, habang kayo ay naririto, na diyan pa lang sa pagkilos ng pagkakahulagpos ng inyong sarili, hindi sa isang emosyon ha, kundi sa tunay, walang-halong pananampalataya, na kayo ay tatanggapin ng Diyos at pangangalagaan kayo sa Kanyang Salita hanggang sa kayo ay mga agila na, kayo mismo, at magagawa nang lumipad? Kung naniniwala kayo, at gusto ninyo na gawin iyan ng Diyos, itaas ang inyong kamay, kayo na narito sa palibot ng altar. Pagpalain kayo ng Diyos. Bawat isa ay itinaas na ang kanilang mga kamay.

376 Ngayon, manahimik nang totoo, aking hihilingin sa mga nakapag-alay na na mga lalaki at mga babae na totoong nakakakilala sa Diyos.

377 Karamihan sa kanila, ito'y napaka-kakaiba, para nga itong ganun, ang mga pagtawag sa altar na ginagawa ko ay halos mga lalaki lahat. Alam n'yo, kadalasan, ito'y mga kababaihan. Ngunit ito'y puro kalalakihan dito. Palagay ko ay mayroong isang babae sa may altar, ngayong gabi, maaaring dalawa. Kadalasan ito'y kababaihan. Ngunit, siguro o anuman, palagay ko ay para bang inaakala ng mga kababaihan na nagsasalita ako nang laban sa kanila. Hindi, kapatid na babae. Tatlo, palagay ko, ang sabi ng isa na nakikita daw nila. Hindi ko makita galing sa itaas ng altar dito. Buweno.

378 Magsilapit dito ang ilan sa inyo na nakapag-alay na na mga Cristiano at tumayong kasama ko sa pananalangin sa isang sandali lamang. Sa may altar, saan man kayo naroroon, sa may entablado, sinuman na totoong nakakakilala sa Diyos, na sadyang nalalaman kung paano ang tumayo rito ng ilang sandali lamang para sa pananalangin kasama nila, pagkatapos ay pauuwiin na natin ang mga tagapakinig. Lahat ay maging totoong mapitagan ngayon. Huwag kayong umalis. Lumapit lamang kayo rito at tumayong paikot.

379 Ang ilan sa inyo na mga taong totoong naniniwala na Ito ay Katotohanan, na tayo'y pumapasok na sa panibagong kapanahunan. Tayo'y pumapasok na sa Kapanahunang Pag-Agaw. Nalalaman ninyo na ang iglesya ay hindi makakasama sa kalagayan nito, at hindi na ito bubuti pa. Ito ay lalong sasama nang sasama. Ilan ang nakakaalam niyan? Sabihin, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ito'y talagang lalong sasama nang sasama. At hindi ito makapagpapatuloy nang ganito. Kita n'yo? Talagang ito na ang Bagay na 'yun, at Ito'y kumikilos na ngayon mismo, kaibigan. Ito'y—ito'y—ito'y kumikilos na, nagpapatuloy na ang naturang pagkilos para sa Nobya. Iyan ay Katotohanan. Iyan ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

380 Lumapit na kayo ngayon, mga nakapag-alay na na Cristiano na gustong ang inyong—inyong rekord ay masumpungan na

ganyan, itong mga lumapit na may katapatan, na gusto ninyong lumapit at mag-alay ng panalangin kasama nila, bilang inyong mga kapatid na lalaki at babae, halikayo sa palibot ng altar. Tumayo kayo sa palibot rito sandali, para sa pananalangin. May iba pa ba na gustong lumapit? Tumayo kayo sa palibot rito. Lumuhod lamang sa tabi nila. Lumakad lamang, kung saan kayong mga kalalakihan sa palibot ng mga kalalakihang iyon; kayong mga kababaihan. Magiliw, mapagpakumbabang humiling ng panalangin para sa kanila.

Minamahal na Diyos, tulungan . . . ? . . .

381 "Isinusuko ko ang lahat. Isinusuko ko ang aking denominasyon. Isinusuko ko ang aking unang kasal. Isinusuko ko ang aking unang asawa. Isinusuko ko ang lahat ng bagay, Panginoon."

. . . -der all.
All to Thee, my blessed Saviour,
I surrender all.

I surrender all,
I surren- . . .

382 Isinusuko mo ba ang iyong sariling kaisipan? Magagawa mo bang isuko ang sarili mong mga kaisipan, sa Salita ng Diyos?

All to Thee, my blessed Saviour,
I surrender all.

I surrender all,
I surrender all.
All to Thee, my blessed Saviour,
I surrender all.

383 Lahat ng sumasampalataya ngayon, sa mga tagapakinig, magsitayo kayo. Awitin natin ito, nang sabay-sabay, ngayon.

I surren- . . .

Isinusuko n'yo na bang lahat, na handa nang awitin ito ngayon?

I . . .

To Thee, my blessed Saviour,

I surren- . . .

384 Ngayon, kayong nasa palibot ng altar, kung totoong isinusuko na ninyo, itaas ninyo ang inyong kamay sa Kanya, awitin, "Isinusuko ko lahat. Isinusuko ko ang denominasyon. Isinusuko ko ang denominasyon. Isinusuko ko ang iglesya. Isinusuko ko ang aking sarili. Isinusuko ko ang aking kaisipan. Ang lahat sa Iyo, aking mapagpalang Tagapagligtas, isinusuko ko ang lahat. Sa Iyo, aking . . . "

I surrender all,
I surrender all.
All to Thee, my blessed Saviour,
I surrender all.

Iyan ba ay totoo sa inyo?

I surrender all,
[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

385 Kayong narito sa altar ngayon. Kayong narito sa palibot ng altar, na naipanalangin. Ang iglesya ay nanalangin na para sa inyo. Nanalangin na rin kayo, mismo. Ngayon may iisang paraan lamang upang kayo ay maligtas, iyan ay, "Sa pamamagitan ng pananampalataya kayo ay naligtas, at iyan ay dahil sa biyaya." Ang biyaya ng Diyos ay nangusap sa inyo, dinala kayo sa altar. Hinahanap ninyo ang mga pagpapala ng Diyos. Hinahanap ninyo ang Kanyang Salita. Hinahanap ninyo ang Banal na Espiritu. Hinahanap ninyo ang mga lingap ng Diyos. At kung ganoon nga kayo, at magagawa ninyo, talaga, nang buong puso ninyo, isuko iyon. Ngayon, huwag kayong maghanap ng anumang emosyon. Hanapin ang Katotohanan, isang Katotohanan na mula sa inyong puso, sa pamamagitan ng pananampalataya. "Panginoon, handa po akong gawin ang anumang bagay na ipinag-uutos ng Iyong Salita sa akin na gawin. Isinusuko ko ang aking sarili, sampu ng lahat ng nasa akin."

386 Kung sinasampalatayanan ninyo iyan nang buong puso ninyo, gusto kong kayo ay magsitayo, humarap kayo sa iglesyang ito, sa mga tagapakinig, at itaas ang inyong mga kamay, at aawitin nating sabay-sabay na kasama sila, "Isinusuko ko ang lahat ng bagay na nasa sa akin, Diyos. Sa abot ng aking kaalaman, ang lahat-lahat na kung ano ako, ay isinusuko ko."

387 Umakyat kayo dito sa entablado na ito, kayo na nasa may altar. Umakyat kayo mismo rito sa may entablado, mga kapatid, dito mismo sa itaas, lahat kayo, at mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae.

Tumingin kayo dito, iglesya.

388 [Sinasabi ng isang kapatid na babae, "Kapatid na Branham, kabilang ako sa isang iglesya, ngunit kamakailan ako'y hindi—hindi na kabilang pa doon."—Pat.] Isinuko na? ["Alam ng Panginoon kung saan ko gustong pangunahan Niya. Gusto ko. . .?. . .sa iglesya. At gusto ko ang Espiritu Santo, ang mapuspos ng Espiritu. At ako'y handang mamatay, kung iyan ang kinakailangan."] Oo. Iyan ay tama. Isinusuko mo ba ang lahat-lahat sa Kanya at sa Kanyang Salita?

389 Isang kapatid na babae rito, mula sa isang denominasyon. Sinabi niya, "Kabilang ako sa isang denominasyon." Hindi na natin kailangang banggitin iyon. Siya'y isang manggagawa doon. Ngunit sinabi niya, "Kapatid na Branham, gusto kong

lumabas tungo sa Katotohanan. Gusto ko ng isang bagay na mas malalim pa doon." Kita n'yo?

390 Hayaang ulitin ko ang Kanyang Salita. "Mapalad silang mga nangauuhaw at nangagugutom sa katuwiran, sapagkat sila ay bubusugin."

391 Ngayon, kayong mga narito sa entablado, na kalalapit pa lamang, kung kayo ay handa nang isuko ang lahat ng bagay sa inyo, ang lahat-lahat, upang sundin ang Salita ng Diyos. Walang sinumang nagsabi sa inyo, sa sanlinggong ito, kung ano ang dapat na gawin. Ngayon, kung kayo ay handa nang sumuko sa Kanya ngayon mismo, itaas lamang ang inyong mga kamay, tulad *nito*, sa mga tagapakinig. Ngayon, kayo na narito sa entablado, awitin natin ito nang sabay-sabay ngayon, *I Surrender All*. Lahat, sama-sama. Sige.

I surrender all,

Ngayon totoo ba sa inyo iyan! . . . ? . . .

392 Totoo ba sa inyo iyan? Sabihin, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Sabihin, "Amen," minsan pa. ["Amen."] Sabihin, "Panginoon," ["Panginoon,"] "suriin Mo po ako." ["suriin Mo po ako."] "Subukin Mo ako." ["Subukin Mo ako."] "At bigyan Mo po ako ng pagkakataon." ["At bigyan Mo po ako ng pagkakataon."] "Ito lang ang tangi kong magagawa, ngayong gabi," ["Ito lang ang tangi kong magagawa, ngayong gabi,"] "ay ang ibigay ang aking sarili sa Iyo." ["ay ang ibigay ang aking sarili sa Iyo."] "Alam Mo po ang pagkagutom ng aking puso." ["Alam Mo po ang pagkagutom ng aking puso."] "Alam Mo po ang hangarin ko." ["Alam Mo po ang hangarin ko."] "Ang Iyong pangako ay ang puspusin ang hangarin na iyan." ["Ang Iyong pangako ay ang puspusin ang hangarin na iyan."] "Ngayon ito'y tinatanggap ko." ["Ngayon ito'y tinatanggap ko."] "At sumusuko po ako sa Iyo." ["At sumusuko po ako sa Iyo."] Lahat sama-sama.

I surrender all,
I surrender all.
All to Thee, my blessed Saviour,
I surrender all.

*Ang Hindi Nakikitang Pakikipag-Isa Ng Nobya Ni Cristo* TAG65-1125
(The Invisible Union Of The Bride Of Christ)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Thanksgiving Day, Huwebes ng gabi, Nobyembre 25, 1965, sa Life Tabernacle sa Shreveport, Louisiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org